


PAGPANIG KAY JESUS

 May isang lugar dito sa Louisville, kung saan puwede raw kayong—kayong kumain, at ang pangalan nun, tingnan natin dito, Dogpatch Restaurant. May nakuha ako ritong pabaticid, ngayong araw. Kapag kumain kayo roon, 'yung ibabayad n'yo pong pera sa kanila, ibinibigay nila sa iglesya ang ikasampung bahagi nun. Nariyan lang po ito sa 319 West Jefferson Street. Sa palagay ko 'yan ang dahilan kung bakit ipinatong ito ni Billy rito, nang sa ganun ay mapansin. Napaka ganda nga nito.

² Ngayon, mga kapatid, hindi ko po kabisado kung ano ang pamamaraan n'yo sa—sa pagpapalakad ng pagpupulong na ito ng mga kalalakihan, kung ano nga bang ginagawa n'yo rito, o kung papaano n'yo isinasagawa ang mga pagpupulong n'yo. At kaya kung mawala ako sa programa ng gawain, aba, mawala sa regular na programang nakasanayan, aba, tawagin n'yo lang po ang pansin ko sa bagay na 'yan.

³ Itinakda nga ngayong gabi, naisip ko, habang kasalo ko sa—sa pananghalian kani-kanina ang ating pinakamamahal na pastor, si Kapatid na Neville, at may sinasabi ako sa kanya na narito sa puso ko. Hayan nga't naisip ko, kung magtitipon tayo ng isang pangkat ng mga kalalakihan, at ng mga ministro, sila nga'y mga kasamahan natin sa Ebanghelyo, mga kalalakihan, hayan nga't makapag-uusap tayo sa isa't isa sa paraang di gaya nung pangungusap natin sa harap ng publiko. Sapagkat tayong lahat nga rito'y... Mga kalalakihan tayo na may kaunawaang gaya ng mga lalaki, mga lalaking Cristiano. At nang sa gayon, kadalasan kasi, sa isang kongregasyon, isang grupo, mayroon kang ipangungusap, at—at may magkikiling nun nang kaunti sa gawi *rito*, at may magkikiling namang isa pa sa gawi *roon*, at—at pagkatapos nun ay magkakalat-kalat na. Hayan nga't sinisikap natin, ngayong gabi, na sabihin ko sa inyo kung ano itong narito sa puso ko, patungkol sa iglesya, at sa—at sa kalalagyan nito, at posisyon nito. Hayan nga't kung matapos natin ito nang tama sa oras, nais kong mangusap sa inyo nang kahit kaunti lang sa Salita, kung ayos lang. Gusto ko po sana kasing maisaayos 'yun, para makadako na tayo sa mahalagang bagay, o sa bahaging nais kong isaad sa inyo, hayan nga. At sa palagay ko siguro'y maglaan kayo, ng regular na oras, mga bandang alas nuwebe y media o parang ganoon, bawat gabi po 'yan. Buweno, sisikapin kong hindi kayo panatilihin ngayon nang matagal. Sabado bukas, at araw ng pamamalengke, hayan nga't kailangan naman din nating mamili ng mga kailangan sa bahay at kung anu-ano pa.

⁴ Nais ko ngang sabihin kay Kapatid na Neville, sa harap ng marami. Ngayon nais kong—kong sabihin, sa bawat isa sa inyo,

na animo'y sarilinan ang pakikipag-usap ko sa inyo, sa bawat isa sa inyo. Dahil, kayo'y grupo na—na... hayan nga't iniisip ko, at naniniwala at itinuturo, na, kalalakihan po, kalalakihan ang itinalaga ng Diyos na maging tagapanguna sa Kanyang Iglesya, sa Kanyang mga hinirang. Kita n'yo? Hayan nga't... Gaya ng ipinangangaral ko dun sa lugar nina Kapatid na Junie Jackson, kagabi, tungkol sa pagpapatibay ng Diyos sa Kanyang—Kanyang mga hinirang sa pamamagitan ng Kanyang Salita. At isang babae nga ang sumira sa panukalang 'yan at naglagay ng puwang sa pangangatwiran, at nung mangyari ang bagay na 'yan, inilagay na ng Diyos magpakailan para sa Kanyang, para sa kalalakihan na panatiliing matibay ang Kanyang Iglesya sa pamamagitan ng Salita.

⁵ Ngayon, nais kong—kong palakasin si Kapatid na Neville sa kahit kaunting, pakikipag-usap sa kanya nang sarilinan. Napansin ko kagabi, biglang dumating sa akin ang espirituwal na pagkilala, nang dalawa o tatlong beses, habang nasa pulpito ako. At tumalikod ako, 'pagkat sinusubukan kong lumayo roon sa abot ng makakaya ko, hanggang sa malaman ko kung anong ibig sabihin nung panaginip sa akin dito hindi pa katagalan, mga ilang linggo na ang nakalilipas. Napako ito sa akin nang matagal na panahon. Nabanggit ko na ito noon sa iglesya, itong tungkol sa isang bagay patungkol sa Mensahe at—at sa espirituwal na pagkilala, at iba pa. Sadyang hindi ito, sadyang hindi nagtutugma-tugma. Sa pananaw ko, tapos na 'yun, at—at maaaring mali ako patungkol sa bagay na 'yan. Hayan nga't napansin ko na—na para bang alalang-alala at naliligalig si Kapatid na Neville.

⁶ At sa kabila n'yan nais ko lang malaman mo, Kapatid na Neville, na aasahan mo talaga ang ganyang mga bagay-bagay sa pagbubuklod natin dito. Napapansin n'yo ba kung ano ang sinusubukang gawin ni Satanas nitong huling mga araw sa mga ministrong kasama natin sa pagbubuklod natin dito? Sige po huminto lang kayo ng ilang minuto, at isipin 'yun. Naritong nakaupo si Kapatid na Crase, nakaupo siya rito, ngayong gabi, muntik na siyang mamatay dun sa daan. Kita n'yo? At muntik nang sumabog ang ulo ko dahil sa iskopeta, o dahil dun sa mahabang barrel. Kita n'yo? Sinusubukan nga tayong ligligin ni Satanas. At hayan nga't bumangga ka nga roon, at muntik mo nang mapatay ang sarili mo at ilang kababaihan. Kita n'yo? Sadyang mga ministro lamang, napansin n'yo marahil na—na grupo lamang ng mga nagmiministeryo ang pinupunterya. Kita n'yo? Si Satanas nga 'yun, at sinusubukan niya tayong tapusin.

⁷ Ngayon, batid nga nating hindi tayo nagkatipun-tipon dito upang pag-usapan ang kung anong puwedeng pagkaabalang ibang bagay. Naparito tayo upang magkatipon, upang pag-usapan ang tungkol sa... tungkol kay Cristo, at ang mga bagay

na nararapat panghawakan, at kung anong dapat gawin para sa kasalukuyang panahong ito.

At kaya nais kong—kong palakasin ka, Kapatid na Neville. Magpakatatag ka. Anuman ang dumating, anuman ang umalis, anuman ang mangyari, hayan nga't huwag mong hahayaan ang anuman na pumigil sa iyo. Tumayo ka lamang diyan na parang isang bato ng mga kapanahunan, at ang Diyos ang kikilos para maging maayos ang kalalabasan ng lahat ng bagay. Kanyang Pinatunayan na ito sa iyo. Hayan nga't, maaaring maligalig ka dahil dun, maaaring napatay mo 'yung ale, at dadalhin mo na 'yun sa iyong isipan, sa nalalabi mong mga araw, at maraming mga bagay ang maaaring mangyari. Subalit nasa Luklukan pa rin ang Diyos. Kanyang, Kanyang pinahihintulutan malutas nang maayos ang mga bagay na gaya nun. Kung tutuusin nga'y kami ay maaaring kinuha, rin. At, hayan nga't, nakikipagbuno si Satanas sa Iglesya.

⁸ Ngayon, noong inilagak ko ang panulukang bato roon nang umagang 'yun, hindi ko nadama na magiging isa akong pastor kahit kailan. Hindi ko 'yun pagkatawag, kahit nung simula pa. Hayan nga't ang unang pagkatawag sa akin ay ang pumaroon sa labas at mag-ebanghelyo. Matagal na matagal na panahon na nga rin 'yun. At nagsimula ako, sa dakong ito sa isang tolda, doon lang sa pagtawid ng kalsada.

At naaalala ko noong si Kapatid na Roy Davis, sa dako roon, noong masunog ang kanyang simbahan. Ang mga tao nila roon ay para bang nagkalat na tupa na walang pastol, walang mapuntahang lugar.

At si G. Hibstenberg ang Hepe ng Pulisya noon, at tinawag niya ako roon. Sabi niya sa akin, "Narito kami para tumulong sa inyo." Sabi, "Ako'y Katoliko, hayan nga, pero," sabi, "ang mga tao roon," sabi, "wala siguro silang maisusuot." Panahon 'yun na bumagsak noon ang ekonomiya. Sabi, "Kung sa ibang simbahan sila pupunta ay baka makaramdam sila na di sila kabilang dun, hayan nga't mabubuti silang mga tao. Kilala ko ang marami sa kanila." Sabi niya, "Billy, kung gusto mong magsimula ng isang iglesya," sabi niya, "Nais kong malaman mo na nasa likod mo kami para gawin namin ang anuman para matulungan ka." At pinasalamat ko siya sa bagay na 'yun.

⁹ Nagtakda kami ng araw para makalikom ng pondo. Bago 'yun, nanalangin kami at humiling sa Panginoon. At may mga tao na lumapit sa akin at nais na ipatayo ang simbahan, para may mapuntahang lugar ang mga tao. At napagpasyahan nga namin na dito sa lugar na ito magtayo, at nasa ganitong oras din 'yun, dito sa banda rito, sa may talahiban sa kahabaan dito, at may tubig sa kanal, at para bang tambakan ng dumi 'yung lugar na 'yun, nagmistula nga. Buweno, nangusap sa akin nang diretsahan ang Panginoon at ang sabi, "Itayo mo 'yun dito

mismo.” Ni sentimo nga’y wala kaming pera, at ang nalikom lang namin sa amin-amin ay nasa—nasa walumpung sentimo o isang dolyar lang. At ’yun ay, siyempre, matatawa kayo ngayon sa halaga na ’yun, pero, kapatid, malaki-laki nang pera ’yun noon.

¹⁰ Kapag nagluluto nga ang ilang kapitbahay ng sanpalayok na munggo, niyayaya nila ang kapitbahay na di pa nakakakain nang dalawa o tatlong araw, na makisalo at sumubo nang kahit kaunti nun, talagang panahon ’yun ng kahirapan. Di na ’yun naabutan ng maraming kabataan, ngunit napakahirap talaga noon. Nasaksihan ko ang panahong paiikutin n’yo sa iglesya ang lalagyan ng kaloob, nang dalawang ulit, o tatlo pa nga, at ang makukuha n’yo lang ay tatlumpung sentimo gayong puno naman ang lugar, at minsan nga’y magsusumamo ka pa nga. Nasa . . . Baka nasa tatlumpung sentimo lang ang malilikom, at marami na ’yun sa lagay na ’yun. Kita n’yo? Talagang taghirap.

¹¹ At wala nga kaming kagamitan nun sa pagpapatayo, pero ang—ang pagnanais ng mga tao ay maitayo na ang simbahan, upang may madaluhan kami. Dahil, nung panahong ’yun . . . Ang Mensahe, buweno, tama ngang isipin n’yo na hindi na Ito pinapansin ngayon. Kung naabutan n’yo sana Ito noon, nung wala pa noon ito, itong pagbabautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo, at itong—itong mga pagpapala at mga bagay na ating sinasampalatayanan at pinaninindigan.

¹² Kaya sa puso ko ay nangako ako sa Diyos, na sa dakong ’yun kami lalagi at itatayo ang tabernakulo. Nung umaga nung ilagak namin ang panulukang bato, Kanya akong kinatagpo sa dakong ’yun sa isang pangitain, mga alas otso noon ng umaga, naroon ako, nakatanaw sa malayo, papasikat na ang araw, mga ganitong araw din ’yun. At nangusap Siya sa akin, pagkatapos Niya akong katagpuin sa may ilog, noon ngang Iyon, noong magpakita ang Anghel ng Panginon sa isang Liwanag. Nakita ko Iyon sa kalayuan. Parang tala Iyon. At bumaba Iyon mismo sa kinaroroonan ko, at nangusap sa akin ng mahahalagang mga Salita. At kaya, noon din, ay nilayon ko nang kumuha ng isang lugar para makapanambahan doon ang mga tao.

¹³ Ngayon, naisip ko, sa sarili ko, “Hindi ito para sa akin. Hindi naman ito sa akin.” Ngunit sa kabila nun anumang ukol sa Diyos ay bahagi ko rin naman, kahit ano pa ito . . . Anumang—anumang para sa mga anak ng Diyos, ay para na ring ukol sa akin, maging tungkulin man ito na dapat kong gampanan ang *ganito*, o gawin ang *ganoon*. Tungkulin ko ngang pangasiwaan ang pamana ng Diyos, maski saan man ito naroon. Kita n’yo?

¹⁴ Kagaya lang ito ng sasabihin n’yo, “Buweno, ang aking . . .” Kagaya nga ito nung batang paslit pa kayo, sasabihin n’yo, “Basta ang aking—aking gawain ay magsibak lang ng kahoy, hindi ang pagpasok nun sa loob. Dapat si John ang magpasok. Di ko na sagutin kung mabasa man ’yun ng niyebe, maulanang.

Dapat siya ang lumabas para asikasuhin 'yun." Hindi ganun. Tungkulin n'yo bilang isang—bilang isang anak ng tahananang 'yun na siguruhing di mababasa ang kahoy na 'yun, para sa nanay n'yo. Kita n'yo? Dapat n'yo nga 'yung ipasok.

¹⁵ Sabihin man nilang, "Buweno, si Frank dapat ang pumunta dun at mag-igib ng tubig. Hindi ko naman gawain 'yun." Pero paano kung hindi mag-igib ng tubig si Frank, tungkulin n'yong asikasuhin 'yung tubig. Ganoon 'yun. Ngayon, ganoon talaga ang takbo ng mga bagay-bagay.

At ganoon din ang takbo ng mga bagay-bagay sa pamilya ng Diyos, hayan nga. Kung may ilan—may ilan sa kanila na magsasabing . . .

¹⁶ Noong isang araw nga, hindi pa katagalan, may nagsabi, "Itigil mo na 'yang ganyang istilo ng pangangaral mo. Naku, po, masisira ka lang sa bawat kaibigang meron ka, at sa kung kani-kanino pa." Sabi, "Hayaan mo na lang. Alam kong mali naman talaga 'yun, pero, naku, hindi na natin tungkulin 'yan."

Buweno, kaninong tungkulin 'yan kung ganoon? Kung mali ang isang bagay, may dapat kumilos, kaya gawin natin ang dapat gawin. At ganoon ang nadarama ko patungkol sa Iglesya.

¹⁷ Ito ngang itinakdang pagpapatayo at iba pang mga bagay kapag napag-uusapan, taas-baba, taas-baba, hayan nga't may mga pumapayag at may mga sumasalungat, sa pagpapatayo, at sa kung anu-ano pa. May isa riyang gustong ganito, at hindi naman gusto nung isa, tapos *ganito*, *ganoon*. Ganyan, ganyan nga ang mapapansin n'yo.

¹⁸ Makikita n'yong ganoon din 'yan sa gitna ng mga ministro, sa gitna ng mga negosyante, sa gitna ng mga samahan, kahit saan pa kayo magtungo. Kung saan may grupo kayo ng mga kalalalahan, talagang aasahan n'yo—aasahan n'yo na may iba't ibang mga kaisipan dun. At kaya, dahil diyan, kailangang may isang tao kayo na mapaglalagakan ng inyong pagtitiwala, at hihirangin n'yo ang taong 'yun. Tapos makikipagtulungan ang lahat na kumilos nang isa.

Gaya na lang sa isang hukbo, kailangan may isa kayong heneral, at 'yun ang punong himpilan. Sasabihin ng kapitan ang *ganito*, hayan nga't kapitan siya ng isang pangkat, subalit sa kabila nun maaaring palitan nung heneral ang mga ipinag-uutos ng naturang kapitan.

At ang Punong Komandante Heneral, siyempre, ay si Jesus Cristo, sa Iglesya. At ang Kanyang mga ministro ang Kanyang mga kapitan ng mga pangkat, na—na kumakatawan sa Kanya dito sa lupa.

¹⁹ At marami nga silang sinubukang mga bagay, sa munting tabernakulo rito. At di naglaon . . . hayan nga't nanatili lang po akong tahimik, tinitingnan-tingnan lang ang mangyayari, nung

maitayo ko na ito. At pagkatapos ay tinawag ako ng Panginoon para sa pagmi-misyon, mga labinlima, labing-anim na taon na ang nakalilipas, at iniwan ko noon ang iglesya.

Ngunit, gayunman, sadyang hindi ko ito maiwan-iwan. Noon pa ma'y di ko pinatatanggal ang pagiging bahagi ko rito, upang makaboto ako sa panahong may di kagandahang bagay na mangyari. Hayan nga't karapatan kong pumarito at—at pigilan 'yun, sapagkat nagpagal ako rito nang maraming taon sa likod ng pulpitong ito, labimpitong taon sa dakong ito, upang panatilihing maayos ang mga bagay-bagay. Hayan nga't naglipana na ang lahat ng klaseng ismo at mga kung anu-anong pumapasok at lumalabas, at kung anu-anong sekta. At dahil sa interdenominasyon tayo, lahat ay puwedeng pumasok, makakapasok sa gawi *rito*, at sa tulong ng Diyos ay nakatayo pa rin tayo ritong taglay-taglay ang di nahaluang Ebanghelyo, at nananatili pa rin itong nakatayo na tulad noon sa gabi pong ito. Hayan nga't kaya tayo. . . Hayan nga't may mga panahon na sinusubukang ibenta ang simbahang ito na lingid sa akin, at mga bagay-bagay na gaya nun. Kung hindi nakalagay ang pangalan ko rito sa bandang ibaba nun, aba, sigurado 'yan, na nasa kalunos-lunos na kalagayan na sana ang iglesya ngayong gabi. Hindi. . . At hindi ako ito, ang Diyos ito, siyempre po, na kumikilos dito.

²⁰ At kaya naman, gaya ng nakikita ko rito ngayon, matapos na masaksihan kung ano na ang naabot ng dakong ito ngayon, at mapagtantong nabubuhay tayo sa isang dakilang panahon, karapatan ko pa rin na magsabi ng bagay-bagay tungkol sa iglesyang ito, kita n'yo, dahil ito'y—ito'y bahagi ko. Narito man ako o wala, ito'y bahagi ko pa rin. At katungkulan ko pong siguraduhing napapalakad ito nang malinis, walang sagabal, hayan nga't sa abot ng makakaya ko para sa Kaharian ng Diyos.

²¹ At lubos nga akong nalulugod, na, sa ngayon pala, hayan nga't may maliliit na tayong mga satelayt, na ikinalulugod ko. Nandiyan si Kapatid na Crase, kasama ang grupo niya na mula pa sa Sellersburg; at nariyan din ang isang kapatid na lalaki, na humalili kay Kapatid na Snelling sa Utica; at si Kapatid na Ruddell ay nariyan din; at Kapatid na Junior Jackson; at ang mga pinakamamahaling nating kalalakihan diyan, na mabubuting kalalakihan, kahanga-hangang kalalakihan ng Diyos. Kanila nga pong ipinangangaral ang Mensaheng ito. Ngayon, sila man, ay maaaring di magkasundo-sundo nang kaunti sa kung anong bagay, 'yan nga'y dahil sa lumalabas pa rin ang pagiging tao sa gitna ng grupo ng mga ministro. Pero kahit mayroong kaunting pagkakaiba-iba ang mga ministro, hindi naman—hindi naman dapat lumagi sa pagkakaiba na 'yan.

Marahil sasabihin ng isa, “Naniniwala akong darating ang Milenyum, at si Jesus ay sasakay sa isang puting kabayo.” At sasabihin naman ng isa, “naniniwala ako, na sa pagparito

Niya, paririto Siyang sakay sa puting ulap.” Buweno, basta’t nananampalataya silang Siya’y darating, ’yun ang mahalaga, kita n’yo, anupaman ang paraan Niya ng pagparito. Basta’t, sumasampalataya silang Siya’y paririto, at sila’y naghahanda para dun. At kapag ganyan. . .

²² Hayan nga’t sinikap kong tuklasin ngayon. At nagsaliksik ako. Nabanggit ko na ito sa kongregasyon dati. Pinag-aaralan ko po ang sinaunang Iglesya. At natunton ko ang paraan kung paanong inihahanda ng mga pinahirang lalaki ang Bahay ng Panginoon, at pati ang kaayusan ng pagsamba sa Panginoon sa naturang Bahay, at tumimo ito sa akin nang talagang, talagang maigi. At ipinangaral ko rito noon minsan, dito nga sa mensahe ng Joel 2, “Aking isasauli, sabi ng Panginoon, ang lahat ng mga taon na kinain ng tipaklong, at ng kuliglig, at ng uod, at ng iba pa.” At sinimulan kong pag-aralan ’yun, itong tungkol sa kung anong ginawa ng mga kalalakihan dun, itong paraan ng pangangalaga nila sa Iglesya na iniwan ng Diyos sa kanila para pangasiwaan.

²³ Ngayon sisimulan nga natin ang pagtalakay sa sinaunang Iglesya, at tutugaygayin Ito nang mga limang minuto ngayon, magmula nga roon sa kung anong ginawa nila, at pagkatapos ay ilalahad ko sa inyo ang nakita kong pangitain para sa hinaharap. Ngayon, sa pasimula, hayan nga’t nagsimula ang Iglesya sa Pentecostes. At doo’y bumaba ang Espiritu Santo sa kanila, na mga pinili ni Jesus na labindalawa. Mangyaring ang isa sa kanila’y nahulog muna, at pinili nila si Matias upang humalili sa lugar niya. At ang Espiritu Santo ay naghihintay lamang hanggang sa maisaayos ang lahat, bago Ito tuluyang dumating. Hayan nga’t napilitan silang pumili ng isa para humalili sa nabakanteng puwesto ni—ni Judas, na nahulog sa pagsalangsang, upang matupad ang Kasulatan.

²⁴ At naniniwala akong ang lahat ng mga bagay na ito ay may panahon ng pagsapit, paghihintay, hayan nga’t kailangang hintayin ang panahon na ’yan para matupad ang Kasulatan, hanggang maitama ang lahat, maisaayos ang lahat, mahintay. Maraming beses tayong nagiging mapag- . . . mainipin, na gaya ng isang bata. Labis tayong . . . labis tayong nagmamadali, at madalas ay napapangunahan tuloy natin, at iyan—iyan nga ang humahadlang sa magaganap, hanggang sa maapektuhan ang dapat maganap. Kita n’yo? Ang dapat nga sana nating gawin ay kumilos nang may kapitagan, magkaroon ng layon sa ating puso na ang Diyos, kung nanaisin Niya tayong magamit sa *ganito-at-ganoon*, hayan nga’t dapat tayong maghintay na Siya ang unang gumawa ng hakbang, ’pagkat kailangang Siya ang manguna sa atin.

²⁵ Naaalala pa ba n’yo si David nung patungo siya noon sa pakikipaglaban isang gabi? Siya’y lubhang nag-alala dahil sa pakikipaglaban na ’yun, at nahiga siya sa ilalim nung mga

puno ng morales na naroon hanggang sa maulinigan niya ang Panginoon sa hugong ng mga dahon, na pinangungunahan siya. Pagkatapos ay humayo na siya na may katapangan, sapagkat batid na niyang pinangungunahan Siya ng Diyos sa kanyang harapan.

At kung magagawa lang natin 'yan, mga kapatid. Hayan nga't darating at darating ang pakikibaka, dapat nga tayong maghintay hanggang sa makita natin ang kamay ng Diyos sa ating harapan, na gumagawa ng daan.

²⁶ Ngayon, napansin ko kung papaanong ang mga iglesya, ang pagi-ebanghelyo ay lumaganap sa lahat ng dako. Hayan nga't kunin nating, halimbawa, si Pablo na naging isang dakilang misyunero sa ating bayan. Nalaman nga natin na humayo siya, saanman siya pangunahan ng Panginoon, at nagtatag siya dun ng iglesya. At isa nga 'yung bagong Pananampalataya. Ang mga iglesyang 'yun ng panahong 'yun, gaya ng sa Asya Menor, sa buong Europa, di pa nila—di pa nila sinasampalatayanan ang Mensaheng 'yun. At noong panahon na para ipangaral niya ang Mensahe, hayan nga't marami ang naakay Rito, pero wala namang . . . Kung iiwan lang niya ang mga tao roon sa ganoong kalagayan, magsisipagbalikan sila sa kanilang mga paganong diyus-diyosan, at sa Judaismo, at sa kung anu-ano pa, dahil nga wala namang maiiwan para magturo sa kanila. Ang—ang mga naakay, wala silang masisimbahan, kaya nagtatag si Pablo ng mga iglesya sa iba't ibang bahagi ng bansa.

²⁷ At sa bawat isa sa mga iglesyang ito, ay nag-iwan siya ng isang tagapangasiwa, isang lalaking mapagkakatiwalaan, isang lalaking kikilalanin bilang isang pastor, pastol. At, pagkatapos ngang, maisaayos ang isang iglesyang ito ay may . . . Ibunga namang maliliit na iglesya. Uusbong ang mga kabataang lalaki at mga matatandang lalaki, at may mga iglesyang magsisilbing bunga mula dun. Yung lalaking nangangasiwa sa unang iglesya ay ituturing na obispo. At ang mga umusbong galing sa kanya, ang kanyang mga bunga, ay ituturing namang mga pastol, o mga pastor. At pagkatapos ang grupong ito ng mga maliliit na iglesya ay sasangguning lahat sa obispong ito.

²⁸ Gaya nung sa panahon ni Ireneo, ipinagpatuloy niya ang gayong bagay. Si Martin ipinagpatuloy niya ang gayong bagay. Si Polycarp ipinagpatuloy niya ang gayong bagay. Hanggang lumipas nang lumipas ang kapanahunan, dala-dala nila 'yun. Hayan nga't ang apostol ng Iglesya, ang apostol, na si Pablo. At noong mawala na si Pablo, si Juan na ang namahala sa Iglesya. At noong mawala na si Juan, si Polycarp ang namahala Rito. At noong mawala na si Polycarp, si Ireneo ang namahala Rito. At nagtuluy-tuloy 'yun, kay Martin, at sa iba pa.

Nagpatuloy 'yun hanggang sa wasakin ng Romano Katoliko ang kabuonan nun hanggang magpira-piraso, at pinagsusunog

sila, at ikinalat sila. At kinain ng tipaklong ang bahaging *ito*, at kinain ng uod ang bahaging *iyon*. At kinain naman nung isa pa ang bahaging *iyon*, at kinain ang bahaging *iyon*, hanggang sa tangkay na lang ang itinira nila Rito.

Ngayon, gayumpaman, ipinangako ng Diyos na ipapanauli muli ang bagay na *iyon*.

²⁹ Ako'y—ako'y naniniwala, nang buong puso ko, na tayo'y nabubuhay na sa huling mga araw. Naniniwala akong wala na—wala nang kahit anong makasisira pa rito, na kahit anong bagay. . . . At maaaring magkamali ang pagkaunawa ko, sa mga Kasulatan, na maaaring hindi pumarito agad si Jesus sa gabing ito. Naniniwala akong ang mga kakaunting bagay na natitira para maisakatuparan, ay maaring matupad bago magbukang-liwayway sa kinaumagahan, at 'yan ang silip ko. At maaaring magkamali ako sa oras na matutupad ito, subalit nalalapit na talaga ito. Hayan nga't . . . naniniwala akong ganoon nga.

At, alalahanin n'yo, si Pablo naniniwalang ganoon nga. Si Juan naniniwalang ganoon nga. Si Polycarp naniniwalang ganoon nga. Si Ireneo naniniwalang ganoon nga. Si Martin naniniwalang ganoon nga. Ang lahat ng iba pa sa kanila naniniwala roon.

³⁰ Paano kung sabi ng Diyos kay Juan, na tagapagpahayag, “Ngayon, lilipas muna ang dalawang libong taon bago ang Aking Pagparito?” Marahil sa pagbalik ni Juan ay sabihin niya sa Iglesya, “Buweno, sa palagay ko mas mabuti siguro munang kumain tayo, uminom, at magpakasaya, 'pagkat napakarami pa namang henerasyon ang dadaan.” Kita n'yo? “Hindi pa naman darating si Jesus sa loob ng dalawang libong taon.” Kita n'yo? Kaya, kita n'yo tuloy, magpapahapay-hapay ang Iglesya. Wala sanang “tiyak na paghahanda.” Wala sanang paghihintay.

At kung tutuusin, nasa pag-asa n'yo rin naman 'yan, na makatulog man kayo sa paghihintay, magigising kayo na ganun pa rin ang pag-asang taglay. Sapagkat, hindi 'yun magiging hadlang. Kayo'y siguradong nandun sa panahong 'yan, hayan nga. Kita n'yo? Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

³¹ Ngayon, sa panahong—sa panahong gigising si San Martin sa pagkabuhay na mag-uli, si San Pablo, at lahat ng iba pa, magiging sinsigla pa rin sila na gaya ng naroon sila sa mismong pakikibaka, nakikipaglaban na agad, 'pagkat nakatulog sila sa ilalim ng siya ring pag-asa, na naghihintay sa Pagparito Niya. At may darating ngang isang Sigaw, at papaitaas na ang buong Iglesya. Nakita n'yo? Ganoon nga ang mangyayari. Kaya, hindi 'yun magiging hadlang. Kita n'yo?

³² Dapat ngang naghihintay tayo sa Kanya ngayon pa lang. Kahit na . . . Hindi natin alam. Marahil—marahil sandaang taon pa mula ngayon. Marahil limang daang taon, sanlibong taon, sampung libong taon. Hindi ko alam. Walang nakakaalam.

Ngunit, heto, sabihin na lang natin, na mamumuhay tayo araw-araw, na waring darating na Siya sa araw na 'yun. Kita n'yo? Kung mamumuhay tayo na para bang darating Siya ngayong araw na ito, sa pagbangon natin, kung makatulog man tayo, hayan nga't magigising tayo sa pagkabuhay na mag-uli, na singsigla na para bang bago tayo nakatulog, sa paggising natin. "Tutunog ang pakakak, ang mga nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na mag-uli; tayong nangabubuhay na nangatitira ay aagawing kasama nila, upang salubungin ang Panginoon sa hangin." Kita n'yo? Kaya magiging singsigla nga.

³³ Kaya naman ngayon, hanggang dumating ang oras na 'yan, hanggang pumarito na Siya, nais nga nating mamuhay bawat araw na para bang paririto na Siya sa susunod na minuto, dahil maaaring wakas na ng buhay mo sa sandaling 'yan. Hindi mo alam kung kailan ka lilisan. Maaaring ito na ang natitira nating huling mga hininga, sa atin ngayon, kaya nais n'yong mamuhay na para bang heto na talaga.

³⁴ Kaya naman sa pagpapatuloy natin, bilang karagdagan, kinakailangan nga nating mag-iwan ng mga bakas ng paa sa panahong buhanginan, para makita ng iba. Kung hindi ganun ang paglakad ni Pablo gaya nung lumakad siya, o di sana'y hindi alam ni Juan kung papaano siya susunod. Kung hindi ganun ang paglakad ni Juan, o di sana'y hindi alam ni Polycarp kung papaano siya susunod. Kung hindi ganun ang paglakad ni Polycarp, o di sana'y hindi alam ni Ireneo kung papaano siya susunod. Kung hindi ganun ang paglakad ni Ireneo, o di sana'y hindi alam ni Martin kung papaano siya susunod. Nakita n'yo po ba ang ibig kong sabihin? Kailangang mag-iwan ang bawat isa sa atin ng mga bakas sa panahong buhanginan.

³⁵ Buweno, kung may maiisip akong isang denominasyon o grupo man ng mga mananampalataya, na may nakahihigit na bagay kaysa sa taglay natin dito, mga kapatid, hayan nga't nanaisin ko ngang isanib ang munting katawang ito roon agad. Ako'y naghintay, ako'y naghangad, ako'y nasa ilalim ng pag-asa at naniniwalang may isang dakilang paririto balang araw, o marahil ang dakilang propeta na sinasabi kong paririto, gaya ni Eliseo. Noon pa ma'y naniniwala na ako at iniisip, na sana, na sana buhay pa ako n'yan upang makita ang araw na 'yan na magbabago ako, na makikita ko ang taong 'yun na lilitaw sa eksena, hayan nga't dadalhin ko nga ang munting iglesya ko at sasabihin, "Mga kapatid, *ito* na 'yung taong hinahanap natin. Ang taong *ito*, siya na 'yun." Hinintay ko ang bagay na 'yan.

At kung tunay na mangyari na 'yan, heto nga't umaasa akong sabihin, buhat *dito*, "Mga kapatid, *heto* na Siya," buhat *dito*, kita n'yo. At ninanais kong—kong makita ang iglesya na mapanatiling ganoon.

³⁶ May natapakan yata ako, o may nagalaw, at napalakas ito. [Inaayos ni Kapatid na Branham ang mikropono—Pat.]

³⁷ Hayan nga't ngayon gusto kong sabihin ito, na, ngayon ay isa na itong matatag na iglesya.

³⁸ Hayaan n'yong huminto muna ako, pansumandali. Noong nagpunta ako ng Bombay, ibinibilang ko nga 'yun na pinaka mainam kong pagtitipon dahil sa naging epekto nun sa mga tao. Hayan nga't. . . Kung sa Aprika, sabi nila tatlumpung libo raw ang lumapit noon kay Cristo nang minsanan, dito nama'y sandaan at limampu, o dalawang daang libo ang lumapit kay Crito nang minsanan, mula sa kalahating milyong pumaroon. Kita n'yo? Anong nagawa ko roon? Wala nga akong nagawa. Siguro, hayan nga, sabihin na lang nating may, sabihin na lang nating, may sandaang libo sila roon. Wala namang simbahan, wala akong magawa. Wala namang kahit sino dun na puwede silang ipagkatiwala. Dito sa Mensaheng sinasampalatayanan ko, hayan nga't. . . Ni walang kahit denominasyong Pentecostal na may gustong makipagtulungan sa akin. At ang lahat ng mga kaluluwang 'yun marahil ay natangay muli pabalik ng Sikh, Jain, Budismo, kung saan man sila nanggaling. Wala kasing dako na puwedeng paglagyan nila. Ngayon, nakakalungkot nga 'yun. Nakapanghihinayang. Kita n'yo? Sapagkat, walang nais makipagtulungan sa akin, dahil sa paninindigan na pinili kong tayuan. Kita n'yo?

³⁹ Buweno, sa Aprika, nagpunta ako sa ilalim ng pagsuporta, ng—ng—ng A.F. of M. at Afrikaans Faith Missions. At noong nandun na nga ako, hayan nga't, hindi naman ako puwedeng makiayon sa kanila. Sila, sila'y nagbabautismo ng mga tao sa bautismong trinidad, nang tatlong beses, paharap. At 'yung isa naman dun ay nagbabautismo nang tatlong beses, patalikod. Isa para sa isang diyos, na Ama; at ang isa pa para sa isa pang diyos, na Anak; ang isa pa para sa isa pang diyos, na Espiritu Santo; at nagbabautismo nang tatlong magkakaibang beses, para sa tatlong magkakaibang diyos, at ganun nga. At, siguro, sa pagtitipon doon sa Durban, hindi 'yun napangasiwaan nang tama, at nakita ng mga tao ang pagkakawatak-watak sa gitna ng mga pananampalatayang Pentecostal at iba pa, hindi tuloy alam ng mga tao ang gagawin. Wala silang mapuntahan.

⁴⁰ Hayan nga't, papaano kung magdaos tayo ng rebaybal dito, mga kapatid? Sige ipagpalagay nating ganito. Papaano kung pagkatapos ng isang malaking rebaybal na idaraos natin, at kayo mga kapatid na bagong naakay sa pananampalataya, ay wala namang iglesya na gaya rito sa bansang 'yun, kahit saan; at ako na nag-ebanghelyo, ay uuwi na ako, hayan nga't di n'yo na ako makikita pang muli? Anong gagawin n'yo? Pakiramdam n'yo nga'y para bang di n'yo alam ang gagawin. Hindi na kasi puwedeng magbalik pa kayong muli't lumublob sa putikang 'yun. Hindi na nga kayo puwedeng bumalik doon, na—na ang

mga maybahay n'yo ay magsusuot uli ng mga shorts, at kayo nga . . . babalik sa paglalaro ng baraha at sayawan, at ganoong mga bagay, at makakaramdam pa roon ng kaluguran.

Nakalipat na kayo sa Buhay. Nakaahon na kayo sa bagay na 'yan. Humantong na kayo sa kalagayang, sa halip na sabihin n'yo, "Ito ang kredo namin," sasabihin n'yo, "Ito ang Salita ng Diyos." At namumuhay na kayo sa pamamagitan Nito, sa mga bagay na sinasabi Nito. At hindi sa kung anong . . .

Hayan nga't kung dadalo kayo dun at pakikinggan sila, at malalaman mong nagsisipuntahan sila sa mga kasiyahan para maglaro ng dais, at magsayaw, at *ganito*, *ganoon*, at kung *anuno pa*, at magmemensahe rin naman nang kaunti pero walang kalaman-laman, tungkol lang sa isang alkalde o kung sinong, nangangampanya para maibalik sa puwesto, o kung anu-anong may kinalaman sa pulitika, at tatapusin agad-agad sa loob ng sampung minuto o labinlimang minuto; samantalang nakauupo nga kayo rito, na sa bawat araw na magdaan, may kagalakan kayong kumain ng Salita at gayong mga bagay. Hindi mo nga alam kung anong gagawin mo.

Magkakaroon kayo ng pagkaantig na pumasan, hanggang sa maramdaman n'yo na mga simpleng dumadalo lang dito na magsimula ng isang iglesya, at magsimulang ipangaral n'yo Ito mismo, 'pagkat mag-aalab ang puso n'yo para sa Salita ng Diyos, at maaawa kayo sa mga taong 'yun din ang nadarama sa nadarama n'yo. Ngayon, hindi ba't ganun nga 'yun? [Sinasabi ng mga kapatiran, "Amen."—Pat.]

⁴¹ Bagama't alam n'yong darating na si Jesus, iniisip n'yong darating na Siya bukas, hayan nga't may pagnanais kayong gumawa ng isang bagay ngayon para sa mga tao, na kababayan n'yo sa Kaharian ng Diyos, para magkatipun-tipon. Ninanais n'yo ngang makipagbuklod sa kanila. Siyanga. Kaya naman dahil diyan . . .

⁴² Ngayon, naniniwala ako nang buong puso ko na tinulungan ako ng Panginoon at kinasangkapan ako para pangunahan ang pagsisimula ng isang malaking rebaybal, isa sa pinakadakila sa mundo mula pa noong unang panahon, sa buong mundo. Alam natin 'yan. Siyanga. Hayan nga't matagal-tagal na rin ito, at— at kinatagpo Niya ako noon sa ilog at sinabi Niya sa akin na ang Mensaheng dadalhin ko ay ang maging tagapagpauna sa ikalawang Pagparito ni Cristo. At sa palagay ko'y wala sa mga narito ngayong gabi ang naroon nung araw na 'yun noon. Nasa tatlumpu't dalawang taon na rin ang nakakaraan, noon ngang magpakita ang Liwanag na 'yun; hayan nga't nakatayo ako dun, pinagmamasdan ko Yun. Daan-daang katao ang nakatayo roon, pinagmamasdan Yun. Bumaba nga Yun, at may Tinig na nagsalita.

43 Pagkalipas ng ilang taon, kakatwa nga na nakuhanan ng kamera ang siya ring litratong 'yun, 'yun na 'yun ang itsura gaya ng pagkakasabi ko sa inyo, doon sa may ilog. Ngayon, maaari ngang magkamali ako sa maraming mga bagay, mga kapatid, ngunit ayaw kong maging mapagkunwa. Nais ko pong maging tapat at diretsahan sa inyo.

44 At kaya naman, isa pang bagay, kung umalis ako noon, ano na kaya? Hindi—hindi sana tayo nakapagpatayo ng simbahang tulad nito ngayon. Hindi nga natin masabi kung ano kayang mayroon sana tayo ngayon, kita n'yo, kung nagpatuloy ako sa paghayo sa labas. Subalit inilagay ito ng Diyos ng Langit sa puso ko na itayo ang iglesya rito. At pagkatapos nung tawagin Niya ako para makapag-ebanghelyo sa labas. . . Nagpalit-palit tayo ng mga pastor, hayan nga, ngunit ngayon narito na sa atin ang—ang minamahal nating kapatid ngayon dito na kasama natin sa Pananampalataya, nananampalataya sa Mensahe. May iba pa tayong mga kapatid na lalaki rito na nananampalataya sa Mensahe. Nasa atin na . . .

45 Masyado ba akong napapalakas, Kapatid na Beeler? [Sinasabi ni Kapatid na Beeler, “Medyo”—Pat.] Sige, tingnan natin. [“Ayos na. Ituloy mo lang.”] Sige. Nasa atin . . .

Nasa atin—nasa atin na ang materyales.

46 At marahil ngayon sasabihin n'yo, “Buweno, Kapatid na Branham, kung hindi nila pakikinggan ang mga tanda at mga kababalaghang ito ng dakilang Diyos ng Langit, paano na tayo ngayon n'yan?” Buweno, hayan nga, paano kung nagkaroon din ng ganyang kaisipan noon si San Pablo? Kita n'yo? Ano kaya? Ngunit hindi siya nag-isip ng ganoon. Nanatili kasing tunay na tapat ang mga obispo noon sa Mensahe! At sila . . . At si Pablo, kadalasan, pagkatapos niyang mag-ikot. . . Nabasa n'yo na ito sa Biblia, kung papaanong bumabalik siya para bisitahin ang mga iglesya roon, kinakausap ang mga pastor, at mga obispo, at iba pa, at kumukuha ng tulong mula sa mga naroon, at—at nagkakaroon, oh, ng dakilang panahon ng pakikisama, na gaya ng isang rebaybal o malaking kagalakan. At hayang bababa sa kanila ang Espiritu Santo, at dadatnan sila ng mensahe.

47 Tingnan n'yo noong bumisita siya roon kay Felipe, maging ang mga anak nitong babae ay nagsipagpropesiya. Hayan nga't ang sabi, “May mga tanikala at bilanguang naghihintay sa—sa ating kapatid sa pagparoon niya.” Hindi pa siya nakakalabas ng bakuran, aba'y naroon nang paparating si Agabo, na isang propeta, papalapit, tumanaw sa kabila ng kalsada. At hindi pa niya kailanman nakikita noon si Pablo, ang pangkalahatang tagapangasiwa, nitong lahat ng grupo ng mga iglesya sa buong Asya. At lumapit ito roon at hinila ang pamigkis sa kanyang tagiliran, na panali niya sa kanyang kasuotan, ginapos nito ang sariling mga kamay at nagsabi, “GANITO ANG SABI NG

PANGINOON, naghihintay ang mga tanikala't bilangguan sa nagmamay-ari nito." Kita n'yo? May pagsasalita ng propesiya.

⁴⁸ Sabi ni Pablo, "Alam ko naman. Alam ko naman. Pero huwag n'yo nang durugin ang puso ko ngayon. Hayaan n'yong tapusin ko muna ang aking tungkulin." Pagod na siya. Tapos na siya. At yayaon na siya at iiwan na ang kanyang tungkulin kay Timoteo.

⁴⁹ Ngayon kailangan nating isipin ang mga kabataan. May mga anak tayo. Karamihan sa atin dito, kalalaking nakapag-asawa na, may mga anak na rin. Buweno, paano naman sila na mga susunod? Kita n'yo?

⁵⁰ Gaya nitong tinututulan ko na noon pa man, doon, tungkol sa paglalagay ng mga patibong na lambat sa ilog, nilalambat ang mga isdang perka; at ang pag-iinuman dun, paglalasing at gayong mga bagay. Nakita ko nga minsan ang pagkakatumpok sa mga isda roon na umabot na nang kasing taas ng kisameng ito rito, malalaki pa naman, at magagandang isdang perka na nakatiwangwang lang dun. Umaalingasaw nga ang sangsang sa buong ilog. Pinuntahan ko 'yun, dahil isa akong tanod, upang patigilin sila. Nakatanggap ako ng liham, "Pabayaang mo sila. Anong magagawa mo? Pag-aari ito ng Kentucky." Ngayon, di naman din kasi puwedeng pumarito ang tanod ng Kentucky, dahil labas na siya sa kanyang teritoryo. Ang tanod naman ng Indiana ay wala rin namang boses pagdating sa bagay na 'yan, dahil pag-aari ng Kentucky 'yung naturang tubig. Hayan nga. Wala ngang magagawa.

⁵¹ Sabi ko, "Magbibinatilyo na ang anak ko, at mahihilig siya sa pamimingwit. Aba, ilalathala pa nila ang litrato niya sa pahayagan kapag nakahuli na siya ng malaking bingwit, dalawampung taon mula ngayon; kaya dapat sana'y lubayan na ang ilog, nung mga lambat, mga bitag, at kung anu-ano pa." At unti-unti na ngang pumapangit ang kalagayan nito ngayon. Kita n'yo? Ano ba itong nangyayari? Ang dapat sana'y inaalala natin ang mga susunod sa atin.

⁵² Hayan nga't kailangan nating isipin ang kapakanan ng mga susunod sa atin kapag wala na tayo, isipin ang kapakanan ng mga kabataan, at iba pang bagay, at lugar para sa mga anak natin. Ang mga anak nating babae, ayaw nating dalhin sila rito sa mundo, sa mga bagay na kagaya nun. Nais nating ang mga dalagita natin ay mapalaking gaya ng kanilang mga nanay. At kailangan nating paghandaan 'yun. At kung wala nang bukas, hindi natin kasi masabi. Kung wala nang bukas, wala tayong dapat gawin kundi ang manatili sa gawain ng Panginoon at masumpungan tayo na gumaganap ng ating tungkulin kung darating na Siya. Kita n'yo?

⁵³ Kaya, imumungkahi ko po ito. Naimungkahi ko na ito, kay Kapatid na Neville. Ipagpatuloy natin ito na gaya ng ginagawa natin. Hayaan lang natin itong magtuluy-tuloy.

Ako nga'y nalulugod sa mga batang-bata pa nating mga ministro. Tingnan n'yo, hayan nga, sa Araw ng Paghuhukom, ang lahat ng mga tao sa buong libis na ito hanggang dito, wala silang maidadahilan, dahil may maliliit tayong mga simbahang itinayo sa lahat ng dako, mga outpost, mga outpost para ang mga tao'y makapakinig, na puwedeng paglagian.

⁵⁴ Kagabi ay nasa iglesya ako ng isang kapatid, at tinanong ko sila dun kung lahat silang naroon ay solido na sa Salita. At nagsipagtaas ang bawat kamay. Ngayon, napakasarap nga sa pakiramdam 'yun. Kita n'yo?

⁵⁵ Ngayon, heto ang naiisip ko, ganito po, mga kapatid, gaya na lang sa iglesya rito ngayon. Aking . . . itong . . . Aking pagministeryo, sa abot ng kaisipan ko, ay may apat na bagay na maaaring magawa. At maaari ngang hindi lang apat, subalit 'yun lang ang pananaw na naiisip ko; kung Siyang talaga 'yung nangusap sa akin doon sa ilog, kung ito na lang ang natitira sa iglesyang Gentil.

Na, natuklasan natin, sa Apocalipsis, na ang una, ikalawa, ikatlong kabanata ay sa Iglesya. Pumaitaas ang Iglesya, sa ika-4 na kabanata. At di na Ito bumalik hanggang sa ika-19 na kabanata, 'yun nga'y pagkatapos ng Panahon ng Kapighatian kung kailan ang mga Hudyo ay tatawagin ng Diyos. Siyanga.

⁵⁶ At gaya ni Enoch, pumaitaas siya bago pa man bumagsak ang kahit isang patak ng ulan sa lupa. Nakaalis na muna siya, saka dumating ang kapighatian. Kita n'yo? Nasa loob na ng daong si Noe bago nagsimula ang anumang kapighatian. Nakalabas na ng Sodoma si Lot bago nagsimula ang anumang kapighatian. Kita n'yo? Hayan nga't wala na ang Iglesya bago ang anumang Panahon ng Kapighatian.

⁵⁷ Ngayon, sa panahon ng Kapighatian, na magaganap: ang dalagang natutulog ay tutugisin ng dragon, at magbubuga ito ng *tubig* galing sa kanyang bibig, na ang ibig sabihin ay, "karamihan at bayan," mga sundalong hahalughog at huhuli sa babae, sa nalabi sa kanyang binhi, at papatayin ang babae. Ngayon, 'yan nga'y magaganap sa Panahon ng Kapighatian.

Subalit ang Iglesya ay uuwi na n'yan sa Tahanan. Ngayon, kung—kung mangyayari na 'yan, mangyayari na 'yan bukas, hindi 'yan magiging hadlang sa atin na magpatuloy lamang. Sikapin nating makagawa tayo ng mahalaga sa araw na ito.

⁵⁸ Ngayon, heto ang naiisip ko, roon, kung ang Anghel na 'yun na nagwika ng mga Salitang 'yun sa akin, ay nagsabi, "Kung papaanong isinugo si Juan Bautista upang mauna sa unang Pagparito ni Cristo," kita n'yo, "ang Mensahe mo naman . . ." dadalhin ko po raw ang Mensaheng ito, at "Mauuna Ito sa ikalawang Pagparito ni Cristo." Buweno, kung Ito na Iyon, ibig sabihin tayo'y talagang, malapit na malapit na, mga

kapatid, sapagkat ang oras at ang Liwanag ng Mensahe ay halos pawala na.

⁵⁹ Napansin n'yo ba noong bumaba ang Pentecostes, at ang mga kapatid na lalaki roon ay napuspos noong Pentecostes, ng Banal na Espiritu? Hindi na nga humaba pa nang matagal ang panahon bago nagsimulang pumaram ang Mensahe, at sila nga'y nagsimulang magtayo ng mga iglesya upang pagtibayin ang paglilingkod, para kay Cristo, habang umaasang Siya'y darating. Buweno, ganyan na ganyan din ang nagaganap ngayon, kung totoo ang Kasulatan, "Aking isasauli, sabi ng Panginoon, ang lahat ng kinain ng tipaklong at uod." Ngayon, kung ito na nga 'yun, kung ito na ang Mensahe, at, patawarin ako ng Diyos, hindi ko—hindi ko alam. Kung ito na 'yun, ibig sabihin malapit na talaga ang oras, siyanga, sapagkat tapos na ang Mensahe.

⁶⁰ At noong isang gabi nga, nanaginip ako na nagpunta ako sa isang dako para magsagawa ng espirituwal na pagkilala sa marami sa aking mga kaibigan na nagkatipon doon, libo-libo sila roon sa pagtitipong 'yun. May isang lalaking dumating, at hinatak ako sa isang tabi. Kadalasan si Billy, ang dumarating, nagyayaya sa akin sa isang tabi, kapag wala akong kinakausap. At ang lalaki ngang ito'y parang kidlat magsalita. At bago ako makarating sa dakong 'yun, nawalang lahat ang pahid sa akin, para gawin 'yun. At pagkatapos sabi ko, "Buweno, tutungtong lang ako roon at—at ipangangaral ang Mensahe, at sasabihin sa mga tao, 'Huwag kayong makipaglaro sa mga denominasyong 'yan,' at kung anu-ano pa, at, 'Magsilabas kayo, hayan nga.'" At noong tumungtong na ako sa entablado, nilisan na ako nun.

⁶¹ Hindi ko alam kung anong ibig sabihin nun, pero ako'y, magpapatuloy lang. Hindi ko po talaga alam. Maaaring ito na ang dulo ng aking landas. Maaaring ito na ang Pagparito ng Panginoon. Maaaring ito na ang pagbabago ng panahon. Maaaring ito na ang pagparito nitong makapangyarihan, kung may paririto pang iba maliban sa kung anong dumating na. Maaari ngang 'yun nga 'yun. Ang lahat ng mga bagay na 'yan, na binabanggit natin, ay maaaring mangyari na. Dahil nga sa pagkakatayo ko rito ngayong gabi, sa harap ng Diyos at sa inyo mga kapatid; hindi ko po alam. Hindi ko masabi sa inyo. Kung alam ko lang sana, sasabihin ko sa inyo, kundi ay hindi ko na sana babangitin pa, sasabihin ang bagay na tulad nun. Kung hindi ko alam kung saang gawi. . . Kung alam ko lamang kung saang gawi papunta ang bagay na ito, hayan—hayan nga't sasabihin ko, pero hindi ko alam. Hindi ko masabi. Heto akong sumasadya ngayon sa mga pagtitipon na kahit katiting lang na pangunguna ay wala. Hayan nga't pumupunta pa rin ako dahil ayaw kong maupo lang sa isang puwesto. Gusto—gusto—gusto ko ngang pumaroon sa gubat gaya ng ginagawa ng iba. Kung mali ako sa bagay na ito, nawa'y patawarin ako ng Diyos.

⁶² May tatlong bagay nga na maaaring mangyari sa akin. Maaaring ito na ang dulo ng aking landas, at may isang paparating na; inihahanda ko na ang daan para sa kanya upang humalili, 'pagkat, tandaan n'yo, yaong darating upang mangaral, ay nasa Salita, "Panunumbalik ng Pananampalataya ng mga anak sa kanilang mga magulang." Maaari ngang ito na ang dulo ng aking landas. Maaari namang binabago Niya ang ministryo ko na bumalik uli sa pagi-ebanghelyo, sa ibayong-dagat. O kaya, maaaring hindi na Niya ako tatawagin pa bilang isang ebanghelistang, at dadalhin Niya ako roon sa ilang sa kung saang dako, upang pahiran ako, upang isugo ako na gaya nung ipinangakong darating, sa palagay ko. Maaari ngang alinman 'yan diyan.

⁶³ Hindi na ako maaaring magpatuloy sa daang tinatahak ko. Sapagkat ako'y . . . Naniniwala ang mga tao na ako nga raw po. Kailangan kong—kong sabihin ito. Sasabihin ko ito sa harapan ng mga tao. Ang mga tao, kadalasan, itinuturing nila ako na isang propeta. Hindi ko itinuturing ang sarili ko na ganun nga. Hindi, po. Hindi ko itinuturing. Aking . . . Hindi ko sinasabi ito para masabi lang na nagpapakababa lang ako. Sinasabi ko ito para sabihin lang ang totoo. Hindi ko itinuturing ang sarili ko na isang propeta ng Panginoon. Wala—wala akong ganoong klaseng karangalan.

⁶⁴ Naniniwala akong ginagamit ako ng Panginoon, sa maliliit na mga bagay na katangi-tangi rin naman, upang makatulong marahil sa paglalagat ng pundasyon para sa isang propetang darating. Hayan nga't hindi kumikilos ang propeta sa paraan ng pagkilos ko. Ngayon, alam n'yo 'yun. Ang isang propeta ay hindi isang ebanghelistang, at ang isang ebanghelistang ay hindi isang propeta. Ang isang pastor ay hindi ebanghelistang, at ang isang ebanghelistang ay hindi isang pastor. "Hetong ang Diyos ay naglalagay sa Iglesya, una-una'y mga apostol, pagkatapos mga propeta, pagkatapos mga guro, pagkatapos mga pastor," at pati ang iba pa. Inilagay sila ng Diyos sa Iglesya, at binigyan sila ng Diyos ng katungkulan.

⁶⁵ Subalit, nung umagang 'yun nung inilagak ko na roon ang panulukang bato! Hayan nga't, ngayon, kung espirituwal kayo, mauunawaan n'yo ito. Dahil nga 'yun sa paghikbi ng mga tao! Kung mabubuksan lang ito sa inyo, o makakakuha kayo nung aklat at babasahin 'yun, ang sabi dun, "Gawin mo ang gawa ng ebanghelistang." Hindi ako tinawag upang maging ebanghelistang, kundi ang sabi, "Gawin mo ang gawa ng ebanghelistang, dahil darating ang panahon na hindi na nila titiisin ang magaling na Aral, kundi magsisipagbunton sila sa kani-kanilang sarili, ng mga guro, sa pagkakaroon nila ng kati ng tainga, at hihiwalay sa Katotohanan patungo sa mga katha." Kita n'yo? Binanggit ang Kasulatang 'yun at itinuro sa akin kung saan ko ba Iyon matatagpuan. Tatlong beses sinabi. At kinuha ko ang Biblia at

binuklat dun sa sinabi Niya sa akin, at nandun nga 'yun. At hayan ding alam n'yo na 'yung tungkol sa dalawang paso, ng Pentecotal Oneness at ng Pentecostal Assemblies. Hindi ko sila pinakailaman kahit kailan. Itinanim ko ang sarili nilang mga punongkahoy sa mismong kinatataniman nila, 'pagkat palagay ko'y pareho silang mali. Subalit, sa kabila nun, naroon ako sa pinagkrusan, sa pag-aani.

⁶⁶ Kinikilala ng Diyos ang sinumang matapat. Sinabi 'yun ni Pedro. Natalastas niyang hindi nagtatangi ang Diyos ng mga tao, ang lahat ng bansa'y tinatawag nga, noong naroon siya sa bahay ni Cornelio noong matanggap ng mga tao roon ang Banal na Espiritu na gaya nung matanggap nila 'yun noong una. Kita n'yo? Hindi nagtatangi ang Diyos ng tao. May makikita tayong isang tao na nag-aalab ang puso at sinsero, pero maaaring mali ang pagiging sinsero niya. Subalit kung siya'y matapat, maaari siyang akayin ng Diyos sa Liwanag, sa dakong 'yun. Lalapit nga siya roon, 'pagkat obligado ang Diyos na gawin 'yun.

⁶⁷ Hayan nga't iniisip natin ang Pagparito ng Panginoon, na magiging isang—isang napakalaking bagay; at ang Mensahe, hayan nga't kakaunti lamang ang lalapit Dun. Tandaan n'yo, may isang predestinadong grupo na paroroon sa pagbabalik ng Panginoon, at maaaring hindi sila aabot ng isang dosena. Kita n'yo? Hindi natin alam. Maaaring nasa daang milyon; maaaring sampung libo. Ngunit kung . . . Maririnig ng mga predestinado ang Mensahe at sasampalataya Rito, kung Ito ang Mensaheng ipinadala ng Diyos, sasampalatayanan nga nating Ito na 'yun.

⁶⁸ Ngayon, heto na, tayo, dito sa mismong wakas ng panahon. Hayan nga't, kung tinawag talaga ako ng Diyos . . . Ngayon, pakinggan n'yong maigi, hindi na ito uulitin pa. Kung tinawag Niya talaga ako upang maging Kanyang propeta, kung gayon ay hindi ko nagagampanan nang husto ang tungkulin ng isang propeta. Hindi nagi-ebanghelyo ang mga propeta. Ikinukubli ng isang propeta ang sarili nito sa ilang, upang makapag-isa, kasama ng Diyos, hanggang sa makuha niya nang eksakto, at direkta kung ano ang ibig ipagawa sa kanya ng Diyos. At dali-dali siyang lalabas sa pagkakakubli at ilalahad ang kanyang Mensahe, at babalik na naman siyang muli sa ilang. Hindi siya isang ebanghelista, na nagdaraos ng mga pagtitipon, at may mga nakakatulong siya, at kung anu-ano pang ginagawa ng mga ebanghelista. Hindi siya nagtuturo na gaya ng sa mga ebanghelista. Taglay-taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, at 'yun na 'yun, at ganoon nga 'yun. Maglalahad siya, pasasambulatin niya 'yun, at hahayaan niyang mahulog ang maliliit na piraso sa dako kung saan sila dapat mahulog, at pagkatapos nun ay aalis na naman siya. Walang nakakaalam kung saan siya nagkukubli. Nasa pag-iisa siya, sa kung saang dako.

⁶⁹ Ngayon, hindi ko mawari, dahil kung tinawag Niya akong maging ganun, hindi ako maaaring maging isang ebanghelista. At kung tinawag naman Niya akong maging ebanghelista, di ako maaaring maging isang propeta. Ngayon, nakukuha n'yo ba ang ibig kong sabihin? Hindi ko alam kung anong gagawin. Heto ako, may kapitagang sumunod, noong Kanyang sabihin sa akin, noon, na aking hawakan muna ang kamay ng mga tao at ipananalangin ko sila, pagkatapos ay kikilalanin ko ang lihim ng kanilang puso, 'yang mga iba't ibang bagay na 'yan. At, mga kapatid, hindi nga 'yun maaaring magkamali. Batid n'yo ngang Katotohanan talaga 'yun. Batid ng bawat isa sa inyo ang bagay na 'yan. Kita n'yo?

At Kanya ngang sinabi 'yun sa akin na Ito ay sasambulat at kakalat sa buong mundo, at ganoon na ganoon nga ang ginawa Nito! Bawat bansa sa ilalim ng langit ay nabalitaan ito, kahit saan pang dako, nasa mga pahayagan, nairekord sa teyp, nasa lahat ng dako. Hindi ko alam kung papaano Nito nagawa ang bagay na 'yun. Pero, sa palibot ng mundo, nagdadagsaan ang mga liham, ng mga taong taga-roon pa sa Thailand, at ng mga Hottentot sa malalayong dako. Hayan nga't nakamamangha na nakikipagsiksikan ang mga misyunero roon bitbit-bitbit ang mga teyp, at naglalahad ng ganung pagpapaliwanag sa Salita. Hayan nga't ngayon marami tayong nababalitaan na buhat pa sa buong mundo, kita n'yo, sa palibot ng mundo. Ngayon, sila, ang Iglesya, ay may mga predestinado mula sa buong daigdig, sa lahat ng dako. "Dalawa ang sasa higaan; dalawa sa bukid," kita n'yo, kukunin ang isa at iiwan ang isa.

⁷⁰ Ngayon, hayan nga't ginanap ko ang gawa ng isang ebanghelista. Kaya heto ang aking dasal. Kung kalugod-lugod 'yun sa Diyos at naganap ko nang mabuti ang gawa na 'yun, umaasang nalulugod ko Siya, sa aking paghingi ng tawad sa lahat kong pagkakamali, kung gayon maaaring tinatawag Niya ako mula sa pagi-ebanghelyo, upang maging propeta Niya. At kung magkagayon nga, iiwan ko ang pagi-ebanghelyo. Hayan nga't kung tatawagin Niya ako upang maging isang propeta, hindi na ako maaaring maging isang ebanghelista. Kung ako'y ebanghelista naman, hindi ako maaaring maging propeta.

Pinaghahalo ko nga ang dalawang katungkulang ito. Kaya nakararamdaman ako ng pagkabahala. Sa pagtayo ko rito sa entablado, hindi nagiging maganda, matagumpay. Nagagamit pa rin ako ng Diyos sa ganyang kalagayan, pero hindi na ito sa tingin ko ang direkta Niyang kalooban. Pilit na kalooban na Niya ito. Tatayo ka sa entablado, pagkatapos ng isa o dalawa lang na pangitain ay mahihimatay ka, halos. Kita n'yo? Hayan nga ring kapag sasabihin mo sa isang tao *roon* kung papaano niya itutuwid ang kanyang sarili, at kung ano pang gagawin; at pagkatapos 'yung kasunod na nakatayo roon, umaasa siyang ganoon din ang mangyayari sa kanya. At hindi mo lang masabi sa kanya, na mangyayari lang 'yan kung May magsabi sa iyo ng

sasabihin mo sa kanya. At pagkatapos pakiramdam nitong tao na ito ay isa kang lilo, o isang tumalikod sa pananampalataya, o—o isang demonyo o kung ano, dahil di mo masabi sa kanila ang gusto nilang malaman. Kita n’yo, hindi naman kasi ganoon ang katungkulan, ang paraan ng paggawa ng isang propeta.

⁷¹ Ang isang propeta kasi’y nagkukubli lang sa isang dako *rito* hanggang sa bigla na lang siyang magpapakita sa ospital, o kung saan man siya pupunta, taglay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, at sasambitin ’yun, at bigla-bigla na lang di magpapakita. Hindi nga siya isang ebanghelista, talaga. Hindi siya nagdaraos ng mga pagtitipon at nagtatalakay ng mga bagay-bagay. Dala-dala niya ang Salita ng Panginoon para sa kung kanino man siya isinugo.

⁷² Kung isusugo siya sa White House, hahangos siya sa harap mismo ng White House, sasabihin, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Kung sa gobernador ng estado siya isusugo, o kanino man, laging GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Hindi siya nakikipaglaro sa kung anong grupo ng mga iglesya, para lang padaluhin sila at patanggapin ng Salita, at mangaral ng mga bagay-bagay na parang mga ebanghelista. Hindi siya isang ebanghelista.

⁷³ Kaya, nakita n’yo naman, mga kapatid, ’yan ang dahilan kung bakit hindi ko itinuturing ang sarili ko na isang propeta. Ni wala ako sa katungkulan para masabing ganun nga. Kita n’yo? Ngayon nauunawaan n’yo na ba ang ibig kong sabihin?

Ngayon, marami pa nga tayong puwedeng banggitin sa bagay na ’yan, pero sana’y di ko masyadong kinukuha ang oras n’yo, hayan nga’t tatalakay pa ako nang kaunti sa Salitang ito na nais kong basahin ngayong gabi.

⁷⁴ Ngayon, heto ang dapat ko sanang gawin. Kahit kailan ay di ko nadamang dapat akong manirahan sa Indiana. Ako’y isang—ako’y isang—ako’y isang lagalag. Hindi ako. . . Hayan nga’t pupunta ako sa isang dako, iisipin ko, “Pupunta ako sa dakong *ito*, pipirmi na ako rito. Dito na talaga.” Hindi ko ’yun magawa. Kapag pumupunta ako sa iba na namang dako, iniisip ko, “Pupunta ako sa dakong *ito*.” Kapag ginagawa ko ’yun. . .

Ang tawag nga sa akin ng maybahay ko. . . Ano na nga uli ’yung inaawit nilang kanta? *Di Mataliang Hangin*. Narinig n’yo na siguro ’yun, sa palagay ko. Naririnig na ng marami sa inyo na inaawit nila ’yun. Buweno, ’yun ang tawag niya sa akin, “Di mataliang hangin.”

At kapag panahon ko nang umuwi, hayan nga’t iniisip ko, “Naku, kailangan ko nang umuwi. Kailangan ko nang makita ang asawa ko at ang mga bata. Kailangan ko na ring pumunta uli sa iglesya at mangaral.” Kaya magpupunta ako rito, at heto nga’t mangangaral dito uli. Hahalikan ang aking maybahay at yayakaping lihat ang mga bata. Lalabas ako dun sa bakuran at

magtatabas ng damo, at may eroplanong magdadaan sa ibabaw ko. Mapapatigil ako, pupunasan ko ang pawis sa mukha ko, at may pakiramdam akong nais kong sumama dun. May lugar na kailangan kong puntahan. Buweno, iniisip kong kailangan ko 'yung puntahan *doon*. At ako'y—ako'y magpupunta roon, at mangangaral doon nang kaunting panahon. Mapapatingin uli ako sa paligid, may isa na namang magdadaan sa ibabaw ko. May pakiramdam akong kailangan kong sumama dun. Kita n'yo, hindi ako puwedeng manatili sa isang dako. Hindi nga puwede. Hindi ako mapakali, palipat-lipat, sa kung saan-saang dako, hayan nga. Hindi ko 'yun mapigilan. Isa itong bagay na nasa loob ko. At batid kong kailangan ko 'yung gawin.

⁷⁵ Ngayon, sa iglesya, sa kasalukuyan nitong kalagayan, hindi kampante ang pakiramadam ko kung aalis ako rito. At, isipin, na kayong lahat na mga kalalakiang nakaupo rito ngayon, ay naniniwala akong makakasama ko sa Walang Hanggan, doon sa dako ng Kaluwalhatian. Narito ngang may maiinam tayong mga kalalakihan, maiinam na materyales, matatag, matibay na mga tao. Kamakailan nga'y nagkaroon ng rebaybal dito sa iglesya natin dito sa gitna ng mga tao. Dumating ang Espiritu sa gitna nila, hayan nga't nagbigay ng mga kaloob. Pinanood ko ito, binabantayan kung hahantong ito sa pagka panatiko. Sa tuwing magsisimula ngang kumilos ito sa gawi roon, iaayos ito ng Espiritu at dadalhing pabalik *dito*. Naisip ko, "Purihin ang Panginoon." Kita n'yo? Manatili lang kayo sa kalagayan n'yong ganyan. Mainam 'yan. Kita n'yo?

⁷⁶ Ngayon, heto po ang iniisip ko, ganito po, iniisip ko kung posible kayang, magsimula na akong pumunta sa kung saan . . . hindi ko alam kung saan 'yang dako na 'yan na pupuntahan ko. Pero hindi naman ako mapakali. Hindi ako makapanatili rito. Sadyang hindi ko magawa. Kailangan kong magpunta sa isang lugar. At maaari ngang hindi ako manatili sa dakong 'yan at ilang araw lang ako dun, tapos magpupunta na naman sa ibang dako. Kailangan ko ngang magpunta sa kung saang dako na 'yan. Hindi ko alam ang pupuntahan ko. Maski si Abraham ay hindi niya alam ang pupuntahan niya noon. Basta na lang siya tumawid ng ilog at lumarga na. Ganoon nga.

⁷⁷ Nadarama ko ngang ang dapat nating gawin sa dako rito, sa kasalukuyang panahong ito, heto ngang naniniwala ako na kailangan natin ng isang simbahan. Sa palagay ko—sa palagay ko nga bahay ng Diyos . . . Sasabihin n'yo, "Buweno, para saan pa, na ilalaan natin ang lahat ng salaping 'yun sa bagay na ito kung paririto na ang Panginoon?" Buweno, ano namang mabuti ang maidudulot nun kung itatago na lang ang salapi sa dahilan na paririto na ang Panginoon? Kita n'yo? At kung inilaan na ng mga tao ang salaping 'yun para sa iglesya, tungkulin natin, sa sandaang porsiyentong botong, nakalap ko nung gabing 'yun,

na ipatayo ang simbahan. Kaya, ipatayo natin ito. Heto ngang sinasabi ko, “Ipatayo na natin ito. Ganoon, po.”

⁷⁸ Hindi ko pa ito naipahahayag dati, hayan nga’t nais kong ipahayag ito sa harap ng mga kalalakihan. Ayaw kong narito ang mga kababaihan n’yan, ‘pagkat may mga nakakiling sa gawi *rito*, at gawi *roon*. Ngayon sinisikap ko, na sabihin sa inyo ang dahilan kung bakit nais ko nang ipatayo ito. Sa palagay ko, kung darating na ang Panginoon sa susunod na sanlinggo, aba’y simulan na natin ang simbahan ngayong sanlinggong ito. Ganoon nga. Ipakita natin sa Kanya. Ipakita nating ginaganap natin ang tungkuling iniatang sa atin. Ganoon, po. Hayan nga’t kung tayo man . . . naipatayo na ang simbahan.

⁷⁹ Bakit? Sabihin nating Siya’y . . . Ano naman kung darating Siya sampung taon mula ngayon? Ano naman kung aabutin pa Siya ng dalawampung taon? O ano naman kung aabutin pa Siya ng sandaang taon? Anupaman, sa pagparito Niya, hindi na ’yun mahalaga. Alam nating paririto Siya para sa atin bago ang panahong ’yun, dahil hindi na natin aabutan, ’yung sandaang taon pa. Darating nga Siya para sa atin, ngunit kailangan nating mag-iwan ng mga bagay na maiwan sa paglisan natin. At ito nga ang iniisip ko. Bakit hindi nga natin hayaan ang lupon ng iglesya rito, heto nga’t sinusumamo natin ito sa kanila ngayon, na ipatayo na ang simbahang ito? Ipatayo na natin ito rito. Pagandahin natin ito, hayan nga’t isang magandang lugar na mapupuntahan ng mga tao.

⁸⁰ Iminumungkahi ko ring, si Kapatid na Neville ang maging pastor ng iglesya, hangga’t siya ang iminumungkahi ng iglesya na manatiling pastor. Iyan po ang boto ng iglesya. Hangga’t nagaganap niya ang tungkuling ’yan na iniatang sa kanya at nananatili sa Pananampalataya, at may pagkilos pa rin siyang ipagpatuloy ’yun, nadarama ang pangunguna ng Panginoon, hayan nga’t ang pangunguna ng Panginoon ay manatili siya, dahil gayundin ang boto ng kongregasyon.

⁸¹ Hayan nga’t sasabihin ko ito, sa bawat kalalakihan natin dito, sa iba pang kalalakihan natin dito, tulad nina Kapatid na Crase, at Kapatid na Junior, lahat sila, hangga’t nadarama nila ang pagkilos na manatili sa tungkuling iniatang sa kanila, sila nga’y manatiling dito sa atin nakikisama. Hindi kayo maaaring magpunta roon at asahang makikiisa ang mga Methodist. Wala naman kayong pagkakaisahan sa kanila. Kahit sa mga Baptist, pupunta kayo, tapos mangungusap kayo tungkol sa pagsasalita ng iba’t ibang wika, at sa bautismo sa Pangalan ni Jesus, hayan ngang sisipain nila kayo palabas, *nang* agad-agad. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] Ganoon nga. Mauupo kayo roon, at magmimistula kayo roong isang—isang kalapati sa gitna ng kalipunan ng mga uwak. Hindi kasi kayo magkakaroon ng pakikisama sa kanila, hayan nga. Mamamatay kayo roon. Hindi ko po nililibak ang mga Methodist at mga

Baptist, siyanga. Tandaan n'yo 'yan. Hindi ganoon ang gusto kong ipahiwatig. Nagbibigay lamang ako ng paghahambing. Hayan nga't, marami, sa mga Methodist at Baptist na 'yan ay mararangal na kalalakihan, mga banal na kalalakihan. Subalit ang tinutukoy ko rito ay tungkol sa pakikisama.

Nariyan nga si Kapatid na ano-nga-uling-pangalan-niya, diyana sa likod ngayong gabi, ang—ang ebanghelistang nakaupo riyana sa likod, Kapatid na J. T. Parnell. Kapatid na Beeler. Sa palagay ko'y, naritong nakaupo po ang kapatid nating ito. Ilan sa . . . Marami sa inyong narito ay kalalakihan ng Diyos, may pagkatawag sa buhay n'yo. Dapat nga kayong kumilos. Huwag lang kayong paupo-upo na lang. Gumawa tayo ng isang bagay. Kung wala pa kayong naililigtas na isang kaluluwa, magligtas nga tayo ng isa ngayon din. Bawat isa sa atin.

⁸² Ngayon, heto ang iniisip ko, ang iglesyang ito, kung hahayo kayo mga kalalakihan, kapag naitayo n'yo na ang simbahan dito, gawin n'yo itong punong himpilan n'yo, at si Kapatid na Neville ang magiging nakatatanda sa gitna n'yo. Kita n'yo? At kung mangyaring may tanong kayo na hindi n'yo maresolba sa inyong iglesya sa dako n'yo, heto nga't idulog n'yo 'yun dito kay Kapatid na Neville, at nang maresolba n'yong lahat 'yun nang sama-sama. Kung wala kayong marating na desisyon sa bagay na 'yun, sasadyain ko kayo rito, sa madaling panahon, at pag-uusapan natin ito nang sama-sama tayong lahat.

⁸³ At—at pagkatapos, pagdating n'yo sa inyo, sanayin n'yo ang mga kasamahan n'yo sa sari-sarili n'yong grupo, mga ministro sa inyo, mga kalalakiang nakikitaan n'yo ng pagkatawag sa kanilang buhay, para sa pagmi-ministeryo. Sanayin n'yo ang mga kabataang lalaki. Dalhin n'yo sila rito sa nakatatanda sa iglesya. Magtipon kayong lahat sa isang pagtitipon para sa mga nagmiministeryo, at doon ay ituro n'yo ang mas malalalim na bagay ng Diyos. Huwag kayong magtatapos nang di maganda. Maglagay kayo ng isang mapagkakatiwalaan n'yo, na mistula bang magiging isang—isang tagapanguna sa inyo. Hayan nga't, may mga pagkakataong, kung minsan hindi eksaktong ganoon ang silip n'yo sa pagkakakita niya sa isang bagay, kung paano ba gawin ang bagay na 'yun, pero ayos lang 'yun. Manatili kayo sa Pananampalataya, hayan nga. Hayaan n'yo lang 'yun. Siguro kapag nagkatipon na tayo, hayan nga't, lahat tayo'y magsama-sama, mananalangin tayo; na bumaba ang pagkilala ng Diyos, at ilalahad Niya 'yun nang sadyang eksakto kung ano nga 'yun, makikita n'yo, at ipababatid sa atin kung paano 'yun gawin.

⁸⁴ At dahil diyana, magsisigawa rin ng ganun ang mga iglesya, at sasanayin nila ang kanilang mga kalalakihan. At kung nasa gawain ako ng pagi-ebanghelyo saan man 'yan, may mga lugar akong mapaglalagyan sa kanila, saang sulok man ng mundo.

⁸⁵ Papaano nga kung nasa India ako, babalik sa India? Doon nga'y mangungusap ako sa mga naroon, siguro pa nga'y, nasa libo-libo sila dun. Mananatili ako roon nang isang linggo o dalawa, at makikita nila ang pagmi-ministeryo. Magugustuhan nila 'yun. Sasampalataya silang ito ang Katotohanan. Lalabas sila sa pagiging pagano. Doon nga'y . . . sa loob lang ng marahil dalawa o tatlong linggo.

Nung naroon nga ako noon, nang dalawang gabi, siguro'y nasa sandaang libo ang naakay noon kay Cristo; pero wala po silang mapuntahan. Nung sumunod na araw, sumakay na ako ng eroplano at lumipad na sa Roma, at pagkatapos sa Estados Unidos na. Naiwan sila roon na parang mga tupang inilagay sa gitna ng mga lobo.

Pero paano kung may isang grupo ako ng mga kalalakihan, ng mga kabataang lalaki na sinanay sa Mensahe, kita n'yo, at sasabihin ko, "Ngayon, sandali po. Bago ako tuluyang umalis, ililagay natin sa ayos ang mga iglesya rito. May itatalaga ako ritong tao. Sinabihan ko na sila sa pamamagitan ng telegrama. May pamasaha na sila. Papunta na sila rito, ngayon din, upang mangasiwa; isang mabuting lalaki. May kasama siyang dalawa o tatlong kabinataan, na magiging mga katulungan niya at mga aalalay?"

⁸⁶ At makapaglilagay nga tayo sa mga dakong 'yun ng isang iglesya ng Pananampalatayang ito, na siyang magiging outpost sa India, outpost sa Alemanya, outpost sa Switzerland. Aba'y, ngayon mismo, ay dapat nga sanang may mga ganoon tayo sa lahat ng mga bansang napuntahan ko na. At ang mangyayari sa Mensahe ay, mula dun, magkakaroon ng isa pang ganoon, at mula sa isang 'yun ay magkakaroon uli ng isa pang ganoon. Nakita n'yo ang ibig kong sabihin? [Sinasabi ng mga kapatiran, "Amen."—Pat.]

⁸⁷ Ngayon, bukas ng gabi, o sa isa pang araw pagkatapos ng bukas ng gabi, makikita n'yo at pupunta rito si Mattsson-Boze, na kaibigan ko. Makikita n'yo kung ano ang nagawa ng isang maliit, na papilay-pilay na lalaking tubong Sweden doon sa Tanganyika. Nagpunta siya roon. At, heto nga't, mabuting tao si Mattsson-Boze, pero di siya naniniwala sa Pananampalataya na ating sinasampalatayanan.

⁸⁸ Diniretsa ko siya, at kinausap ko siya at may ipinakita ako sa kanya dun sa Kasulatan na di niya matatanggihan. Sabi ko, "Mattsson, kaibigan kita. Ngayon huwag ka ngang lulundag o lalaktaw. Manatili lang tayo rito, maghahawak kamay, bilang magkapatid na Cristiano, at mag-uusap." Kita n'yo?

⁸⁹ At inilatag ko sa harapan niya mismo ang Mensahe, at tumayo lang siya roon. Sabi niya, "Kap'tid na Branham, tama ka—tama ka nga."

90 Sabi ko, “Ngayon, Mattsson, tinatanggihan mo ba ’yan, o tinatanggap mo Ito.”

91 “Buweno, Kap’tid na Branham, ako—ako nga’y naniniwala na ang sinasabi mo ay Katotohanan.”

92 “Pero kung ganoon bakit di mo Ito matanggap-tanggap?” Kita n’yo? Talagang inilatag ko Ito sa kanya. At siya—siya, pagkatapos nun, pagkaalis na pagkaalis niya roon, mabilis nga siyang nawala. Kita n’yo?

93 Ngunit masdan n’yo nga ang nagawa ng lalaking ’yun sa kanyang mga pagmimisyon sa dako roon, mag-isa lang po siya n’yan. Hayan nga’t, puwede naman siyang magpasabi na lang sa Chicago at ipasundo sina Burton at lahat ng iba pa, ipadala ang mga kalalakinghang ’yun para sila na, ang magpaumpisa ng mga gawain sa dakong ’yun. Hayan nga’t, ngayon nakakaakay sila na umabot na ng laksa-laksa, sa isang munting rebaybal pa lang ’yan. Hindi nga siya isang lalaking may mga kaloob, isang lalaki lamang siya na may sapat na giting para pumaroon at magpaumpisa ng ganoon.

Kaya nakikinita n’yo ba kung ano sana ang magagawa sa ilalim Nito? Hayan sanang aabot ng milyun-milyon. Totoo ’yan. Napalampas na natin ang pagkakataong ’yun. Kaya nga ito ang iminumungkahi ko rito.

94 Ngayon tandaan n’yo, kung gagawin n’yo ito, matutuklasan n’yo, na maaaring may mga pagkakataong di kayo sasang-ayon kay Kapatid na *Ganito-at-ganoon*. Di kayo magkakasundo sa mga bagay-bagay. At tandaan n’yo, kung hahantong kayo sa puntong, sasabihin n’yo, “Buweno, dahil iba naman ang silip niya Rito sa silip ko, hindi na lang ako. . .” kung ganyan kayo aba’y may mali sa inyo. Hindi ’yun mali nung isang tao. Kayo ang mali dun. Dahil ang dapat sana’y, tinataguyod ng magkakapatid ang isa’t isa!

95 Heto nga ang isang bagay, kaming mga Branham, siyam kami, hayan nga’t nag-aaway kami na parang mga alagang aso. Pero, pagkatapos ng lahat ng ’yun, kapag tapos na kaming mag-away, nananatili pa rin kaming mga Branham. Batid ng isa na Branham ’yung isa pa. Batid kong Branham siya. Batid niyang Branham din ako. Kita n’yo? Ngunit nag-aaway kami. Nagagawa n’yo ang ganun sa pamilya n’yo, pero magkakapatid pa rin kayo.

At ganyan nga rin ’yan dito. Maaaring may pagkakaiba tayo, ayos lang ’yun, hayan nga’t isa pa rin tayo. Nagkakaisa tayo kay Cristo. Sinasampalatayanan natin ang Mensaheng ito, at manatili tayo Rito.

96 At ’yan nga ang sa tingin ko ang bagay na dapat gawin, ang magpatuloy lang sa pag-usad, hanggang sa pagparito ni Jesus. At sa ganitong paraan ko ito gustong iparating. At naniniwala akong kung may mga ano kayo. . .

⁹⁷ Kita n'yo, kailangan kasing maging masigasig kayo Rito. Kung hindi kayo masigasig, aba'y may mali naman yata. May mali talaga. Kailangan ngang di kayo ganun, na sasabihin n'yo, "Buweno, masigasig na masigasig ako nung nakaraang buwan, pero ngayon ewan ko ba." Kita n'yo, kung ganyan nga'y may mali talaga sa inyo. Kailangan n'yong maging masigasig, sa tuwina, kita n'yo, at magpatuloy lang tayo sa pagpukpok. Ang diyablo kasi 'yan, na sinusubukan kayong pigilan.

Gaya na lang, nitong huli nating pangulo na noon pa ma'y gustung-gusto ko na, si G. Eisenhower. Malaki ang paghanga ko kay General Eisenhower. Sabi niya noon, "Nung nakikipag bakbakan kami," sabi niya, "maraming beses 'yan na pupulot kami ng bala at isasaksak 'yun dun sa baril, at hihilahin namin 'yung pinaka espuwela dun, at hahayaang sumiksik dun 'yung bala, pero babara 'yun. Hindi 'yun puputok." Sabi, "Pero hindi kami sumuko." Sabi, "Siguro'y maglalagay uli kami ng bala, at babara uli 'yun, hayan nga." Sabi, "Pero hindi kami sumuko." Sabi, "Ipinagpatuloy lang namin kahit bara nang bara 'yung bala hanggang sa tuluyan na ring pumutok."

⁹⁸ Ganoon dapat. Ganoon ang dapat gawin para magwagi sa digmaan. Patuloy na magpursigi. Ilagay lang dun 'yung bala at kalabitin ang gatilyo. May layunin dapat kayo, isang punterya na dapat asintahin. At kung hindi 'yun pumutok, tanggalin mo, at maglagay ka uli ng ibang bala, at subukan mo uli. Maglagay ka na naman at subukan mo uli, hanggang sa may pumutok na isa. May isa nga riyan na kargada, at tuluyang puputok. Hayan nga't ganyan ang dapat nating gawin. Tuluy-tuloy lang tayong magpapatok, magpapatok, hanggang sa may mangyari.

⁹⁹ Ano itong ginagawa ko ngayon? Nagpapapatok ako ngayon. Pumunta ako rito, na di ko alam . . . kung saan ako dadalhin.

Isa 'yung responsibilidad! Milyong katao ang nakatingin sa iyo, "Ano kayang gagawin mo? Ano ang susunod na kilos?" Iniisip ng iba na patay na ako. Iniisip ng iba na *ganito* raw. Kahit 'yung tungkol sa baril na pumutok, noong isang araw, may mga nagsasabing nagtatangka raw akong magpakamatay. Lahat na halos, kita n'yo, saan man ako magpunta sa palibot ng bansa, maraming sabi-sabi. Kita n'yo? Subalit nararanasan n'yo ang lahat ng 'yan para magpatuloy kayong magsumikap. Hayan nga't, dala-dala n'yo ang pasanin ng mga tao.

¹⁰⁰ At isipin n'yo na lang, papaano kaya kung ilagay ng Diyos sa inyo, ang makatalos ng puso ng mga tao na kinakausap n'yo? Isipin n'yo 'yun. Kita n'yo? Mga kapatid, hayan nga't, alam kong may mga pasanin kayo, pero di n'yo talaga makuha. At di lang ito basta-basta na lang, heto ngang, may responsibilidad ka pang gaya nun.

¹⁰¹ Sasabihin n'yo, "Buweno, di hamak namang mas madali 'yan para sa iyo, Kapatid na Branham. Anumang dapat gawin,

sasalitain lang sa iyo ng Diyos.” Hindi. Hindi lang Siya ganun. Pinagpapagalan ko ang mga bagay-bagay, kagaya n’yo rin, at mas doble pa ngang hirap kung tutuusin. Siyanga. Kailangan ko nga itong pagpapalan nang dobleng sikap kaysa sa iyo.

At di hamak na mas marami ang pinapanagot sa akin kung tutuusin. Habang ang kailangan n’yo lang panagutan ay isang iglesya, ang kailangan n’yo lang panagutan ay inyong pamilya, o marahil ang sarili n’yo na nga lang, kita n’yo, samantalang milyun-milyong mga kaluluwa ang kailangan kong panagutan. Kaya naman dapat ay sigurado ako sa mga kilos ko. At kung binubulabog na kayo sa lagay na ’yan ni Satanas, dahil sa isang kaluluwa, o ilang kaluluwang maaakay n’yo, papaano naman kaya rito sa milyun-milyong nakaupo na maipanunumbalik? Ilan kayang pambubulabog ang ihahagis niya roon? Kita n’yo? Kaya nga kayrami mo talagang dapat isaalang-alang, mga kapatid. Yan nga, ’yan ang dahilan kung bakit nakararamdam ako ng kaba kung minsan. Tunay nga.

¹⁰² Gayumpaman hetong patuloy akong pumupukpok maging sa mga oras ngayon. Ilalagay ko ’yung bala dun. Kung puputok ’yun, magaling. Kung hindi ’yun puputok, hindi ako susuko. Itatapon ko ’yung balang ’yun, na hindi umubra, at susubukan ang isa uling bala. Siguro naman isa sa mga ’yun ay puputok. Ganoon lang ’yun. Isa sa mga ’yun ay puputok, siguro naman. Tapos, hayan—hayan ngang nais kong asintado ako, para, kung sakali ngang pumutok ’yun, matatamaan ko ’yung bagay na binabariil ko. At ngayon alam n’yo naman siguro ang ibig kong sabihin dun. Batid ko ’yan. Kita n’yo? May isang bagay, isang dako. Pagkagaling ko sa mga pagtitipon dito, sasabak ako sa isang dakong malayo kung saan. At parang di ko nga iniisip na ituro dun ang mga dakilang bagay na ito na itinuturo ko sa inyo rito.

¹⁰³ Naalala n’yo pa ba ’yung panaginip, na napag-unawa ko ’yung kahulugan, kung ano talaga ’yun? “Bumalik ka at mag-imbak ng Pagkain.” Saan ’yung imbakan? Sa tabernakulo rito. Saan kayo makakakita ng gaya rito sa buong bansa, saan mang lupalop ’yan, na maikukumpara sa Mensaheng taglay natin?

Ngayon, siyempre, may mga butihin tayong mga kapatid na lalaki sa iba’t ibang dako sa labas, sa maliliit na mga iglesya, na kasa-kasama natin. Mga kaisa natin.

May mapupuntahan pa ba kayong ibang mga dako, na ang bagay na Ito ay masusumpungan n’yo? Saan ka man magpunta ay wala talagang makapapantay Rito. Hayan nga’t mapupunta lang kayo sa mga makadenominasyong kredo. Mapapalayo lang kayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Mapapalayo lang kayo sa iba’t iba pang mga bagay. Kita n’yo? At dito nga ang dako kung saan nakaimbak ang Pagkain.

104 Buweno, hayan nga't sa isang Mensaheng ipinangangaral ko rito sa inyong lahat. . . Tingnan n'yo, inaabot ako nang anim na oras para ipangaral, ang isang Mensahe. Buweno, kung gagamitin ko nga ang isa sa mga Mensaheng 'yan, gugugol ako nang sanglinggo para matalakay Ito, kukuha ng kaunti *rito* at kukuha ng kaunti *roon*, kita n'yo, dahil nakaimbak na Ito rito.

105 Nasa mga teyp na Ito. Lalaganap Ito sa buong mundo sa pamamagitan ng teyp, aabutin ang mga tao sa kani-kanilang mga bahay. Makakaabot sa kamay ng mga itinalaga ng Diyos ang mga teyp na ito. May kakayahan Siyang itakda ang pag-abot ng Salita. Itinatakda Niya ang lahat na makaabot sa dapat na abutin. Yan ang dahilan kung bakit pinabalik Niya ako para gampanan ang bagay na ito. "Mag-imbak ng Pagkain dito." Pinigilan Niya akong makapangibayong-dagat.

106 Sabi ni Kapatid na Arganbright, "Buweno, sige na, humayo ka na. May isang gabi ka, tapos n'yan makapapasyal ka bilang turista saanmang panig ng bansa." Ganoon na ganoon nga rin ang panghihikayat kina Kapatid na Fred at Kapatid na Banks na pumunta.

107 Sabi ko, "Hindi ako mapapapunta sa ganung paraan." Kita n'yo? Kapag ganun kasi'y may iba pang bagay liban dun.

108 Nagtutumulín ako hanggang sa maabot ko ang dapat kong mapatunguhan ngayon, ngunit hindi ko alam kung saang gawi ako pupunta. Hayan nga't may mga bala na nakalapag sa paligid ko. Tinawag ba Niya ako pabalik sa pagi-ebanghelyo? Tinawag ba Niya ako para makapag-misyon sa ibang bansa? Tinawag ba Niya ako upang maging propeta Niya? Magpapastor nga ba ako sa isang lugar? Anuman ang nakatakda na dapat kong gawin, heto ngang tuluy-tuloy lang akong maglalagay ng bala at hihilahin ang espuwela nun. Siguro naman may puputok na isa roon. Hayan nga't hindi lang ako basta tutunganga na lang at titingin, magsasabi, "Panginoon, Ikaw po ang maglagay ng bala dun sa baril." Ako po ang maglalagay ng bala sa baril, ako mismo ang hihila. Pero Siya ang magpapaputok. Siya Yaong bahala roon. Ang gagawin ko lang ay tuluy-tuloy na kumilos.

109 Hayan nga't, kapag nagpupunta ako sa mga pagtitipon na gaya nito ngayon, basta nagpupunta lang ako. Hindi ko alam. Hayan ngang, hindi—hindi ako marahil makapangungusap dun ng gaya nitong Mensaheng ipinangangaral ko rito. Marahil nga'y di ako magkaroon ng espirituwal na pagkilala dun sa pang-gabing gawain. Hindi ko po alam. Basta nagpupunta lang ako, nang hindi ko alam kung anong gagawin ko. Hindi ko kasi masasabi sa inyo. Basta nagpupunta lang ako, at 'yun lang.

110 At 'yun na 'yun ang dapat n'yo ngang gawin. May mabubuo kayong bagay sa isip n'yo. Gusto ng mga tao na magkaroon ng isang bahay-sambahán. Ipatayo n'yo agad. Bilisan n'yo sa abot

ng makakaya n'yo, ipatayo n'yo agad. Kumuha agad kayo ng mga tagapagturo n'yo at iba pang kailangan.

Sa mga kapatid natin diyana sa iba't ibang dako, sa inyong maliliit na mga iglesya, at may pagnanais kayo, na gumanap ng gawain, gagantimpalaan kayo ng Diyos para riyana. Humayo kayo sa labas, mangaral, gawin ang lahat ng makakaya n'yong gawain. Magbuklod-buklod kayong lahat, na mga kalalakihan, at magkaroon kayo ng mga pagpupulong, at pag-usapan n'yo ang tungkol sa malalalim na bagay ng Kasulatan.

At, manalangin. Huwag—huwag lang kayong dito lang sa lugar na ito kapag may pagtitipon, na dito lang kayo sa gawain manalangin. Gawin n'yo ang inyong panalangin sa lihim. Huwag dun sa kitang-kita kayo. Pumasok kayo sa inyong mga kuwarta. Magtago kayo sa isang lugar. Hayan nga't lumuhod kayo dun, at manatili lang sa harap ng Diyos, at manatili kayo sa lugar na 'yan.

Pagkatapos kung maramdaman n'yo, na para bagang may kung anong bagay na kumikilos, oh, hayan nga, at pagkatapos nalaman n'yong medyo lumilihis-lihis na 'yun sa Salita, kung gayon ay mag-ingat kayo. Kahit gaano pa itong tila kaganda, putulin n'yo na 'yun agad. Dinatnan kayo ng maling espiritu. Sapagkat, ang Mensahe ng panahong ito ay nakaayon sa Salita. Kita n'yo? Huwag kayong. . . Kita n'yo?

¹¹¹ Kung sasabihin n'yo, "Oh, naku, Kapatid na Branham! Sinasabi ko sa iyo na *ganito-at-ganyan*. Aba, tumayo si *Ganito-at-ganyan* noong isang gabi, tapos may nangyaring *ganito*."

Bantayan n'yo 'yun. Bantayan n'yo 'yun nang maigi. Huwag n'yong tanghian ang anumang. Maghintay lang kayo at tingnan kung paano 'yun kikilos, at pagkatapos ay dalhin n'yo 'yun sa Salita at tingnan kung paano 'yun humahambing sa Salita. Pagkatapos, kung maihambing n'yo na ito sa Salita, at maayos naman ang lahat, pasalamat n'yo ang Diyos, at hayan nga't patuloy lang kayong sumulong, kita n'yo, hangga't nananatili lamang ang bagay na 'yun sa Salita. Yan ang pananaw ko, sa kung ano sa palagay ko ang nararapat n'yong gawain.

¹¹² Kapatid na Neville, Kapatid na Ruddell, Kapatid na Crase, at Kapatid na Beeler, at kayong lahat na mga kapatiran na narito, Junie, saan ka man naroon, at ang iba pa sa inyo na mga kapatid na lalaki, pagpalain kayo nang sagana ng Diyos.

Hayan nga rin nakikita ko sina Terry, Lynn, Charlie Cox, David, at marami pa sa inyo na mga kabataang lalaking narito. Pahiran kayo ng Diyos. Grabe! Gustung-gusto kong kunin ang ilan sa inyo, upang isabak sa pagi-ebanghelyo, at ipadala kayo sa isang lugar, kita n'yo, dahil alam kong hinog na kayo. May paninindigan na kayo at alam n'yo na ang Mensahe, at nag-aaral kayo, pinapatunayan n'yo sa inyong mga sarili na karapat-dapat kayo, nararamdaman n'yong may pagkatawag kayo sa inyong

buhay. Hayan ngang may nakikita pa akong dalawa o tatlong kabataang lalaki, at apat o lima, na nakaupo, diyan sa may bandang likuran *dito*, at—at hayan nga. Kayo nga'y kabataan pa. Ako nama'y tumatanda na. Tumatanda na si Kapatid na Neville. Edad-media na kami. Kung tuluy-tuloy pa ang panahon, mawawala na kami sa eksena, di magtatagal. Kayo na ang dapat magpunan sa aming tungkulin. Kita n'yo? At kaya, nakita n'yo, at kung magkagayon, marahil, sa araw na 'yan, mas lalago pa kayo, kung may bukas pang darating.

¹¹³ Subalit habang may kasalukuyang ngayon, gumawa tayo habang may panahon pa. Maaaring hindi na dumating ang bukas. Kung darating man, maging handa tayo para dun. Nakikita n'yo ba kung ano ang gusto kong ipahiwatig? Ngayon, ganyan nga ang gusto kong, isipin n'yo.

¹¹⁴ Diba napakaganda na makita natin ang kapatid natin mula sa Utica, si Kapatid na Crase, lahat kayong iba pang mga kalalakihan dito, sama-sama, magkikita-kita, magpupunta sa isang lugar. Magbubuklod-buklod ang mga ministro at mag-uusap sa mga bagay-bagay. Kailangan n'yo nga ang ganitong pagsasama-sama. Kailangan n'yo 'yung ganito, na magkasama-sama, na makapagtipun-tipon. Magsama-sama kayong lahat na mga kalalakihan at magkaroon kayo ng kompiyansa sa isa't isa, at ganun nga, at resolbahin n'yo ang iba't ibang suliranin, at magtakda kayo ng araw, kahit, minsan sa isang buwan, mga ministro lang. Magkita-kita kayo sa isa sa mga simbahan ng kasamahan n'yo. Maupo kayo roon at talakayin n'yo ang mga bagay-bagay, at pag-usapan 'yun, bawat isa sa inyo na mga pastor, at mga ebanghelistang, at kung anuman kayo.

At pagkatapos kung may malaki-laking suliraning mapag-uusapan, na hindi n'yo maayos, hayan nga, at nasa labas ako n'yan na nag-i-ebanghelyo. Hindi ko kasi alam kung nasa labas ako ng mga panahong 'yan. Kung nasa labas nga ako n'yan, alam n'yo namang babalik-balik ako, palagi, kahit anong oras. At kung mapag-uusapan n'yo nga ang ganyang mga bagay, hayan nga, sa pagbalik ko rito, buweno, magtitipun-tipon tayo at uupuan natin 'yan. Sigurado namang may pagkatawag ang isa sa inyo sa inyong buhay. . .Hindi natin ito gagawing parang eksklusibong panayam lang sa akin o parang ganun sa ginagawa natin noon. Magsasama-sama nga tayo mismo, at mananatili dun hanggang sa makamit natin ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

¹¹⁵ At kung maitutuwid n'yo ang mga mangangaral, at siya'y tatahak sa tama, masdan n'yo ang gagawin niya. Mahihikayat niya ang isang. . .Maisasaayos nun ang daan-daan pang ibang bagay. Ganoon nga. Dati kasi'y sa atin lang nang sa atin, kita n'yo. Kailangan n'yo itong lagyan ng sistema, sistema ng Diyos.

116 Gaya ng sinabi ni Jethro kay Moises, “Aba, hindi mo sila kaya kung ikaw lahat.” O, hayan nga’t nagpisan ang Diyos ng matatanda roon, pitumpu sila. At kinuha ang Espiritung nakay Moises, at isinalin sa pitumpung matatandang naroon. At sila’y nagpropesiya. At hindi naman nanghina si Moises kahit kaunti pagkatapos nun. Lumakas pa nga siya. Kung gaano kasigasig siyang nagpropesiya noon bago kunin sa kanya ang Espiritu ay ganun pa rin naman ang kanyang, pagpropropesiya. Kita n’yo? Kanyang ibinukod lang, sabi, “Ngayon, Moises, hayaan mong sila ang humatol sa maliliit na bagay. At, kapag, sa mga bagay na mahahalaga, pumunta ka sa kanila at tulongan sila sa mga ’yun.”

117 Ngayon, ’yan nga ang dapat gawin. Ganoon ang paraan ng Diyos noon. Ganoon ang paraan ng Diyos sa—sa sinaunang Kapanahunan ng Iglesya. At naniniwala akong ’yan ang paraan ng Diyos hanggang ngayon, hayan nga, sa ganoong paraan din natin ’yan gagawin. Kaya, gawin na natin ito. Huwag na tayong marami pang sinasabi rito, at gawin na lang natin ito. Ganoon dapat. Magagawa nga natin ito sa biyaya ng Diyos. Hindi ba’t naniniwala kayo rito? [Sinasabi ng mga kapatiran, “Amen.”—Pat.]

Ngayon, ngayon, tingnan natin. Oh, nagugol ko na pala ang oras ko.

118 Pero may sinulat na pabatid dito si Billy. Sandali lang po, titingnan ko lang kung ano ito. “Ako’y taga-New Albany. Anak kong si Grace, Memorial Hospital, nabali ang kanyang braso. Humihiling ng panalangin para sa kanya. T-r-o-u-b, W. C. Troub.” Troub, parang ganoon.

Manalangin tayo para sa dalagitang ito.

119 Makalangit naming Ama, habang kami rito’y nagkakausap-usap ngayon, heto ngang naiisip ko na marahil noong tumingin si Ireneo sa kanyang maliit na grupo ng kalalakihan, siguro’y di hamak na mas maliit na grupo ’yun kaysa rito ngayong gabi. At wala silang maupuan na upuan. Naupo sila sa malalamig na lumang bloke ng bato. Hayan nga’t naupo sila dun, at nakipag-usap siya sa kanila. Ang mga lalaking ’yun ay humayo kahit na, kung hahayo sila, alam nilang maaari silang ipakain sa mga leon, mapugutan ng ulo. Subalit ang Pananampalataya ng aming mga magulang ay nanatiling buhay pa rin, sa kabila ng bartolina, apoy at tabak.

120 Nagpapasalamat po ako sa Iyo dahil sa mga lalaking ito, Panginoon. Nanalangin po akong Iyong pagpapalain sila. At binabasbasan ko ang bawat isa sa kanila, sa Iyong Pangalan, na panatilihin Mo po sila sa Pananampalataya na ibinigay na minsan sa mga banal, na nawa’y hindi sila kailanman lilihis doon. At mula sa grupong ito ay magsugo Ka nawa ng mga pastor, mga guro, mga ebanghelista. Oh Diyos, ipagkaloob Mo

po ito. At maging matatag nawa sila sa paglilingkod, kahit saan, saanman sila magtungo. Patuloy nawa silang gumanap hanggang sa pagparito ni Jesus.

¹²¹ At ngayon, Ama, dumadalangin ako para sa bawat isa sa mga kahilingang ito na idinulog ngayong gabi, at hinihiling namin na alalihin Mo ang dalagitang ito rito, na nabalian ng braso. Pagalingin nawa siya ng kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat at gawin siyang maayos na. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Idinadalangin kong Iyong tulungan siya at pagpalain siya. Pagpalain Mo ang mga mahal niya sa buhay sa kanilang pagdulog. At ibangon nawa ng kapangyarihang nagbangon kay Jesus mula sa libingan ang batang ito. Gumaling na nawa ang kanyang braso.

¹²² Ang lahat ng mga kahilingang ito na nabanggit sa gabing ito! Ang kaawa-awang batang lalaking nakahimlay roon, na mayroon nitong, narinig kong ipinabatid ito ng kapatid nating lalaki, na hayan—hayan ngang kinakain na 'yung binatilyo ng Hodgkin's disease na umabot na sa pagkalapnos ng kanyang mukha, dahil dun sa radium at mga kung anu-anong bagay na ibinibigay nila sa kanya. Diyos, mahabag Ka po sa batang 'yun. Itulot Mo pong siya'y mabuhay.

Naiisip namin 'yung lalaking hindi preparadong katagpuin Ka, at yumao na ngayon; ang kanyang maybahay ay nabasag ang bungo. May batang ipaaampon! Ang lahat ng gaya nito!

Si Kapatid na babaing Bruce, dala-dala niya 'yung tubig. Tumatanda na kasi siya, Ama. At nabanlian ang kanyang mga braso, at sa taas at baba ng kanyang katawan. Idinadalangin namin siya. Nasa ospital siya ngayon marahil. At idinadalangin naming ilitas Mo siya at ilabas siya. Ipagkaloob Mo ito, Ama. Hinihiling po namin ang mga pagpapalang ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹²³ Ngayon gusto ko sanang magtanong, at tanungin kayo kung—kung sa tingin n'yo puwede pa tayong maglaan ng kaunting oras para sa Salita. May oras pa ba kayo? [Sinasabi ng mga kapatiran, "Oo."—Pat.] Kahit kaunting . . . Ngayon parang, batid ko, na medyo atrasado na, pero may kaunting bagay lang ako rito na binuo ko kani-kanina, na nais ko na—na ipangusap, kahit kaunting saglit lang, na marahil makatulong sa inyo.

At naisip ko, siguro po, ipababatid ko muna ito. Ngayon, tineteyp nga ito ngayon. At kung may sinuman diyan na nais balikan ito, may kopya nito si Jim, kita n'yo, tungkol sa kung ano 'yung pananaw ko na nararapat gawin, at kung anong dapat gawin ngayon . . . na may kinalaman sa inyo mga kapatid.

¹²⁴ Ngayon, alam n'yo ba, noong humahayo ang kalalakihan nung unang panahon, kung minsan nasa mga anim o walo lang sila, na magkakasama? At napapayanig nila ang buong bansa. Buweno, alam n'yo ba, noong sina Aquila at Priscila, doon sa

dakilang rebaybal na idinaraos ni Apolos sa dakong 'yun, nasa mga anim o walong kalalakihan at kababaihan lang sila noon. Yung buong iglesya, nasa anim o walo lang. Kayo rito'y lima o anim, o makapitong beses na mas marami ngayong gabi kaysa sa kanila noon.

¹²⁵ Alam n'yo bang, lalabindalawa lang ang apostol ni Jesus. Lagi tayong nag-iisip na dapat marami. Pero hindi nakikipag-ugnayan ang Diyos sa kanila na marami ang bilang. Dito sa kakarampot na grupo Siya pumipisan. Kita n'yo? Tunghayan n'yo sa lahat ng mga nagdaang panahon, sa anumang panahong nakipagtagpo Siya sa mga tao. Dun sa maliliit na grupo, kita n'yo, nakipag-usap, at nagtalaga. Mabuting kalooban ng Diyos ang gawin ang bagay na 'yan. Sa ganoong paraan Niya ito nais gawin. At ngayon nais lamang natin na panatilihin ang Diyos sa ating kalagitnaan, at humayo, na ginagawa ang siyang mga bagay na ito.

¹²⁶ Ngayon, sa Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon, nais kong ipangusap sa inyo itong *Panggabing Ebanghelismo*. At pagkatapos ako'y, kung ipahihintulot ng Panginoon, aalis siguro ako hanggang sa papatapos na ang taglagas, at dun lang ako makakabalik. Babalik na n'yan ako sa, bandang Setyembre na siguro.

At ngayon umaasa akong, sa panahong 'yan, ay magiging maayos ang lagay ng mga bagay-bagay sa inyo mga kapatid, at lalago ang bilang ng inyong mga pagtitipon, at ang biyaya ng Diyos ay sasainyo sa tuwina, hanggang sa magkita-kita tayo uli. At umaasa akong ipapanalangin n'yo ako, at ang tagumpay ng lakad ko.

Tandaan n'yo, ang mga panalangin n'yo para sa akin, ang ibig sabihin nun ay mga kasamahan ko kayo. Kayo'y—kayo'y kaibigan ko, katulungan ko. At, sa pagsasama-sama natin, mga katulungan tayo sa Panginoon. At ngayon, sa pagtayo ko roon sa harapan ng kaaway, nais kong—nais kong alalahanin yaong matatapat, mga tunay na kawal na ang mga panalangin nila para sa mga maysakit at sa mga nagdurusa ay tinutugon, hayan nga't nananalangin ang mga kalalaking 'yan para sa akin. Kailangang-kailangan ko nga ito sa paghayo ko sa dako roon. Talagang kailangan ko ito. Kaya, idalangin n'yo akong lahat kapag nagkakatipon kayo. Huwag n'yo akong kalilimutan, sa anumang pagtitipon. Ipanalangin n'yo ako.

¹²⁷ Ngayon, sa San Juan, sa ika-9 na kabanata, nais kong basahin mula sa ika-26 na talata hanggang sa ika-35, ngayon, sandali lang po ito. At pagkatapos tayo'y—tayo'y magtatapos na sa susunod na dalawampu o tatlung minuto, o marahil mas maaga pa riyan, kung loloobin ng Panginoon. Nais kong basahin ang mga Kasulatang ito ngayon simula sa San Juan, 26

hanggang. . . San Juan 9:26-35, inilista ko 'yun dito, may ibang bagay lang akong iniisip.

Sinabi nga nila sa kaniya, Ano ang ginawa niya sa iyo? pano ang pagkapadilat niya sa iyong mga mata?

At sinagot niya sila, Kasasabi ko lamang sa inyo, at hindi ninyo pinakikingan: bakit ibig ninyong marinig. . . uli? ibig бага naman ninyong kayo'y maging mga alagad niya?

At siya'y kanilang inalipusta, at sinabi, Ikaw ang mga alagad niya; datapuwa't kami'y mga alagad ni Moises.

Nalalaman naming nagsalita ang Dios kay Moises: datapuwa't tungkol sa taong ito, ay hindi namin nalalaman kung taga saan siya.

Sumagot ang tao at sa kanila'y sinabi, Narito nga ang kagilagilalas, na hindi ninyo nalalaman kung siya'y taga saan, at gayon ma'y pinadilat niya ang aking mga mata.

Nalalaman naming hindi pinakikingan ng Dios ang mga makasalanan: datapuwa't kung ang sinomang tao'y maging mananamba sa Dios, at ginagawa ang kaniyang kalooban, siya'y pinakikingan niya.

Buhat nang lalangin ang sanglibutan ay hindi narinig kailan man na napadilat ng sinoman ang mga mata ng isang taong ipinanganak na bulag.

Kung ang taong ito'y hindi galing sa Dios, ay hindi makagagawa ng anoman.

Silang nagsisagot. . . Sila'y nagsisagot at sa kaniya'y sinabi, Ipinanganak kang lubos sa kasalanan, at ikaw бага ang nagtuturo sa amin? At siya'y pinalayas nila.

At nabalitaan ni Jesus na siya'y pinalayas nila; at pagkasumpong sa kaniya, ay sinabi niya, Sumasampalataya ka бага sa Anak ng Dios?

¹²⁸ Ngayon nais kong mangusap kahit ilang minuto lamang sa inyo mga kapatid, umaasang, ang maiksing pangungusap ko rito, hindi ko alam kung anong magiging gamit nito. Umaasang gagamitin ito ng Diyos sa isang paraan. At ngayon dito po, sa Kanyang Salita, hayan nga't batid kong kayo Kapatid na Sink, Kapatid na Neville o isa sa inyo na mga ministro, kayo'y lagi namang nangangaral. At dahil narito nga akong kasama n'yo, pagpaumanhinan n'yo na lang po ako, nais ko lang mangusap sa inyo nang kaunti sa paksang ito.

¹²⁹ Ngayon nais kong talakayin ang paksang ito: *Pagpanig Kay Jesus*. Itong mga Fariseo at mga namumuno sa Kanyang panahon kanilang sinisikap na pabulaanan Siya sa harapan ng mga tao. Sadyang ganoon talaga ang paraan ng pagkilos ng diyablo. Sinisikap na lang sa tuwina ng mga Fariseo at ng mga guro

ng Kanyang panahon na pabulaanan si Jesus. Sila, lahat na lang ng maibabato nila sa Kanya, ibinabato nila. Lagi silang nakabantay sa Kanya, walang tigil, makahanap lang ng mali. At hindi sila kailanman nagsalita tungkol sa mga mabubuting bagay na ginawa Niya. Laging silang naghahanap ng butas na kanilang mapapabulaanan Siya, at sasabihin, “Nakita n’yo na, tingnan n’yo. Kung tao Siya ng Diyos, hindi Niya ito gagawin sa *ganitong* paraan.” O, “Kung tao Siya ng Diyos, hindi Niya ito gagawin sa *ganoong* paraan.” Sinisikap nilang bahiran siya ng dumi, para mahatak ang mga taong huwag sumampalataya sa Kanya. Ganoon ang pagkilos ng diyablo.

¹³⁰ At ang lumang diskarteng ’yan ay hindi kailanman nawala. Hayan nga’t ang isang ministro’y makagagawa ng maraming kamalian. At kung pupunta siya sa isang lugar, isang katangitanging kapatid na nagsusumikap namang gumawa ng tama, at nagpapagal para pangunahan ang mga tao sa tama; lahat na lang ng maiudyok ng diyablo sa di-mananampalatayang ’yun o sa nabansagan lang na Cristianong ’yun, sa lugar na ’yun, na maibabato niya sa lalaking ’yun, ay gagawin niya.

Alam n’yo, ang tunay na Cristianong pamamaraan ay ang ilihim ang lahat sa abot ng inyong makakaya tungkol sa isang kapatid. Huwag n’yo nang ipagsasabi ang masasamang bagay niya. Ang mabubuting bagay na lang niya ang ipagsabi n’yo. Yung mabubuting mga bagay na lamang na nalalaman n’yo tungkol sa kanya ang ipagsabi n’yo. Kung may masama man, hayaan n’yo na lang. Maraming pinagdadaanan ’yang kaawa-awang kapatid na ’yan, di n’yo lang alam. Huwag n’yo nang para bang kukuha pa kayo ng malaking tungkod at itutulak pa siya lalo sa hukay. Ang Cristianong pag-uugali ay hanguin siya at ilabas siya mula sa hukay. Kita n’yo? Huwag na huwag n’yo ngang itutulak pa siya pababa. Lugmok na nga siya, ilulugmok pa. Tulungan n’yo siyang makaahon. At, sa kabila n’yan, ang dami sa atin ngayon, ang daming tao ngayon, sasabihin ko nga sa inyo, na ganun ang ginagawa, na maghahanap pa talaga ng kung anong bagay na masasabi, na talagang kasiraan.

¹³¹ Ngayon, halimbawa, kung—kung may magawang mali ang isa sa inyo mga kapatid at makagawa ng bagay na mali; na, sa kalagayan natin ngayon di natin maiwasang magawa; ako man, makagagawa pa rin; bawat isa sa atin. Subalit, sa ating pag-usad, pagkatandaan nating magkakapatid tayo. Magkakapatid tayo. At kung malagay tayo sa pag-aaway, na magkakaaway-away tayo. Sama-sama nating idulog ito. Idulog natin ito sa harap ng ating mga kapatid at ayusin ito.

¹³² Ngayon, ganito nga kami noon, sa pamilya Branham, kung may nagawang di maganda ang isa sa mga nakababata kong kapatid, isusumbong nila ang tungkol dun kay Bill, dahil ako nga ang pinakamalaki. At kailangan kong tumayo roon at tingnan kung alin ang tama at ang mali. Buweno, magpapasya ako,

habang sila . . . kung alin nga ang tama at ang mali. Kung hindi pa rin sila kumbinsido dun, hayan nga't patago sila sa likuran ko na mag-aaway. Ngunit mga magkakapatid pa rin sila, kita n'yo. Dun sa likod ng bakuran ay nagsisipag-awayan sila, sa isa't isa; pero pagdating sa harap ng bakuran sila'y makikipag-away, para sa isa't isa. Kaya ganun lang 'yun, kita n'yo, at sa huli'y magkakapatid pa rin kami.

¹³³ Buweno, ganoon nga, sa ganoong paraan natin—natin ito dapat gawin. Kita n'yo? Kung may laban ka sa isang tao, sa iyong kapatid, huwag mo nang ipagsabi pa sa iba ang tungkol dun. Kung may kamalian, pumunta ka sa kanya at sabihin sa kanya. At pagkatapos kung makikipagtalo siya sa iyo, saka ka pa lang magdala ng ibang kasamahan. Pagkatapos resolbahin n'yo 'yun sa paraang sinabi ng Biblia.

¹³⁴ Ngunit, si Jesus, kanila—kanila talagang pinagsisikapang makahanap ng katiting na duming masusumpungan nila, para pabulaanan Siya sa paningin ng mga tao.

At ganyan ang gusto ng diyablo. Gusto nilang—gusto nilang mapinsala ang impluwensiya mo sa harap ng mga tao. Hayan nga't sa ganito mo dapat bantayan nang mabuti ang ginagawa mo. Magsilakad kayong gaya ng mga tunay na mga lalaki ng Diyos. Magsalita kayong gaya ng mga lalaki ng Diyos. Kita n'yo? Kumilos kayong gaya ng mga lalaki ng Diyos. Mamuhay kayong gaya ng mga lalaki ng Diyos. Sapagkat, “Ang diyablo, na inyong kalaban, ay gumagala na parang leong umuungal, sinisikap na makapanila sa abot ng kanyang makakaya.”

¹³⁵ Bakit nga ba nila ginagawa 'yung ganun? Naiinggit sila sa Kanya. Yan nga ang dahilan kung bakit sinisikap nila Siyang pabulaanan. Naiinggit sila sa Kanyang ministeryo. At 'yan ang dahilan kung bakit sinisikap nilang pabulaanan. Buweno, taglay Niya kasi ang ministeryo ng Diyos, at alam naman nila 'yun, pero salungat kasi Ito sa kanilang kredo. Kaya sinisikap nila Siyang pabulaanan, binabantayan ang lahat ng galaw na Kanyang . . . bawat maliliit na maipupulang mapapansin nila, para alisin Siya sa pagkakahambalang sa daan. Gusto nilang patigilin Siya. Gusto nilang iwan Siya ng mga tao.

Gusto nilang sabihin, “Ngayon, ang Lalaking ito ay bulaan. Tingnan n'yo rito. Ngayon, hayan Siya. Kanyang—Kanyang—Kanyang gagawin ang *ganito*, samantalang alam n'yo namang di tama 'yun. Ang turo sa atin, sa buong buhay natin, ay dapat nating paniwalaan ang mga matatanda sa iglesya. At heto Siya, tumayo roon at pinagalitan ang matanda sa iglesyang naroon. Hindi Siya sang-ayon sa tradisyon ng ating mga magulang. At ating . . . Dapat nating paniwalaan ang tradisyon ng ating mga magulang. Itinuro sa atin 'yan, ng bawat rabi, sa haba-haba ng panahon. At naritong darating na lang ang Lalaking ito at di makikiayon sa kanila. Kita n'yo? Aba, ang Lalaking gaya n'yan

ay di man lang angkop maging isang mangangaral.” Kita n’yo? Sinisikap nila Siyang pabulaanan.

¹³⁶ Ngunit, sa kabila ng lahat ng ’yan, ang mga nanampalataya sa Kanya at nagmamahal sa Kanya, at nakamalas ng Kanyang mga tandang nababatay sa Kasulatan, na mga himalang tanda, ay hindi napigilan ng mga nagpapabulaan. Hindi, po. Sila na sumampalataya sa Kanya ay sumampalataya nga sa Kanya. Sila na umiibig sa Kanya ay nanindigan para sa Kanya. Hindi nila tinitingnan kung ano ’yung pinagbibibintang ng iba sa kanila.

¹³⁷ Oh, kung maging ganoon lang sana tayo! Kung makakaya lang sana nating huwag tumingin sa mga ganoong bagay. Kung may pupunta rito, sasabihin, “Alam mo? Sabi nila isa ka raw pentecostal.”

“Hindi sa denominasyon.”

“Buweno, ikaw ’yung ano. . . Ikaw, ikaw ’yung tulad ng iba na nagbabautismo sa Pangalan ni Jesus.”

“Oo. Ganoon nga.”

¹³⁸ “Buweno, may sasabihin ako sa iyo. May kilala akong isang lalaki, minsan, na nabautismuhan sa ganyan, pero *ganito-at-ganyan* naman ang pinaggagagawa niya.”

¹³⁹ Ngunit tingnan n’yo, wala naman talagang kinalaman ’yun Dito. Ang diyablo nga ’yan, na sinusubukang mambato ng dungis sa iyo. Lagi nilang ituturo sa iyo ’yung lumang barkong sumadsad sa dalampasigan, pero hindi nila ituturo sa iyo ’yung barkong nakarating nang ligtas sa paglalakbay. Siyanga. Kita n’yo? Siyanga.

¹⁴⁰ Lagi na lang silang mamamato ng kabulukan, at sasabihin, “*Heto* ang halimbawa. *Ganito* kasi ang nangyari. May nakilala akong isang mangangaral na isang holiness, at gumagawa siya ng *ganito*, *ganoon*, o kung *anu-ano pa*.” Pero ang mga taong ito hindi sila nagbabanggit tungkol sa mga hindi holiness, kahit gumagawa rin ng ganoon, kita n’yo na. At hindi man lang nila nababanggit ang mga dakilang bagay na ginawa ng Diyos.

¹⁴¹ Gaya na lang na may magsasabi, “Oh, *heto itong* lalaking ito’y napalayo na nang husto. Siya, siya’y napalayo na nang husto.” Nagawa marahil ng lalaking ’yun ang bagay na ’yun. “Napariwara niya ang sarili niya. Napalayo na siya nang husto. Naging panatiko na siya.” Nagawa marahil ng lalaking ’yun ang gayon. Pero habang nakatuon sila dun sa mangilan-ngilan dun na napalayo, sa isang ’yun na napalayo nang husto, bakit di man lang nila napansin itong milyun-milyong ito na hindi naman napalayo? Hindi nila kasi tinitingnan ’yun. Nakita n’yo na ang ibig kong sabihin? [Sinababi ng mga kapatiran, “Oo.”—Pat.]

¹⁴² Kaya, yaong mga taong sumusubok, silang mga Fariseo, at mga Saduceo, at mga mapagpaimbabaw, at mga Herodiano, hayan nga’t lahat sila’y sinubukang mambato ng kasiraan kay

Jesus. Subalit sila na mga tunay na mananampalataya na itinalaga na nung una pa lang na makinig sa Mensaheng 'yun, sila nga'y patuloy na nakikinig Dito at wala silang nakikita na kahit anong kapintasan Dito.

¹⁴³ Ganyan din sa ngayon. Ang mga nananampalataya sa Kanya, ay umiibig sa Kanya. Ang mga nananampalataya sa Kanya, ay walang nakikitang kapintasan sa Kanya. Wala silang nakikitang anumang hidwang paniniwala. Wala silang nakikitang anumang mali. Wala silang nakikitang anumang mali sa Kanyang Salita. Wala silang nakikitang anumang mali sa Kanyang mga tao. Si Jesus lang ang nakikita nila. Yun lang. Sila, sila'y—sila'y itinalaga na sa Buhay na Walang Hanggan, kaya pumapanig silang maigi kay Jesus at nananatili roon.

¹⁴⁴ May inaawit-awit nga tayong munting awit noong araw, Kapatid na Roy Roberson. At inaawit natin ang munting awit na 'yan dito, sa pagkakatanda ko, kapag napaparito ka noon.

Tatahakin ko ang lansangan kasama ng ilang sa Panginoon ay kinamuhian.

Maglalakbay akong si Jesus ang kasama, at ako'y magpapatuloy sa paghakbang.

Hayan nga't mas nanaisin ko pang kahit mag-isa basta't si Jesus ang kasa-kasama,

At kahit na ang aking magiging unan, tulad ni Jacob, ay batuhan.

¹⁴⁵ Buweno, narinig n'yo na ang munting awit na ito. Siyanga. Mas nanaisin ko pang tahakin ang daan ng dinudusta, nanaisin ang daan ng mga kinamumuhian, nanaisin ang daan ng mga pinaguusap-usapan, basta't lalakad akong ang kasa-kasama ay si Jesus. Wala ka ngang makikitang kapintasan Dito, saan man tingnan. Hindi ka tumitingin sa pagkakamali ng kasama n'yo. Basta nagpapatuloy lang kayo. Ganoon lang.

Ngayon, ganoon ang ginawa nila kay Jesus. Hindi nila—hindi nila . . .

At turuan n'yo rin naman ang mga miyembro n'yo, sa ating mga pastor na narito, na ganoon din ang gawin.

¹⁴⁶ Na kung may magpupunta sa inyo, sasabihin, “Alam mo, diyen sa iyong iglesya, 'yung mga tao ryan *ganito-at-ganoon*. Sila . . .” Ganoon nga, marahil.

¹⁴⁷ Ganoon marahil 'yung isang dosena sa kanila na nakaupo ryan, pero napapansin n'yo ba 'yung isang 'yun na—na—na maayos naman, na nakaupo sa isang tabi? Kita n'yo? Inyong—inyong—inyong . . . Hinuhusgahan n'yo agad 'yung kakahuyan, iilang punongkahoy pa lang naman ang nakikita n'yo. Ganoon nga. Ngayon, ganoon nga 'yun, baligtarin n'yo man. Kita n'yo na ngayon?

¹⁴⁸ At kaya nga matitigas sila. Di nila gustong aminin na ang Kanyang ginagawa ay gawa ng Diyos, kaya sinusubukan nilang maghasik ng kalituhan at makumbinsi na di sumampalataya ang mga tao. Pero ang mga taong sumasampalataya sa Kanya, ay nanatili mismo kasama Niya. Pumanig sila.

¹⁴⁹ Alam n'yo, may mga ilang tao ako rito sa isip ko, ilang mga tao na nailista ko rito. Itong lalaking bulag na ito'y hindi nila mababago ang isip, ito ngang lalaking pinagkalooban Niya ng paningin. Alam na natin ang kuwento. Hayan nga't nagbitiw pa siya sa kanila ng pangmulat na tanong, ganun nga. Ngayon, nagsipunta sila roon.

At dumaan dun si Jesus, at Siya ay isang Taong hinamak at kinamuhian. Ang sabi pa ng Biblia ay itatakwil Siya. "Walang kagandahan sa Kanya, na mananais tayo sa Kanya. At tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw. Siya ay isang Tao ng kapanglawan, bihasa sa karamdaman." At kagaya ng iba pang sinasabi ng buong Biblia kung magiging ano Siya. "Siya ay hahamakin at itatakwil." At nakita nga natin na ganoon nga ang nagyari sa Taong 'yun.

¹⁵⁰ Ngayon, 'yung mga sumasampalataya sa Salita, talos nga nila ang mga mismong bagay na ginagawa ni Jesus, at ang mga bagay sa Kanyang buhay, talos nila kung Sino Siya. Kaya wala silang maiturong kasiraan sa Kanya, dahil di nila ito makita. At alam n'yong, ang pag-ibig ay bulag, hayan nga, sa ganoong mga bagay-bagay. "Ang pag-ibig ay nagtatakip ng karamihang kasalanan," alam n'yo 'yan. "Ang sakdal na pag-ibig ay nagpapalayas ng takot, at ng kasalanan, lahat ng pagtatalo-talo." Ganyan nga ang pag-ibig.

¹⁵¹ Ngayon, nakaupo sa tabi 'yung lalaking bulag at dumating si Jesus kasama ang Kanyang mga alagad. At sa palagay ko'y iniwanan ni Jesus ang mga alagad ng isang maliit na aral dito. Noong nakita kasi nung mga alagad itong kaawa-awang, bulag na lalaki, naisip nila, "Buweno, pihado 'yan, may kasalanan sa likod n'yan, kaya ganyan."

Kapag nakakakita tayo ng may nangyayaring masama sa isang tao, lagi nating sinasabi, "Buweno, nagkasala kasi siya. Lumihis siya sa kalooban ng Panginoon, kaya ganun." Noong bumangga si Kapatid na Crase sa poste, "Lumihis kasi siya sa kalooban ng Panginoon, kaya ganun," 'yun ang iniisip-isip ng iba. Noong sumabog sa akin 'yung baril, "Buweno, lumihis siya sa kalooban ng Panginoon." Naibangga ni Kapatid na Neville 'yung kotse, "Wala siya sa kalooban ng Panginoon." Hindi 'yun ganun. Hindi, po. Hindi ganun. Pinahihintulutan ng Diyos ang ganoong mga bagay.

Bumaling si Jesus at tinuruan sila ng isang aral.

¹⁵² Ang sabi nila, "Nagkasala siguro ang kanyang ama. O—o, ang ina niya siguro ang nagkasala? O, siya ang nagkasala?"

Sabi ni Jesus, “Hindi nagkasala ang alinman sa kanila, kundi upang mahayag ang mga gawa ng Diyos.” Amen. Kita n’yo? Ipinahihintulot ng Diyos na mangyari ang mga bagay na ’yan para . . . para mahayag ang mga gawa ng Diyos. Ngayon, hayan nga’t nagsalita Siya, kinausap ang lalaki, at ibinigay sa kanya ang kanyang paningin, at humayo na Siya sa Kanyang daan.

¹⁵³ At narito na ang mga Fariseo, noong naging usap-usapan sa paligid ’yung nangyari. “Narito nga ’yung lalaking bulag, na nakaupo roong namamalimos, at narito siyang nakakakita na.” At kumalat ’yung usap-usapang ’yun sa gitna nila. At, oh, naku, di sila magkamayaw dun. Hayan nga’t napasugod sila, at nakita nilang nakakakita na ’yung lalaking bulag.

At nung una, nung pagkarating nila dun, nagpaplano na silang maghasik ng takot sa lahat ng mga tao. Hayan nga’t, nagbabala na sila dati, “Kung susunod ang sinuman sa bagong Doktrinang ito at sa bagong Propetang ito na nagngangalang Jesus na taga-Nazaret, kaagad-agad na ibabalik sa kanila ang mga papeles nila at ang patunay ng pakikianib nila sa iglesya. Hindi na sila puwedeng magpunta sa sinagoga. Kung kayo’y makikisama sa Kanya, dadalo sa isa sa mga pagtitipon Niya o anuman ’yan, hindi na kayo maaaring dumalo pa sa amin.”

¹⁵⁴ Kaya, nagplano nga silang gumawa ng malaking palabas mula dun sa nangyari, dahil namumuhi sila sa Kanya. Hindi na nila inisip ’yung lagay nung kaawa-awang bulag. Hayan nga’t ang gusto nila’y gumawa ng malaking palabas, upang mailayo ang mga tao mula sa Kanya.

¹⁵⁵ Sabi nila gusto nilang tanungin ’yung ama’t ina nung lalaking bulag, kaya sumadya sila at pinasundo ’yung ama’t ina. Sinabi nila, “Anak n’yo ba ito?”

Sabi niya, “Opo, ginoo.”

“Siya, siya ba’y isinilang na bulag?”

“Opo, ginoo.”

“At paano siya ngayon nakakakita?”

¹⁵⁶ “At natakot ang ama’t ina,” sabi ng Biblia, “ ’pagkat alam nilang paaalisin sila sa sinagoga, kung aamin silang . . .”

At, kita n’yo na, hayan nga sila, di alam ang gagawin. Sabi nila, “Ngayon, basta ang alam namin ay anak namin ito.”

¹⁵⁷ Oh, marahil may ilang libong katao ang nakatayo roon noon. Hayan nga’t kung magagawa niyang . . . Kung magagawa lang nitong mga Fariseong naroon na umaalingasaw ang ugali na dungisan ang Kanyang Pangalan nung mga sandaling ’yun, o makagawa ng kung anong bagay para matakot ’yung mga tao, kanilang patitigilin Siya roon, sa pagtitipon na ’yun. Kita n’yo? Sisirain nila ang lahat ng impluwensiya Niya.

158 Kaya ang sabi nila, isang grupo sila roon na nagpunta na nakasuot ng mga kasuotang pansaserdote, at ang sabi nila, “Magsalita kayo para sa kanya.”

159 Sabi nila, “Alam po naming ito nga ang aming anak. Alam naming isinilang nga siyang bulag. Ngunit ngayon, kung paano siyang nakakita, hindi ko alam. Tanungin n’yo siya. Siya’y nasa tamang gulang na.” Kita n’yo? Sige.

160 Kaya pinuntahan nila at pinatawag siya, sabi, “Sinong nagbigay ng iyong paningin? Paano ka Niya pinagaling?”

Sabi niya, “Yaong tinatawag na Jesus na taga-Nazaret ang nagbigay sa akin ng aking paningin.”

161 At sabi nila, “Ang Diyos ang papurihan mo.” Sabi, “Aba, nalalaman naming makasalanan ang Taong ito.” Sabi, at sabi, “Saan ba Siya nagmula?”

162 Sabi niya, “Hindi ko alam. Dumaan lang Siya at pinagaling ako, at ’yun lang ang alam ko rito. Pero may isang bagay akong tiyak kong nalalaman ko. Hindi ko masasabi sa inyo kung isa Siyang makasalanan, o hindi. Hindi ko alam. Nakilala ko lang ang Taong ’yun, ngayong araw na ito. Hayan nga’t kung—kung nagawa Niyang ibigay ang aking—aking paningin! Hayan nga’t tiyak ako sa bagay na ito, na, dati akong bulag, pero ngayon ay nakakakita na. Tiyak ako riyan. Dahil, bulag ako, kalahating oras ang nakakaraan, subalit ngayon may paningin na akong kasing inam ng kahit sino sa inyo. Kaya, tiyak kong nakakakita na ako.”

163 Oh, isa nga ’yung masakit na pangmulat sa kanila! Kaya naisip nila, “Aba . . .”

164 Sabi niya, “Buweno,” sabi, “ibig n’yo bang lahat na maging alagad Niya, rin naman?” Isa ’yung—isa ’yung napaka ganda’t, solidong patotoo. Isa—isa—isa ’yung napaka gandang—isa ’yung napaka gandang panimula ng patotoo. Isa—isa—isa ’yung tunay na magandang pagpapatotoo, sa palagay ko. Sabi, “Kayo bang lahat. . .”

165 Narito nga ang isang karaniwang miyembro, isang lalaking bulag, nakatayo dun sa lansangan pagkatapos na makatagpo si Jesus, at ngayon ay tinatanong ang alagad, tinatanong ang mga Fariseo kung ibig ba nilang maging Kanya ring mga alagad. “Mga obispo, mga namumunong kalalakihan, ibig n’yo bang maging Kanyang mga alagad, din naman?”

166 Sabi nila, “Hindi! Ikaw na lang ang maging alagad Niya. Basta kami’y mga alagad ni Moises.” Doon sila nakatanaw sa nagdaan nang kasaysayan, alam n’yo. “Kami ay mga alagad ni Moises. Ang Taong ito, wala kaming alam na anumang tungkol sa Kanya. Hindi namin alam kung saan Siya nagmula. Buweno, wala naman kaming natanggap na abiso mula sa alinman sa aming mga paaralan na pupunta Siya rito. Hindi

siya lumapit at nagpaalam man lang tungkol sa mga bagay na ito. Kita n'yo? Wala kaming kamalay-malay tungkol Dito. Kayo ngang mga nariyan, napag-uunawa n'yo bang hindi naitalaga ng simbahan ang Taong ito? Ang Taong 'yan ay isang manghuhula o parang ganun. Siya si Beelzebub. Naeengkanto kayo. Aba, wala Siyang anumang kapahintulutan. Hindi pa namin Siya binigyan. Kita n'yo? Ni hindi nga namin alam kung saan nagmula ang Taong ito."

¹⁶⁷ Ang matandang binatilyo roon ay nakatayo at nakakakita na, sabi, "Ngayon, kagila-gilalas na bagay nga ito." Kita n'yo? Hinihikayat niya ang mga tao, na ang ginagawa ng mga Fariseo roon, ay pananakot. Kita n'yo? Hayan nga't pumanig siya kay Jesus, kita n'yo, kaya sabi niya, "Kagila-gilalas talaga ito."

Hayaan n'yong banggitin ko sa inyo isa-isa, ang ilan sa mga salitang maaring sinabi niya roon. "Ngayon, kayo ngang mga naririto daan-daang taon n'yo nang pinatatakbo ang buong relihiyong ito. At nangungusap kayo tungkol sa isang darating na Mesiyas at isang bagay na magaganap sa paglilim ng panahon, sa panahong darating na ang Tagapagligtas upang katagpuin tayo. At sinasabi n'yo sa amin na pagparito Niya, kung—kung ano ang lahat ng gagawin Niya. At heto kayo, mga espirituwal na namumuno pa naman, mga pinunong saserdote at mga saserdote ng komunidad na ito, nakatayong sama-sama rito sa harap ng mga tao, sinusubukang dungisan ang Kanyang Pangalan, sinusubukang magsalita ng masama laban sa Kanya. Samantalang dumating ang Tao na ito at binuksan ang aking mga bulag na mata. Isinilang akong bulag. Narito ang aking ama't ina, nagpapatotoong isinilang nga akong bulag. Nariyan nga ako sa gitna n'yo, sa loob ng maraming-maraming taon, isinilang ngang bulag. At hindi pa ito nangyayari buhat nang lalangin ang sanlibutan. Hayan nga't, naritong may isang Tao na pupunta at gagawa ng isang himala na hindi pa nagagawa buhat ng lalangin ang sanlibutan, at, kayo, na mga espirituwal na mga namumuno, aba'y wala man lang kayong kapahayagan sa bagay na ito." Whew! Hum! Sabi, "Sinasabi ko ngang kagila-gilalas talaga ito."

¹⁶⁸ Pumanig siya kay Jesus. Kita n'yo? Ipinahintulot na maging bulag siya upang mahayag ang mga gawa ng Diyos, kita n'yo, upang pumunta siya sa panig ng Panginoong Jesus. Pumanig siya sa Kanya.

¹⁶⁹ Ngayon, nag-iwan siya ng masakit na pangungusap sa kanila. Alam n'yo ang ginawa nila? Sabi nila, "Ngayon alam naming ipinanganak ka sa kasalanan. Kami pa ang tinuturuan mo?" Ipinagtulakan nila siya palabas ng iglesya. Pinahandusay siya. Itinulak siya palabas. Itinapon siya sa labas.

Subalit pagkatapos na siya'y itapon sa labas, napansin n'yo ba? Natagpuan siyang muli ni Jesus. Amen. Amen. Natagpuan

siyang muli ni Jesus. Kaya huwag kayong mag-alala kung itatapon nila kayo palabas. Matatagpuan Niya kayong muli. Kita n'yo? Buweno.

At sinabi Niya sa kanya, “Sumasampalataya ka ba sa Anak ng Diyos?”

¹⁷⁰ Sabi nung lalaki, “Panginoon, sino ba Siya?” Ni hindi niya alam. Hayan nga't ang tanging bagay lang na alam niya, ay, dati siyang bulag, pero ngayon ay nakakakita na.

¹⁷¹ At ako nga'y may isang bagay lang na nalalaman, kapatid. Maaaring tawagin nila Itong kapanatikuhan, at anumang nais nila. Ngunit, noong araw nga'y isa akong makasalanan, pero ako—ako ngayon ay nakatungtong na sa biyaya. May nangyari nga sa akin. Kita n'yo? Iisang bagay lang itong aking—aking nalalaman ngayon. Dahil sa pagtitiwala ko sa Kanyang Salita, sa pananampalataya ko sa Kanya, sinipa ako palabas ng bawat organisasyong nasa ilalim ng takluban ng Langit. Wala nang tatanggap pa sa akin kahit sino sa kanila. Alam n'yo 'yan. Siguro'y may ilang tatanggap sa akin, sa dako rito. May mga mabubuting tao na tatanggap sa akin. Pero bawat organisasyon nga'y iniitsapuwera ako. Siyanga. Pero sa kabila n'yan Kanya akong natagpuan. Saan man kasing dako 'yan ay matatagpuan Niya ako. Siyanga. Kita n'yo? Siyanga. Mangyayari 'yun.

¹⁷² At kaya magiging maayos lang ang lahat, dahil nais nating pumanig kay Jesus. At ang tanging paraan upang makapanig kayo kay Jesus ay ang pumanig sa kung anong sinabi Niya, sampalatayanan ang Kanyang Salita. Kaya naman pumanig na tayo sa Kanya.

¹⁷³ Yaong lalaking bulag nga'y nagbigay ng isang buhay na patotoo. Buweno. Nakita nating muli na sinusubukan nilang dungisan ang Kanyang Pangalan.

Sandali lang po, at lalampasan ko na lamang po ang ilang bagay rito.

Hayan nga't, minsan, may isang Fariseo noon. Naipangaral ko na ang tungkol diyan sa dako rito medyo matagal na, itong pinamagatan kong, “Paghuhugas sa mga paa ni Jesus.” Palagay ko'y narinig n'yo na akong lahat na ipinangaral ang tungkol diyan noon, 'yan ngang noong inanyayahan ng isang Fariseo si Jesus na magpunta sa bahay niya. Isang bigating, matandang, Fariseo na ubod nang pormal, at inanyayahan nga niya Siya na magpunta. At alam n'yong nilagyan ko ito ng kaunting drama, kung papaanong pinuntahan at nahanap Siya ng mensahero. At—at nagpunta Siya, kahit alam Niyang kinapopootan Siya dun. Hayan nga't, nagpunta pa rin Siya, kahit ganun. At noong mapapunta na nila Siya dun, di man lang nila hinugasan ang Kanyang paa. At pinabayaan lang nila Siyang maupo dun, na nanggigitata, at ganoon lang, mula sa mahabang paglalakbay. At doon nga'y naupo lang Siya.

¹⁷⁴ At pagkatapos isang munting babae ang pumasok. Naisip nila, “Oh, naku, kay buti ng Panginoon sa atin, dahil, tingnan n’yo, nagsisimula nang maging kawili-wili itong engrandeng kasiyahan natin!” Dinala nga nila Siya sa dakong ’yun para libakin Siya. Dinala nga nila Siya sa dakong ’yun para maging tampulan Siya ng katatawanan. At ngayon nagkaka-isip silang ang pagpunta dun ng Panginoon ay naging pabor pa sa kanila, dahil sa maruming, babaing patutot na dumating, at umiiyak, at hinugasan ang mga paa Niya ng mga luha nung babae, at pinupunasan ang mga ’yun ng buhok nung babae.

At ’yung matandang Fariseo at ang lahat nung iba pa sa kanila na mga saserdote ay nagsitayo roon sa isang sulok, sabi, “Kapatid, ang lahat ng bagay, ay ganap na ginagawang pabor sa atin ng Panginoon. Hayan nga’t makapaparatang na tayo ng kapulaan sa Kanyang pangalan ngayon. Tinatawag Niya ang Kanyang sarili na Propeta raw, at iniisip ng mga taong isa nga Siyang Propeta. At ang tawag pa nila sa Kanya ay Propetang mula sa Galilea. At nag-aangkin pa Siyang Mesiyas, at alam nating ang Mesiyas ay dapat isang Propeta. Pero heto Siya, nakaupo roon. Kita n’yo naman kung saan natin Siya nadala? Tingnan n’yo nga. Naku, nasukol natin Siya ngayon. Hayan nga Siya, nakaupo roon, nakayukong parang kinawawang tuta o kung anuman. At isang patutot, na kauri Niya, ay dumating at hinugasan ang mga paa Niya nang ganoon, at hayan ngang wala Siyang alam. Kung isa Siyang Propeta, alam Niya dapat kung anong uri ng babae ’yun. Ngayon, mga kasama, inuman natin ang bagay na ito,” sabi, “hayan nga’t, tingnan n’yo.” Kita n’yo?

¹⁷⁵ Gagawin nilang lahat masira lang ang Kanyang Pangalan, mawasak ang tiwala ng mga tao, nang di nila namamalayan na inaalihan na sila ng diyablo para gawin ’yun. Kasama nila ang diyablo’t kasundo pa sa bagay na ’yun, sa pagpupumilit nilang dungisan ang Pangalan ng Anak ng Diyos.

¹⁷⁶ Paano nilang nagagawa ang bagay na ganito, mga kapatid? Kasi nga naman hindi nila sinasaliksik ang mga Kasulatan. Sinabi ni Jesus, “Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan. Iniisip ninyo na sa mga Iyon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito ang Siyang nangagpapatotoo tungkol sa Akin.” Oh, isa ngang napakadakilang ministeryo ang taglay-taglay Niya! Kita n’yo? Siyanga, po. “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan.” Kita n’yo?

¹⁷⁷ Pero heto nga ang Fariseong ito na ang sabi, “Nasukol na natin Siya ngayon. Oh, tingnan n’yo rito, nasa labinlimang daang katao ang narito ngayon sa piging na ito. Hayan nga’t tingnan n’yo Siyang nakaupo sa dako roon. Hayan nga Siyang nakaupo kasama ang isang patutot.”

178 At, oh, naku, napaka teribleng bagay nga ang ganun nung panahong 'yun. Whew! Hum! At hayan nga Siyang kasama ang isang maruming babae, na parang isinama (tila nga) isinama Niya roon nang palihim. Di Siya napansin nung tagahugas ng paa at 'yung kung anu-ano pa, at naupo na lang doon.

179 At sabi, “Hayan nga ang babae, nariyang hinuhugasan ang Kanyang mga paa. Ngayon, Siya ba’y Propeta nang lagay na 'yan? Nakita n’yo na, mga kapatid, hindi Propeta ang Lalaking 'yan. Kung Propeta Siya, o di sana’y alam Niya kung anong klaseng babae 'yun, na naghuhugas ng Kanyang mga paa.”

180 At naupo lang si Jesus at pinanood 'yung babae, di ikinilos ang paa hanggang sa matapos 'yung babae. Hayan nga’t kung may gagawin kayo para kay Jesus, uupo lamang si Jesus at pagmamasdan kayong gawin 'yun, minsan. Uh-huh. Hahayaan Niya kayong gawin lang 'yun hanggang sa kayo’y matapos na, at pagkatapos ay may gantimpala. Marahil sa buong karera ng buhay na inyong tinatakbo, gumagawa kayo para sa Kanya, kaya naman, huwag kayong mag-alala, dahil may gantimpala sa dulo, kung papanig lamang kayo sa Kanya.

181 Maaaring hindi kayo—hindi kayo makasaksi na gumaling ang isang tao, na ipinapanalangin n’yo. Ipagpatuloy n’yo pa rin ang panalangin n’yo para sa kanila. Madalas ko nga itong sabihin, “Kung nanalangin man ako para sa limang daan nung isang gabi; tapos lahat nung limang daang 'yun ay namatay rin kinaumagahan; bukas ng gabi’y ipangangaral ko pa rin itong Makalangit na pagpapagaling at panalangin para sa mga maysakit.” Kita n’yo? Hindi naman kasi ako ang gumagawa talaga nito. Kita n’yo?

182 Hahayaan Niya kayong dumaan sa mga pagkatalo at lahat ng kagaya nun, hanggang sa humantong kayo sa dulo mismo ng landas at matapos ang inyong paggawa, gaya na lang nung pangunguna Niya sa babaing 'yun. Nais nung babaing 'yun na paglingkuran Siya, kaya inilagay Niya lang ang Kanyang mga paa roon at hinayaan—hinayaan ang babaing hugasan ang mga 'yun. Oh, kung ang sinabi Niya, “Huwag mong gawin 'yan,” umatras na sana 'yung babae at tumakbo nang palayo. Ngunit hinayaan lang Niya ang naturang babae na maglingkod.

183 At nung matapos na 'yung babae, matapos na 'yung babae sa paglilingkod na ginagawa niya, saka Siya tumingin doon sa nakatayong mapagpaimbabaw dun sa likod, na sinusubukang mambato ng ikadudungis ng Kanyang Pangalan. Sabi, “Simon, mayroon akong sasabihin sa iyo; hindi sa babae, kundi sa iyo. Ikaw, sa pagkakatayo mo riyon, sa iyong puso, heto nga ang dahilan kung bakit pinapunta mo Ako rito. Wala ka namang pakikisama sa Akin. Hindi Ko ba nalalaman 'yun? Hayan nga’t sinadya mong papuntahin Ako rito. At sa likuran mo pa Ako pinaupo, para libakin Ako. Hinayaan. . . Di mo man lang Ako

binigyan ng tubig, para mahugasan ang Aking mga paa. Di mo Ako binigyan ng kahit ano para maibsan naman ang pagod Ko. Nakaupo Ako sa may likod, init na init at hapding-hapdi, ni di mo man lang Ako binigyan ng langis para sa Aking mukha. Hiyang-hiya kang halikan Ako bilang pagtanggap, o kahit man lang kamayan Ako. Kita mo na 'yan? Nahihiya ka, sa harapan ng mga kasamahan mo. Nahihiya kang gawin 'yun. Pero ang babaing ito, mula nung pagpasok niya, wala siyang ginawang anumang kundi kuskusin ang Aking mga paa at paliguan ang mga ito ng mismong mga luha ng kanyang mga mata, punasan ang mga ito ng sarili niyang buhok na ginawa niyang parang tuwalya. Hayan nga't, ipinapakita ko ngayon sa iyo kung isa nga akong Propeta, o hindi." Amen. Gustung-gusto ko 'yun.

¹⁸⁴ "Ngayon nais Kong kausapin *ka* babae, sandali. Ang iyong maraming, mga kasalanan, ay ipinapatawad nang lahat sa iyo." Hum!

¹⁸⁵ Nasira ba nila ang Pangalan Niya? Akala nila'y nasira na nila Ito. Akala nila'y nasupil na nila Ito. Akala nila'y nagipit na nila Siya para 'yung rebaybal Niya'y di na magtuluy-tuloy sa komunidad na 'yun. Akala nila'y nasira na nila ang Kanyang impluwensiya. Ngunit isang tao lang na nagmamahal sa Kanya ang tanging kailangan, para baligtarin ang buong situwasyon.

¹⁸⁶ Papaano n'yo malalaman na hindi kayo 'yung taong 'yun, para sa komunidad n'yo o sinumang makatagpo n'yo? Pumanig kayo sa Kanya. Paglingkuran n'yo Siya. Gawin n'yo ang isang bagay para sa Kanya. Naiintindihan n'yo ba ang ibig ko ritong iparating sa inyo, mga kapatid? [Sinasabi ng mga kapatiran, "Amen."—Pat.] Pumanig kayo kay Jesus. Tanggapin n'yo Siya, Piliin n'yo Siya. Paglingkuran n'yo Siya kahit maglingkod man ang ibang tao o hindi, o magantimpalaan man kayo o hindi, o anumang. Hindi 'yun magiging hadlang. Hintayin n'yo lang hanggang sa matapos ang inyong paggawa.

¹⁸⁷ Hindi ba't matutuwa kayo kung sasabihin Niya . . . Kahit na nanalangin kayo para sa mga maysakit, pero di sila gumaling. Kahit na nanalangin kayo para makapagsalita ng iba't ibang wika, pero di n'yo nagawa. Nanalangin kayong makapropesiya; pero di n'yo nagawa. Pero kahit pa man, kahit ganyan, na ang bagay lang na nagawa n'yo ay mailahad 'yung kuwento ni Jesus, sa inyong iglesya, o sa inyong komunidad, sa trabaho. Hindi man kayo nakagawa ng kahit ano; hindi nakapag-akay ng kahit sino. Hayan nga't di naman din nakapag-akay ng kahit sino kay Cristo 'yung naturang babaing 'yun, subalit nakapaglingkod siya sa Kanya. At anong kaso nun, kung sa dulo ng landas, Kanya rin namang sasabihin, "At sinasabi ko sa iyo, ang lahat ng iyong mga kasalanan, kahit nga isa mang panalangin mo ay di tinugon. Subalit, lumapit ka sa batayan ng Aking Salita. Lumapit ka sapagkat sinasampalatayanan mo Ako, at pinaglingkuran mo Ako. Hayan nga't sinasabi Ko na ipinatawad na sa iyong lahat

ang maraming kasalanan mong nagawa”? Sapat na ’yun para sa akin. Amen. Siyanga, po. Buweno.

¹⁸⁸ Pinagpipilitan nilang sabihin, “Lumipas na ang mga araw ng himala,” at—at kung anu-ano pa. Hayaan n’yo lang sila na sabihin ’yun. Hetong ngang maglingkod tayo para sa Panginoon.

Kinamuhian nila Siya dahil naiinggit sila sa Kanya. Yun lang naman ang dahilan. Naiinggit sila.

Sinisikap nilang wasakin ang impluwensiya Niya sa harap ng mga tao, gaya ng ginagawa nila ngayon. Kanilang, kung magagawa nga lang nilang im-. . . sirain ang impluwensiya ng Mensahe sa harap ng mga tao, magtatagumpay sila sa pagligpit sa bagay na ’yun. Siyanga. Sapagkat, at bakit nga sinisikap nilang gawin ito? Sapagkat laban Siya sa lahat ng kanilang mga kredo at lahat ng kanilang mga doktrina sa iglesya nila, at sa lahat ng paniniwala nila, at pinuna kasi ang lahat nilang—lahat nilang sinasampalatayanan at iba pa. Laban kasi Siya sa lahat ng ito. Kaya poot na poot sila sa Kanya dahil hindi Siya nakisama sa kanila.

¹⁸⁹ Ngayon, kung ang gagawin Niya’y papasok, at sasabihin, “Oh, Caifas, kahanga-hangang tao ka ng Aking Ama. Ako ang Mesiyas. Halika rito, Caifas. Nakikita mo ba ang tubig na ’yun doon? Naaalala mo ba, ’yung dun noon sa—sa Egipto, si Moises, na dakilang propeta na nagawa niya ’yung maging—maging dugo. Naaalala mo pa ba ’yun, Caifas?”

¹⁹⁰ “Oh, kasamahang Lalaki, alam na alam ko ang kuwentong ’yan.”

¹⁹¹ “Sige, Caifas, gagawin ko na ang tubig ngayon, na mula sa tubig ay maging dugo, upang ipakita sa iyo na Ako nga ang Propetang tinukoy ni Moises. Hayan na, Caifas. Ano sa palagay mo?”

¹⁹² “Ano ang palagay Mo sa,” si Caifas, dahil isa nga siyang Fariseo, “Ano ang palagay Mo sa mga Fariseo?”

¹⁹³ “Oh, sa palagay Ko sila’y kamangha-manghang lipi ng mga tao. Oh, tinutupad n’yo ang mga tradisyon ng mga magulang nang eksaktong-eksakto.”

“Alam Mo, maaaring Ikaw nga ang Mesiyas.”

¹⁹⁴ Hindi. Hindi Siya magiging. Yun ang pinaka tanda na hindi Siya. Kung may makita kayong darating, magsasabi, “Halikayo rito at ipakikita ko sa inyo ang gagawin ko. At halikayo rito, gagawin ko ang *ganito* at gagawin ko ang *ganyan*.” Tandaan n’yo, na kung ganyan, may kahina-hinalang bagay na agad, sa umpisa pa lang.

Sinabi ni Jesus, “Wala Akong gagawing anuman hanggang sa ipakita sa Akin ng Ama, muna.” Kita n’yo? Oo.

¹⁹⁵ Siya'y laban sa kanila. Siya'y nagturo ng laban sa kanila. Kanyang kinondena ang pangangilin nila ng Sabbath. Kanyang kinondena ang paraan nila ng pananamit. Kanyang kinondena ang lahat ng mga gawi ng kanilang pamumuhay, ang lahat ng kanilang mga tradisyon, ang lahat ng paghuhugas ng mga saro, at paghuhugas ng mga palayok, at paghuhugas ng mga kamay, at lahat ng iba pa. Kanyang kinondena ito, hanggang sa pinaka maliit. Ang mga pananamit nila, sabi Niya, "Nagsusuot kayo ng mga binurdahang kasuotan, at nagnanasa ng matataas na upuan, at—at nananalangin nang mahaba, at sinasakmal ang tahanan ng mga babaing balo." Sabi, "Tatanggap kayo ng lalong maraming kahatulan."

"Buweno, tandaan mo, ako si Dr. Ganito!"

¹⁹⁶ "Wala akong pakialam kung sino ka." Oh, grabe, talagang inilantad na Niya. Hindi sila... Bakit? Sapagkat di nila Siya sinampalatayanan. Siya ang Salita. Kita n'yo? Ginagawa nga Niyang wasakin ang grupong 'yun ng mga legalista.

At kung naririto Siya ngayon sa lupa, ganoon na ganoon din ang gagawin Niya.

¹⁹⁷ Sasabihin ng ilang tao, "Buweno, ngayon, teka lang muna. Ipinangangilin namin ang Sabbath, lagi. Ginagawa rin namin 'yung *ganito*. At, alam n'yo, ipinangangilin naming lahat *ito*, at ipinangangilin namin maging *iyon*. At kada, aba, kada Biyernes Santo... Aba, kapag dumarating na 'yung panahon nung pag-aayuno, apatnapung araw bago ang Pasko ng Pagkabuhay, lagi naming idinaraos ang Kuwaresma. Itinitigil ko muna ang paninigarilyo, nang apatnapung araw. Inihihinto ko muna ang pag-inom ng alak, nang apatnapung araw, bago, sa panahon ng Kuwaresma." Oh, tradisyon ng mga magulang, pagiging legalista. Kung iniibig n'yo ang Diyos, hindi kayo—hindi kayo maninigarilyo talaga, kung tutuusin. Kung iniibig n'yo talaga ang Diyos, kayo... may—may isinulat ako rito noon sa likod ng maliit kong Biblia, 'yung pinaka una kong ganito. Sabi ko:

Huwag mo akong tatanungin ng mga tanong na kamangmangan.

Pagpasyahan mo nga ito sa iyong isipan,
Kung iniibig mo ang Panginoon nang buong-
buo sa iyong puso,

Hindi ka maninigarilyo, iinom o—o... Hindi
ka maninigarilyo, ngunguya ng tabako, o
iinom ng alak na kontrabando.

¹⁹⁸ At nananatili pa ring totoo 'yan ngayon. Hindi ko ginagawa ang bagay na 'yan dahil sa iniisip kong hahatulan Niya ako kung gagawin ko 'yun. Ihihinto ko 'yun dahil maruming bagay 'yun, at hindi akmang gawin ng isang ministro. Siyanga. Hindi ko sinasabing...

199 Kadalasan kung sumasadya ako sa mga bahay at babae ang tatayo roon sa labas. Hayan nga't kung sasadya ako sa isang bahay, kakatok sa pinto, at pagbubuksan ako ng isang kapatid na babae, "Tuloy po kayo, Kapatid na Branham." Kung wala dun ang asawa niya, maliban na lang kung isang kaso 'yun ng karamdaman at may kasama naman ako, hindi ako tutuloy. At kung ipatawag nila ako para sumadya sa ospital, o sa isang kuwarta, sasabihin, "Kapatid na Branham, pumarito ka. Ako po si Kapatid na babaing *Ganito-at-ganoon* mula sa *Ganito-at-ganoon*. Narito po ako—narito po ako sa hotel. Aking—aking—aking isinama ang aking nanay. May sakit kasi siya." Isasama ko ang aking maybahay. Kung di naman, magsasama ako ng isa pang kapatid na lalaki. Kita n'yo? Hindi ako—hindi ako. Sa palagay ko'y hindi maganda . . .

200 Sa palagay ko'y ayos lang naman sa akin na pumasok doon, pero paano kung may makakita sa akin na pumasok doon? Kita n'yo? Paano kung may makakita sa aking ganun ang ginagawa? Kita n'yo? Pagkatapos, wala kang kamalay-malay, sasabihin na nila, "Pumasok siya sa lugar nung babae. Nambababae siya." Hayan, kita n'yo, hayan nga't isang bagay 'yan na di ko dapat gawin. Kita n'yo? Hindi n'yo dapat gawin ang ganoong bagay, dahil naglalagay kayo ng katitisan sa daan ng iba. Kita n'yo? Palagay ko'y hindi naman ako gagawa ng anumang mali roon. Pero hindi, pero hindi talaga, hayan nga't pinagtitiwalaan ko ang Diyos tungkol sa pagpasok-pasok dun. Sa anumang bagay, nagtitiwala ako sa Diyos. Ngunit, hayan na nga, kita n'yo, at—at—at lubos ko kasing mahal ang Diyos na di ko talaga 'yun gagawin. Kita n'yo? Ito'y isang pag-ibig na dapat taglay n'yo. Inyo, inyo ngang huwag gawin ang bagay na 'yun dahil lang katungkulan n'yo 'yun. Gawin n'yo 'yun dahil mahal n'yo ang Panginoon. Hindi n'yo kailangang gawin 'yun, ngunit ginagawa n'yo, dahil nga sa ganun.

201 Sabi nga ni Pablo, "Para sa akin ang lahat ng mga bagay ay matuwid, ngunit hindi ang lahat ay nararapat." Kita n'yo? Marami ngang bagay na puwedeng gawin si Pablo na marahil alam niyang nauunawaan siya ng Panginoon, at nagtitiwala sa kanya, ngunit hindi nararapat na gawin niya 'yun.

Hayan nga't ganyan na ganyan ang mga legalistang ito, na hanggang pagsasabi lang, "Apatnapung araw bago ang Pasko ng Pagkabuhay, nag-uumpisa na kami n'yang mag-ayuno nang walang patid." Pero kain naman nang kain na kasing dami ng lagi nilang kinakain. Marahil sasabihin nila, "Buweno, hindi ako magmu-munggo, kaya ihihinto ko ang pagkain ng munggo, dahil Kuwaresma." Narinig ko na silang ganoon ang sinasabi. "Hindi ako magka-karneng baboy, kaya ihihinto ko muna ang pagkain ng karneng baboy, alam n'yo na. Ihihinto ko ang pag-inom ng alak, ngayong Kuwaresma."

202 May isang babae na nagsabi sa akin, sabi, “Alam mo kung anong ihihinto ko, para sa Kuwaresma, ngayong taon, Kapatid na Branham?”

Sabi ko, “Hindi. Ano?”

203 Sabi, “Kendi.” Sabi, “Tatal—tatal di naman ako gaanong mahilig dun, kung tutuusin.” Kita n’yo na?

204 Hayan nga. Ngayon, ’yan daw ang tinatawag nilang pag-aayuno. Kita n’yo? Pagiging legalista. Sasabihin nila, “Buweno, nakakuha ako. . . Alam n’yo, ako’y—ako’y—ako’y magkasuray-suray makadalo lang sa simbahan nang matagal na panahon. Dahil nga, sinasabi ko nga sa iyo, tuluy-tuloy ako sa pagdalo sa Sunday school nang isang buong taon, dahil sabi ng guro ko’y mamimigay sila ng Biblia dun sa mga di liliban ng kahit isang araw.”

205 Ngayon, kapatid, ’yan nga’y kahiya-hiyang dahilan para dumalo. Maigi pang bilhan ko na lang ang sarili ko ng Biblia. Kita n’yo? Kung di kayo dumadalo sa simbahan sa kadahilanang mahal n’yo ang Panginoon, mas mabuti na lang na lumayo na lang kayo. Ganoon nga. Kita n’yo? Hayan nga’t, dapat kayong dumalo roon sa kadahilanang mahal n’yo ang Diyos. Naiisip ko itong kantang inaawit-awit natin.

Pagpalain ang taling nagbubuklod
Sa ating mga puso sa pag-ibig na Cristiano;
Ang ating pakikipagtipan sa iisang kaisipan
Ay tulad ng sa Kaitaas-taasan.

Sa panahong tayo’y naghihiwalayan,
Nagdudulot sa atin ng sakit ng kalooban;
Subalit tayo pa rin sa puso’y magkadugtong,
At umaasang sa muli’y magkakatagpo-tagpo.

206 Kita n’yo? Hayan po. “Sa panahong tayo’y naghihiwalayan, nagdudulot sa atin ng sakit ng kalooban.” Naabutan ko ’yung panahon na ’yun noon, kapatid. Huwag ko sanang makondena tayo, hayan nga’t hayaan n’yong gisingin ko tayo rito sa isang bagay. Naabutan ko ’yung panahon na ’yun noon sa iglesyang ito, kung saan sabik na sabik ang mga tao sa paghihintay na mag-Miyerkules ng gabi para magkita-kita muli, at iniinyan nila ’yun. At ganoon nga. May nakikita nga akong ilang mga ministrong pumaparito noon at sinasabi nila, “Papaano n’yo nagagawa ’yan? Buweno, ang mga taong ’yan, ay iisang puso lang kasi.” Kita n’yo?

207 Magkikita-kita sila dun sa may pinto at sasabihin. . . Yung mga kapatirang babae ay magkikita-kita dun sa may likod, at magyayakapan sa isa’t isa, at sasabihin nila, “Kapatid, huwag mong kalimutan akong ipanalangin. Honey, magkita tayong muli sa Miyerkules ng gabi. Ipanalangin mo ako, maaari ba? Ipanalangin mo ako. Ipanalangin kita.” At ganoon nga sila, at may mga luha sa kanilang mga mata.

²⁰⁸ Makikita ko 'yung mga kapatid na lalaking nagkakamayan, at sadyang ayaw nang magkawalay pa sa isa't isa na parang ganun. Ganyan nga ang tunay na Cristianong pagbubuklod-buklod. Kita n'yo? Kita n'yo? Sabik na sabik na naghihintay, nananalangin para sa isa't isa. Siyanga, po. Ganyan dapat tayo ngayon. Buweno.

²⁰⁹ Ngayon, 'yung mga tao kanina na nagbitiw ng ganoong mga pahayag, hindi naman sila talaga masasamang tao. Hindi nila sinasadyang maging masama. Akala nila pinaglilingkuran nila ang Diyos. Sila na mga Fariseo at ang iba pa, hindi naman sila mga taga-gawa ng kontrabandong alak at mga lasenggo. Mga relihiyoso silang mga tao. Hindi sila masasama. Hindi lang—hindi lang nila matanggap ang Salita ng Katotohanan. Hindi nila natanggap ang Espiritu. Bakit? Pinanghawakan kasi nila ang kanilang mga kredo at mga—mga tradisyon ng kanilang mga tagapamuno. Kita n'yo? Ipinakikita lang n'yan na ang mahal talaga nila'y ang kanilang mga tagapamuno.

²¹⁰ Hayan nga ang tinitingalang Caifas, na punong saserdote. Hayan ang iba pa sa kanila na bigating mga saserdote, at sila'y sinusundan-sundan ng mga taong ito.

Ngayon, ihalimbawa na lang natin 'yung, siguro 'yung mga Katoliko. Sila. . .Hindi naman sa pinahihiya ko sila. Ganyan na ganyan din naman kasi ang mga Protestante. Ihalimbawa natin ang isang Katoliko, mahal na mahal niya ang kanyang pari. At—at pangusapan ko man siya ng tungkol sa Salita ng Panginoon, at—at makasaksi man siya sa mga gawa ng Diyos. Sasabihin niya, “Pero di naman naniniwala ang aking—aking iglesya Riyan.” At pangusapan man siya, at ipagdiinan man sa kanya. Sinasabi ko nga. . .

May isang babae ang nagsabi sa akin, noong isang araw, sabi, “Kasalanan sa akin ang makinig sa iyo.” Kita n'yo? Ayaw nga niyang mapasama. Labis-labis ang kanyang pagtangkilik sa kanyang simbahan at kanyang pari, na hayan nga't, di siya nakikinig sa kaninumang iba pa. . . Tapat siya sa paring 'yun.

²¹¹ Maging ang mga Saksi ni Jehovah ay tapat sa kanilang paniniwala. Ang mga Baptist ay tapat sa kanilang paniniwala. Ang mga Presbyterian ay tapat sa kanilang paniniwala. At tapat na tapat nga sila sa kanilang mga pastor. Hindi ba tayo puwedeng maging ganung katapat sa Salita? Kita n'yo? Ngayon kung 'yung. . .

²¹² May gusto akong itanong sa inyo. Sasabihin n'yo, “Buweno, Kapatid na Branham, paano mo nalaman na mali sila?”

Ngayon, kung ang mga Fariseo at mga Saduceong 'yun, at mga pinuno ng panahong 'yun, ay kanilang iwan ang kanilang mga kredo at kanilang mga dogma, at nakinig sa sinasabi ng Salita at sa kung anong sinasabi ni Jesus, tungkol sa kung ano mismo ang gagawin ng Mesiyas, kanila sanang panghahawakan

Siya nang mainam. Kita n'yo? Ngunit labis-labis ang kanilang pagtangkilik sa kanilang mga tagapamuno!

Hindi nga sila masasamang tao. Hindi sila nagnanakaw, nagsisinungaling, nagmumura, o anumang gaya nun. Hindi nila gagawin 'yun. Hindi sila nagkakasala ng pangangalunya. Aba, hindi nga nila gagawin 'yun. Aba, sumaksi nga sila sa pambabato ng isang nakagawa ng ganoong bagay. At hayan nga't hindi nila—hindi nila gagawin 'yun. Mabubuti silang tao.

Subalit ang problema nga lang, hindi sila espirituwal na mga tao. Kung sa kabutihang asal lang, mabubuti sila, pero hindi 'yun ang mahalaga. At anong sinabi nga sa kanila ni Jesus, na sinabi maging sa kanila na mga matatapat na tao? Sabi Niya, “Kayo’y sa inyong ama, na diyablo.” Kita n'yo? Ang Salita ang mahalaga.

Ngayon bibilisan ko na ito nang husto.

²¹³ Ngayon, sila nga’y mga taong di puspos ng Espiritu, ngunit mga tapat sila at mainam na humahawak sa modernong kredo ng kanilang mga tagapamuno. Kita n'yo? Buweno. Inilalantad ng Kanyang pagmi-ministeryo ang kanilang doktrina. Yun ang nangyari. Ngayon tingnan n'yo. Tutumbukin ko na ito. Ngayon kayo lang nga’y . . .

Mga kapatid, ako—ako, ako’y—ako’y humihingi sa inyo, ng paumanhin, sa sandaling ito, dahil masyado na akong matagal. Ako’y . . . Marahil di n'yo na ako muling pabalikin sa susunod. Ngunit, tingnan n'yo. Pakinggan n'yo itong maigi. Kita n'yo? Nais kong makasiguradong makukuha n'yo ito.

²¹⁴ Ngayon, sila nga’y may mga kredo, at may naglalakihang mga simbahan at maraming mga nagsisidalò, at dakilang mga lalaki, banal na mga lalaki, mabubuting lalaki, maaamong lalaki, maiinam na mga lalaki, kapita-pitagang mga lalaki, mga lalaking iginagalang, edukado, matalino, relihiyoso. Tama ba? [Sinabí ng mga kapatiran, “Amen.”—Pat.] At alam na alam nating lahat 'yan. Sila ang pinaka mabuting mahahanap n'yo kahit saan. Kita n'yo? Subalit nung dumating si Jesus, inilantad ng ministeryo Niya ang kanilang doktrina, 'pagkat pinatutunayan ng Diyos sa pamamagitan ng ministeryo ni Jesus Cristo na Siya ay sumasa Kanya.

²¹⁵ Hindi ba't nabanggit din ni Pedro ang gayundin? Sabi niya, “Kayong mga lalaking taga-Israel, mangaalaman nawa ninyo ito, at inyong pakinggan ang aking mga salita.” Sabi niya, “Si Jesus na taga-Nazaret, Lalaking pinatunayan ng Diyos sa inyo.” Kita n'yo? Kita n'yo? Kung kanila sanang . . .

²¹⁶ Gaya na lang ng sinabí ng lalaking bulag na 'yun, “Hindi pa ba ito kagila-gilalas na bagay? Kayo ang mga espirituwal na tagapamuno nitong bansa, pero nung naritong dumarating ang Tao na 'yun at binuksan ang mga mata ko sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, sa kabila nun wala man lang kayong nalalaman tungkol sa Kanya.” Sabi niya, “Isa talaga itong

kagila-gilalas na bagay.” Sobrang tapang niya. Hindi po ba? Matapang nga siya. Buweno. Hayan nga siya. Nagawa ngang gawin 'yun ng Tao na 'yun, pero sa kabila nun hindi nila alam kung saan Siya nanggaling. Ngayon isa talaga 'yung kagila-gilalas na bagay.

²¹⁷ Ngayon tingnan n'yo ang panahon ngayon, mga kapatid. Kita n'yo? Nasa atin na, alam nating nasa atin na ang pagkilos ng Diyos. Alam nating nagpapamalas nga Ito ng mga himala. Pinagagaling Nito ang mga maysakit. Ibinabangon pa nga Nito ang mga patay. Nagpapalayas Ito ng mga diyablo. Nagsasalita Ito ng iba't ibang wika at nagpapaliwanag ng iba't ibang wika. Nagpapadala Ito ng mga propesiya; nagaganap ang mga 'yun. Pinakikitaan Niya tayo ng mga panaginip, mga kahayagan; nang ganap, eksakto. Kaya hindi ba't nakapagtataka namang sasabihin nitong mga kinikilalang tagapamuno na tayo raw ay grupo ng mga baliw na tao, gayong sila ang mga tagapamuno ng bansa, mga tagapamuno ng mga kaiglesyahan? Kagila-gilalas na bagay naman kasi talaga 'yun.

²¹⁸ Ano ito? Pagkainggit nga ito. Inilalantad kasi ng Espiritu at kapangyarihan at Salita ng Diyos sa huling mga araw na ito ang kanilang mga dogma at kredo, na 'yun lang pala 'yun, na nabulag tuloy ang mga lalaking ito.

Kaya, mga nakababata kong mga kapatid, kayong lahat na nagsipunta rito mula sa mga iglesya n'yo, panghawakan n'yo ang Salita ng Diyos. Huwag n'yong iwanan. Kung hindi n'yo Ito maisakatuparan, huwag kayong magiging sagabal sa daan ng iba. Tumayo kayo roon, na kinakalampag ang pintuan ng tarangkahan, habang nakaturo mismo Rito. Siyanga. Manatili kayo roon mismo. Huwag kayong magawi sa pagkapanatiko, 'pagkat ilalantad kayo n'yan. Dahil nga kung mananatili kayong tapat at banal, at talagang nasa Salitang 'yun, kayo ay patototohanan ng Diyos. Siyanga.

²¹⁹ Inilalantad ng Kanyang ministeryo ang mga doktrina at dogma nila. Kaya sinasamantala nila ang bawat pagkakataong mapaalis Siya, bawat pagkakataong makita nila. Lahat ng makita nilang pagkakataon, para mapaalis Siya, ay kumilos sila. Sasabi-sabihin nila, “Buweno, ngayon, tingnan n'yo nga *rito*. Tingnan n'yo *rito*, *Ganito-at-ganoon*, ang isang *ito*.”

²²⁰ Hayan nga Siya noon, nakaupo roon, isang araw, sa bahay ni Simon, na ketongin. Walang isa mang kumibo't nagsabing pinagaling Niya 'yung lalaki. Yung lalaking 'yun ay ketongin. Wala man lang nagsabing pinagaling Niya 'yung lalaki. Hayan nga.

²²¹ Dumaan Siya sa patubigan ng Betesda, at nakahimlay roon ang mga nasa dalawang libong katao, pilay, bulag, pingkaw, nanghihinay. At lumapit Siya sa isang tao at pinagaling ito, at lumakad na palayo. Hayan nga, “Buweno, ngayon, kung Siya

talaga ang Mesiyas, o di dapat sana'y pinagaling Niyang lahat sila. Kung sinasabi n'yong puno talaga Siya ng habag na gaya ng sinasabi n'yong lahat, mahahabag dapat Siya sa kanilang lahat."

Lahat na lang ng mapuna nila, para batuhin Siya ng dungis, ay ginawa nila. Lahat ng mapuna nila, ibinato nila sa Kanya. Buweno. Sinamantala nila ang bawat pagkakataong makuha nila, para paalisin, mapaalis Siya.

222 Inusisa nila ang Kanyang kapanganakan. Pinagdududahan kasi ang Kanyang kapanganakan. Inilatag nila 'yun sa harap ng mga tao. Hindi nila kasi maunawaan kung papaano Siyang isinilang ng isang dalaga. At si Jose, na Kanyang ama, ay isang karpintero lang. At isinilang Siya bago maikasal sina Jose at Maria. Ibinato nila 'yun sa harap ng mga tao. Siyanga, po. Kita n'yo? Ano itong pinupuntos ko rito ngayon? Dinudungisan nila Siya. Kita n'yo?

223 "Tingnan n'yo Siya. Saan Siya nanggaling? Tingnan n'yo ang nanay Niya, walang pinagkaiba sa patutot sa lansangan, nagluwal ng sanggol na ito. Nagsilang na agad ng sanggol. . . Buntis na siya, at nung malapit nang isilang ang sanggol, saka siya pinakasalan ni Jose, upang itago ito, parang nagsabwatan бага. . .Aba, gawain ito ng diyablo. Hindi ba n'yo nakikita? Ganoon ang pagkakapanganak." Ibinato nila 'yun sa harap ng mga tao, nang di man lang binabasa sa Biblia, ang Isaias 9:6, "Isang dalaga ay maglililihi." Kita n'yo? Ano 'yun? Napalayo sila sa Salita. Ganoon nga.

224 Binato nila ng ikadudungis ang Kanyang kapahintulutan. "Mga ginoo, hindi n'yo ba nalalaman na mga alagad kami ni Moises. Hindi ba n'yo nalalaman na mga lingkod kami ni Cristo? Hindi ba n'yo nalalaman na sinasaliksik namin ang mga Kasulatan araw-araw? At wala kaming isa mang kapintasan." Sasabihin nila, "Paparito ang Mesiyas sa Kanyang templo. Ni wala nga kaming nabalitaang nanggaling Siya sa isang templo. Saan ba Siya nanggaling? Sa anong paaralan ba Siya nagtapos? Tanungin n'yo ang sinuman sa mga kapatid, Methodist man, at Baptist, at Presbyterian, alam n'yo; mga Fariseo, mga Saduceo, at iba pa. Anong card ang dala-dala Niya na magpapatunay ng pakikisama? Saan nanggaling ang kapahintulutan Niya na mangaral man lang? Hindi Siya naitalaga. Ni wala Siyang karapatang mangaral."

225 Sabi Niya, "Ang pagkatalaga ko ay nagmumula sa Diyos. Pinatotohanan ng Aking mga gawa kung ano nga Ako." Siyanga. "Hindi ko kailangang magkaroon ng mga papeles n'yo."

226 Nakita n'yo na ang ibig kong sabihin? Ibinato nila 'yun. Ang Kanyang Doktrina, aba, tinawag nila Siyang Beelzebub. Ang Kanyang Doktrina, hindi nila 'yun maunawaan.

227 “Aba, hindi Siya nakikiayon sa lahat ng mga tradisyon ng mga magulang. Hindi rin Siya nakikiayon sa mga Fariseo. Hindi Siya nakikiayon sa mga Saduceo. Hindi Siya nakikiayon sa buong grupo nila. Ngayon, saan naman kaya Niya nakukuha ang Kanyang Doktrina?” Mula sa Biblia, siyempre pa.

“Buweno,” sasabihin n’yo, “buweno, ngayon, papaano ko malalaman na tama nga Iyon?” Pinagtitibay ’yun ng Diyos.

Iyon nga ang sinabi ng lalaking bulag. “Kakaiba naman ’yan, kung kayo ang ganap na tama at Siya ang ganap na mali. Haya’t may kakayahan Siyang gamitin ang kapangyarihan ng Diyos at buksan ang aking mga mata, at ni hindi pa nga kayo nakakakita ng ganito na nangyari, kahit noon pa man. Kakaiba naman kayo.” Oh, grabe! Nais ko ngang pumanig sa Kanya. Kayo rin ba? [Sinasabi ng mga kapatiran, “Amen.”—Pat.] Siyanga. “Sinasabi n’yong mga alagad kayo ni Moises, at kayo ang tama at Siya ang mali, kung ganun aba’y ipakita n’yo nga sa akin na kayo mismo ang gumawa nung bagay na ginawa Niya.” Amen.

228 Hayan nga, dahil sa Kanyang Doktrina, tinuligsa nila Siya, lahat ng mga sinasalaysay Niya. Sabi nila, “Wala Siyang . . . mali ang Kanyang sinasalaysay, ng pagiging Mesiyas. Papaano Siyang magiging Mesiyas, hindi naman nagpupunta sa iglesya? Papaano Siyang magiging Mesiyas? Samantalang narito kami, ang pinakamaiinam na krema ng Israel.”

Subalit krema ngang napanis. Kita n’yo? Oh! Siyanga, po. Dinadapuan na ng mga langaw, kaya kailangan na nilang—nilang kutsarahin ’yun paalis.

229 Hayan nga’t ang sabi pa, “Heto nga kami, ang iglesya, ang hinirang. Kami . . . Aming pinakaingatan ang tradisyon. Aming tinutupad ang mga kautusan ni Moises. Ginagawa namin ang lahat ng mga bagay na ito, mula sa taas-pababa. At heto ang Lalaking ito na susulpot na lang at tutuligsain itong mga sinasalaysay namin. At di lang ’yan, ang mga banal nating saserdote, ang ating banal na ama, na gumawa ng *ganito* at gumawa ng *ganoon*, at lahat nitong iba’t ibang mga bagay, at lahat ng ating mga dakilang kalalakhian, tapos tatawagin lang Niya silang ‘sa diyablo,’ tapos inaangkin Niyang Siya ang Anak ng Diyos.” Oh, grabe! Kita n’yo?

230 Sinikap nilang mambato ng dungis sa Pangalan ni Jesus, at kay Jesus, upang ipakita ’yun sa harap ng mga tao. Marami pang puwedeng isaysay sa bagay na ito, pero gugugol tayo ng masyadong maraming oras. Hayan nga’t ano? Hayan nga’t ang Salita at ang mga gawa ang nagpatotoo sa Kanya. Amen.

231 Oh, para sa mga tunay na mananampalataya, para sa mga itinalaga na nung una na itinalaga na nung una na makita Siya at matalos ang ministeryo Niya, Siya na talaga ’yan. Kahit na nga di Siya magbuka ng Kanyang bibig tungkol sa anumang bagay, talos nilang Siya talaga ’yan. Hallelujah!

232 Dumating sa may balon ang munti't hamak na patutot na 'yun nung araw na 'yun, para mag-igib ng isang timbang tubig. At isang Lalaking nasa edad-media na nakaupo roon noon, ay nagsabi, "Dalhan mo Ako ng maiinom."

233 Sabi nung babae, "Aba, hindi kinaugalian para sa inyo na mga Hudyo na humiling sa isang babaing taga-Samaria ng ganoon."

Sabi Niya, "Ngunit kung napagkikilala mo lang kung Sino ang kinakausap mo!"

234 "Ngayon," inisip nung babae, "narito ang isang Hudyong bilib na bilib sa sarili." Bumaling 'yung babae, sabi, "Nakikita kong Ikaw ay isang Hudyo. At kung isa Kang Hudyo, siyempre, Ika'y relihiyoso, at sasabihin Mo, na sumamba sa Jerusalem. Subalit ang ama naming, si Jacob, ay uminom sa balong ito, at pinainom ang kanyang mga hayop dito. At malalim ang tubig, at wala Kang panalok. At sumasamba kami sa bundok na ito."

235 Sabi Niya, "Sige sandali lang muna. Humayo ka't kunin mo ang iyong asawa at pumarito kayo."

Sabi nung babae, "Wala naman akong asawa."

236 Sabi Niya, "Sinabi mo ang katotohanan." Sabi, "Mayroon kang limang asawa. Nagkaroon ka ng limang asawa, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa."

237 Ang munting patutot na 'yun, itinalaga na nung una pa, nakikinita ko ngang ibinaba niya ang banga, at sinabi niya, "Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang Propeta." Kita n'yo? Kita n'yo?

238 Nakahimlay na noon pa man ang binhing 'yun doon. Ang tanging bagay na kailangan lang ay Tubig, at bumuhos dun ang Tubig.

239 Nung bumuhos Ito sa mga Fariseong naroon, ang sabi nila, "Ito'y Beelzebub." Hindi man lang nakapamunga. Wala kasing kahit ano roon kundi mga damo, na tutubo.

240 Ngunit noong tamaan ang predestinadong binhing 'yun ng Tubig ng Buhay na 'yun, sinabi nung babae, "Ginoo, Ikaw marahil ay isang Propeta. Nalalaman kong pagparito ng Mesiyas, ay sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito."

Sabi Niya, "Siya nga ay Ako, na nagsasalita sa iyo."

241 Iniwan Niya ang kanyang banga ng tubig, at kumaripas sa bayan! Taglay-taglay na niya ang isang bagay na sasabihin. Sabi niya, "Magsiparito kayo, tingnan n'yo ang isang Lalaking nagsabi sa akin ng mga bagay na aking nagawa. Mangyari kayang ito na ang Mesiyas?" Kita n'yo? Pumanig siya kay Jesus. Siyanga.

242 Kakatwang bagay, di ba? Lahat ng mga Fariseo at Saduceo ay hindi Siya nakilala, pero ang patutot na ito'y nakilala Siya.

Kita n'yo? Bakit? Ang mga sumampalataya sa Kanya, at inibig Siya, at nakita ang Kanyang mga tanda, alam nilang 'yun ang tanda ng Mesiyas. Hindi 'yun mapasisinungalingan. Alam nila na 'yun talaga 'yun.

²⁴³ Noong pumaroon si Natanael. Marahil, sa harap ni Felipe, nagsabi siya, “Ngayon, hindi ako makapagpasya sa bagay na ito, Felipe. Marami na akong nakitang nagsulputan sa huling mga araw na ito. Alam kong napakaraming nangyayaring kung ano na lang.” Subalit nung lumapit siya sa harapan Niya. Sabi, “Sige paroroon ako’t makikinig sa Kanya, at titingnan ko kung anong masasabi ko.”

²⁴⁴ Lumapit siya roon, at sabi ni Jesus, “Narito ang isang Israelita na sa kanya’y walang daya.”

Sabi niya, “Rabi, kailan Mo ako nakilala?”

²⁴⁵ Sabi niya, “Bago ka tinawag ni Felipe, nang ika’y nasa ilalim ng punongkahoy, nakita na Kita.”

²⁴⁶ Anong nangyari dun? Tumama ang Tubig sa itinalagang binhing 'yun. Oh, grabe! Noong tumama nga Yun, sinabi niya, “Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel.”

²⁴⁷ Ano 'yun? Nakahimlay na ang binhi, naihanda na. Ipinunla na 'yun ng Diyos bago pa man maitatag ang sanlibutan; at pauusbungin Nito ang Liwanag sa tamang panahong 'yun. Hallelujah!

²⁴⁸ Yan ang tinatayuan ko, 'yan mismo, kapatid. Diyan ako nananampalataya, diyan mismo. Ipangangaral ko lang Ito, at mahuhulog Ito *rito* at *doon*, at mapupunta sila sa gawing *ito* at sa gawing *iyon*. Hindi na mahalaga kung saan-saan. Saan man 'yan, ay may tatamaan at tatamaan Itong kahit isang binhi. At pagkatapos Nitong tumama, [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] papailanlang ito sa Buhay, gaya *niyon*, siguradong mangyayari 'yan. Siyanga, po.

²⁴⁹ Gaya nung, “Binatilyong bulag na 'yun,” sabi, “nangyari ito upang mahayag ang mga gawa ng Diyos.” Kita n'yo? Kita n'yo? Alam Niya kung anong mangyayari. Tunay, alam Niyang talaga. Sige.

²⁵⁰ Ngayon, ang mga predestinado, noong makita nila ang mga Espirituwal Niyang tanda, alam nilang pinagtibay ng Salita ang mga gawa, o pinagtibay ng mga gawa ang Salita, na tama nga ang Salita. Itinalaga sila upang makita Ito, at nasa tama silang pagkakalinya upang makita Ito, at nakuha nga nila Ito.

Pagkatapos sinabi nga ng mga ito...Matapos nilang makasaksi'y hindi na sila tutungo pa kung saan-saan.

²⁵¹ Sapagkat ang mga tao na nakatalaga na talaga sa Buhay na Walang Hanggan, kanilang masusumpungan nga Ito. Ganoon 'yun. “Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin. At ang lahat ng lumalapit sa Akin, ay pagkakalooban

Ko ng Buhay na Walang Hanggan at ibabangon siya sa huling araw. Walang isa man sa kanila ang mawawala.” Amen. Pinanghahawakan ko ’yan.

“Hindi sa pamamagitan ng gawa, hindi sa pamamagitan ng mga ikinikilos, hindi sa pamamagitan ng kalakasan, hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan; kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Diyos.” Hindi sa nagawa ko, hindi sa kung ano ako, o kung anong magiging ako; kundi sa kung ano Siya. At ako’y nasa Kanya. At ano man Siya, ako’y bahagi Niya. Amen. Ako’y ligtas dahil ako’y bahagi Niya. At, Siya, Siya ay Dios. At ako’y bahagi Niya, bilang anak Niya. Siyanga. Kaya hindi ito sa nagawa ko, o sa kung anong gagawin ko pa. Ito’y kung anong ginawa Niya. Doon nakalagak ang pagtitiwala ko, doon mismo. Buweno.

²⁵² Hayan nga’t nakita nilang wala nga silang mapapala dun. Lalampasan ko na ang ilan sa mga Kasulatang ito rito. Nakita nilang wala silang mapapala, sa Kanya.

Kaya, alam n’yo, ’yung sumunod na ginawa nung mga tao na ’yun, para mapaalis Siya sa pangangaral, pumunta sila at sinabi sa Kanyang mga kapatid at sa Kanyang ina, “Alam n’yo, pagod na pagod na Siya. Dapat dalhin n’yo muna Siya sa isang tabi, pagpahingahin nang ilang panahon.” Mga ipokrito talaga! Sadyang ayaw lang nila, dahil ang totoo, n’yan, ayaw lang talaga nila, ’yan nga ang totoo na ayaw lang nilang. . . Ang gusto lang nila’y mapaalis Siya. Hindi dahil nag-aalala silang pagod na pagod Siya. Ang gusto nga nila’y magpakapagod Siya na magtrabaho sa Kanyang Salita hanggang mamatay. Subalit sa tuwing lumalabas Siya, hayan ngang bumubuhos ang mga himala, ang Salita ng Diyos ay umaagos.

Ako, hindi ko pa ba nanaising marinig Siyang tumayo roon nung araw na ’yun, sa baybaying dagat, noong tawagin Niya si Simon Pedro, at nagsabi, “Sumunod ka sa Akin!” Nanaisin ko talagang kumuha ng isang malapad na kahoy at mauupo roon, iiwan ang mga lambat ko, at iiwan ang bawig ko, Kapatid na Crase, at mauupo roon, sasandal sa isang malapad na kahoy at makikinig sa Kanyang pangangaral habang nakasakay Siya sa bangkang ’yun! Oh, grabe, grabe! Talagang may pagnanais akong pakinggan Siya nung sabihin Niya, “Magsiparito kayo sa Akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha. Kayo ay Aking papagpapahingahin.” Amen. Gustong-gusto ko ngang marinig Siyang sinasabi ’yun.

²⁵³ Sinubukan nilang gamitin ang Kanyang ina para mapaalis Siya sa pangangaral. Sabi nila, “Buweno, alam n’yo, Siya’y—Siya’y lupaypay na lupaypay na sa sobrang pagod. Sa palagay ko’y mabuti pa sigurong patigilin n’yo na muna ang ginagawa Niya.” Kahit anong paraan, diskarte, mapaalis lang Siya, ’yun talaga ang gusto nilang mangyari. Siyanga, po.

²⁵⁴ Muli, 'yung karamihan sa sumusunod-sunod sa Kanya, nandun sila para lang makakuha ng tyempo at mabitag Siya. Alam n'yo ba 'yun? [Sinasabi ng mga kapatiran, "Amen."—Pat.] Nagsisisunod 'yung mga tao sa Kanya, para lang makakuha ng tyempo. Inabutan nila Siya, isang araw, ng isang denaryo. At sabi nila, "Rabi. . ."

Bago nila iniabot sa Kanya 'yung denaryong 'yun, sabi, "Rabi, kami'y mga Hudyo. Alam naming isa Kang dakilang Tao ng Diyos." Oh, mga ipokritong talaga! Kita n'yo? Oo. "Alam naming isa Kang dakilang Tao ng Diyos. Oo, Ginoo, Rabi." Sasabayan pa nila n'yan Siya sa paglakad. "Oh, magandang umaga, Kapatid! Oh, labis kaming natutuwa na nakaparito Ka sa aming lugar! Oh, labis kaming nagagalak na makita Ka! Talagang nakasuporta kami sa Iyo, itaya man namin ang aming ngipin at kuko sa paa sa pagsuporta, Kapatid. Kung magdaraos Ka ng rebaybal, baka sakaling matulungan Ka namin." Kita n'yo? Ang ginagawa nga nila'y pinapainan nila Siya ng isang patibong. Kita n'yo?

²⁵⁵ Sabi nila, "Ngayon, alam naming Ikaw ay isang dakilang Tao ng Diyos. Hindi ka natatakot sa pagkiling sa kaninumang tao. Wala kang kinatatakutan kundi ang Diyos lang. At alam naming matapang Kang talaga. Oh, buo ang loob Mo sa Iyong Mensahe! Alam naming isa Kang dakilang Propeta, 'pagkat walang taong makagagawa ng tulad n'yan at maging matapang sa Kanyang Mensahe sa panahong tulad nito, maliban na isa Siyang Propeta ng Diyos, na may paninindigan kung saan Siya nakatayo. Kaya, alam naming hindi Ka nagtatangi ng tao, o kahit sino. Rabi, isa Kang dakilang Tao. Kami'y mga Hudyo. Kasama Mo kami, Kapatid. Tunay ngang kasama.

²⁵⁶ "Ngayon, Rabi, matuwid bagang bumuwis kay Cesar?" Oh, mga grupo ng ipokrito! Huh!

Hayan nga. Sumasa Kanya ang Espiritu Santo. Siya ang Espiritu Santo. Kita n'yo? Sinabi Niya, "Mayroon ba kayong denaryo riyang?"

Sabi, "Oh, oo, oo. Oo. May denaryo ako, oo, mayroon."

Sabi, "Iabot n'yo 'yan sa Akin." Sabi, "Kanino ang mga nasusulat diyan?"

Sabi, "Kay Cesar."

Sabi, "Kung gayon ibigay ninyo kay Cesar ang kay Cesar; sa Diyos ang sa Diyos."

²⁵⁷ Ipinapain nila Siya sa isang patibong, nagpapakilala silang mga kaibigan daw Niya. Pero parang wala naman sa kanilang nakakaintindi sa Kanya. Sasama-sama sila dun sa paglalakbay Niya nang maikasing panahon, tapos madidismaya sa Kanya, at mang-iiwan na lang. Sasabihin nila, "Oh, buweno, akala kasi namin, akala kasi namin ay 'yun na talaga. . ." Maging 'yung

mga alagad ay nakapagsabi ng ganun, “Akala talaga namin ay Siya talaga itong—itong . . .” Kahit nga si Juan ay nagpapunta, tinanong Siya, “Ikaw ba Siya, o maghihintay ba kami ng iba?” Kita n’yo? Oh, anong buhay marahil ang Kanyang dinanas, kita n’yo, na ganoon ang nangyayari! Subalit may isang layunin Siya, isang layunin: gawin ang gawain ng Diyos. Marami ang sumama sa Kanya, para lang makapagpain ng bitag sa Kanya.

²⁵⁸ Ngayon, umaasa akong hindi magiging kalapastanganan ito kung sasabihin kong ganundin ang nangyayari sa panahong ito. Maraming nagsisipasok at sumasama-sama sa pagtitipon, para lang makahanap ng tyempo, pupunahin ang pananalangin mo para sa isang tao.

²⁵⁹ Dito, di pa katagalan, isang kapatid na babae na dumadalo rito sa iglesya, ang nagpunta sa isa pang iglesya kung saan pinangyayari dun ng Diyos ang lahat. At ang sabi ng kapatid na ito sa isa pang kapatid na babae, sabi, “Alam mo, ‘yung lalaking ‘yun na nananalangin dun para sa mga maysakit,” sabi, “siguro ang—ang—ang kanyang buhay ay mapanagumpay talaga.” At sabi, “Sadyang magagawa niya marahil na, ang kanyang pamilya, ang lahat, ay mapagaling sa pagbigkas lang ng salita, sa isang iglap.” [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.]

At ‘yung isang babae ay mangyaring taga-Jeffersonville. At alam kong kahit hindi na ito sabihin ay alam na, hayan nga’t ang sabi ni Jesus, “Sa gitna ng iyong sariling kamag-anakan,” alam n’yo, “sarili mong lugar.” Siyanga. Iyan ang dahilan kung bakit ako . . . Maaaring ganyan sa ngayon, pero malapit na, na may pagbabagong magaganap, nakita n’yo.

At sabi niya—sabi niya, “Alam mo ba?” Sabi, “Wala ni isa sa mga anak niya na kapag nagkasipon kahit kaunti, di niya dadalhin sa doktor.” Isang aba’t, mangmang, na lihis ang isip, kita n’yo, kita n’yo, isang babaing nais lang manggulo ng isip. Sabi, “Kapag nagkakasakit ang mga anak niya, dadalhin niya sila sa mga doktor.”

²⁶⁰ Ang sinumang matino ang pag-iisip ay ganun naman talaga ang gagawin. Oo. Hindi maintindihan ng tao na ipinadala ng Diyos ang medisina. Aba, mga kapatid, kung hindi, o di sana’y sa diyablo ‘yun. Tunay, magkaka ganun nga. Pero ang Diyos nga’y nariyan kapag di na kayang abutin ng medisina. Tunay. Ang medisina’y sa Diyos. “Buweno,” sasabihin n’yo, “marami akong kilalang doktor na ano naman . . .” Oh, oo, marami rin akong kilalang mangangaral na ganoon, din naman. Wala ‘yun sa tao kung humahawak ba dun, ‘yun lang ‘yun talaga. Marami akong kilalang lalaking humahawak naman daw sa Salita ng Diyos, pero di naman naniniwala sa Makalangit na kagalingan, ni di nga talaga naniniwala sa Diyos. Tama. Pero hawak daw nila Ito, hayan nga. Maraming mga lalaki riyon na gamit ang

medisina, at pag-ooopera, at mga bagay-bagay, na di naniniwala sa Diyos at lahat nun, pero marami rin namang nagtitiwala sa Kanya. Kaya kung nakakatulong ito sa mga tao, ito'y sa Diyos. Hindi ko naman kailangang...Hindi ko naman kailangang gamitin ang kotse at magmaneho pauwi ngayong gabi. Puwede akong maglakad kung gugustuhin ko. Subalit iginawa ako ng Diyos ng kotse, kaya pinasasalamat ko ang Diyos para dun. Ang lahat ng mga bagay na ito ay nagmula sa Diyos, ngunit gamitin n'yo ito nang may kapahayagan. Huwag n'yong ituon ang pagkahumaling n'yo sa mga ito. Kita n'yo?

²⁶¹ Ganoon din ito rito, kaya, hayan, hayan nga't ganito lang ito, kita n'yo. Naghahanap lang talaga siya ng bagay, para 'yung bagong mananampalatayang 'yun, ay masira sa kanila ang pangalan, ang pangalan ng—ng mga gawa ng Diyos. Kita n'yo? Nais nilang masira 'yun. “Sa tuwing magkakasakit ang anak niya, isa sa mga anak niya, dinadala niya sila sa doktor.”

Talagang, dadalhin ko sila. Pagkatapos kung di magawa ng doktor...Hihilingin ko sa Diyos na tulungan ako bago ako pumunta roon. Pagkatapos kung walang magawang remedyo ang doktor tungkol dito, hayan nga't dadalhin ko siya sa mas mataas diyen. Uh-huh. Ganoon nga. Siyanga, po.

Oh, kahit hanggang ngayon, sinisikap nilang makahanap ng patibong sa kung saan.

²⁶² Kilala nga Niya sila, subalit napansin n'yo ba, hindi Niya sila sinaway. Nandun Siya kung saan nandun din sila. Uh-huh. Ganoon din ang ginagawa Niya ngayon. Nandun Siya kung saan nandun din sila, nagpapakita sa kanila ng habag Niya, siyanga, bagama't nagkakampi-kampi sila laban sa Kanya. Bakit? Sapagkat mahal Niya sila. Hayan nga't nandun Siya kung saan nandun din sila.

Sa kabila nun nakahanda silang tumawag sa Kanya sa tuwina sa panahon ng kagipitan. Gusto nila Siya sa ganoon. Gusto nilang...Manlilibak sila ng tao, dahil na pagsigaw nun. Lilibakin nila ang isang tao na nangangaral ng Makalangit na pagpapagalang, sasabihin hindi sila naniniwala dun. Marahil di pa sila nakakaranas na magkasakit nang malubha. Marami na akong narinig na ganun.

²⁶³ May isang babae, nag-aagaw buhay siya, habang paakyat na ako nung hagdan, nung panahong nangangaral ako rito. At may lalaki riyang nakatayo mismo sa may pintuan, tinatawag ako. Dumaan 'yung babae minsan. Nakatira siya roon sa kalye rito, at may alaga siyang baka. At sabi niya, “Kung 'yung baka ko'y magkakaroon ng ganyang relihiyon na taglay nitong si Billy, mapapatay ko 'yung bakang 'yun.” Wala pang isang oras mula nun, nagkasakit 'yung babae at sinugod sa ospital, isang maganda't batang-bata pang babae.

At nagmadali akong sumugod dun. Katoliko ang asawa nung babae. At ipinasundo nila ako. “Nag-aagaw buhay siya. At ’yung ano niya . . . Tumitirik na ’yung mata niya. Sabi niya, “Tawagin n’yo siya. Tawagin n’yo siya. Tawagin n’yo siya. Tawagin n’yo siya. Dali. Dali.””

²⁶⁴ At humangos ’yung kapatid niyang lalaki at tumayo sa may pintuan, at naghintay nang naghintay, at panay ang senyas sa akin. At punung-puno noon ng tao itong lugar. At mga ilang sandali, may lumapit at naglagay ng pabatid dito sa ibabaw—ibabaw ng mesa. Ang sabi—sabi dun, “May nag-aagaw buhay sa ospital.”

At sa pagkakatanda ko, si Kapatid na Graham Snelling, sabi ko, “Ikaw muna rito habang wala ako.” At tumayo nga siya rito at pinangunahan ang awitan. Hindi pa nga siya nun naatasan, para—para mangaral, nung panahong ’yun. Umakyat lang siya para pangunahan ang awitan.

At lumabas na ako at sumakay na sa kotse ko, at nagmadali roon. At habang paakyat na ako nung hagdan, hinugot na niya ang pinaka huli niyang hininga. At, hayan nga, ’yung bituka at ’yung bato, lahat na, ay pumalya. At humangos ako roon, at tinakluban na nila ang kanyang mukha, at lumalabas na ’yung singaw nang paganoon. At ’yung matandang nars na nakatayo roon, sabi niya, “Kapatid na Branham, isinigaw niya sa pinaka huling hininga niya ang pangalan mo.” Sinubukang maitama ’yun, subalit huli na noon, kita n’yo. Oo. Huli na . . . Maaari kayong magkasala hanggang sa maging huli na ang lahat, alam n’yo.

²⁶⁵ At ’yung naging itsura niya noon ay para bang . . . lumubog ’yung kanyang mukha. Mala-tsokolate nga ang buhok niya; at siya’y talagang magandang babae. At ’yung kanyang—kanyang buhok na maiksi ang pagkakagupit ay sabog-sabog noon. Yung malaki’t kulay kape niyang mga mata’y lumuwa, at nakasara lang nang kaunti. At ang mga pekas sa kanyang mukha ay para tuloy, dahil sa paghihirap niya, para tuloy naging maliliit na bukol sa buong mukha niya, at ’yung bibig niya’y nakabuka. At lumapit ako roon at tiningnan siya.

At naroon nakatayo ang asawa niyang lalaki, at ang sabi, “Billy, ganito kasi ’yun.” Sabi, “Isa akong Katoliko. Gusto ko sanang umusal ka ng panalangin para sa kanya, ’pagkat naroon na siya sa purgatoryo.”

Sabi ko, “Ano?”

²⁶⁶ Sabi, “Umusal ka ng panalangin para sa kanya.” Sabi, “Naroon na siya sa purgatoryo. Dumaan nga siya sa simbahan n’yo mga dalawang oras na ang nakalilipas, at sabi, ‘Kung ang baka namin ay magkakaroon ng ganyang relihiyon na taglay mo, mapapatay niya ’yung baka.’” Kita n’yo? Sabi, “Umusal ka ng isang panalangin para sa kanya.”

267 Sabi ko, “Huli na ang lahat. Dito niya dapat pinurga ang kanyang kaluluwa, hindi ’yung hinintay munang maparoon sa kung saang dako.” Kita n’yo? Tama ’yun. Oh, oo.

Hayan nga’t ninanais natin Siyang palagi sa panahon ng kagipitan. Mga kasama, narinig ko nang may mga nagsasabi, “Hindi ako naniniwala sa Diyos.” Hintayin n’yong masaktan niya ang sarili niya nang talagang grabe, nang minsan, tingnan n’yo kung sino Yaong una niyang tatawagin.

268 Maging ’yung mga alagad Niya, minsan noong masukol sila sa bagyo. Bagaman, nakita nila Siya, natakot pa rin sila nang kaunti sa Kanya. Hindi sila sigurado kung ano ba talaga Iyon. Sabi nila, “Isa ’yang multo.” At nagsigawan sila. Subalit, sa likod ng lahat, na ’yung tanging pag-asa na maligtas sila ay wala na, kanilang inanyayahan Siya sa dako nila. Oo. Ganun nga, lagi, medyo nagdududa man kayo o hindi. Kapag wala na talagang kapaga-pagasa, magnanais nga kayong anyayahan Siyang pumasok. Oo. Pinapasok nga nila Siya dun, dahil may kailangan sila sa Kanya. Siyanga.

269 Alam n’yo, madalas kong naisip, minsan, siguro ’yun ang dahilan kung bakit dumarating ang mga bagyo. Naisip n’yo na ba ’yung ganun? Naroon lang Siya sa isang dako at nakamasid sa kanila hanggang sa kailanganin nila Siya, at saka Siya dumating sa eksena. Mangyaring, nakikita nating kailangang-kailangan natin Siya ngayon. Nakikita nating paparating na ang bagyo, kapatid. Pumanig na tayo sa Kanya ngayong gabi. Pumanig na tayo sa Kanyang Salita.

Aking—aking—aking tatapusin na rito.

270 Pumanig nga tayo sa Kanya. Tayo na, kayo at ako, kapatid, sumama tayo sa Kanya, ngayong gabi. Paparating na ang bagyo. At huwag n’yo nang hintayin pang lumubog ang maliit na bangka. Papasukin natin Siya sa maliit nating barko ngayon din.

Maaaring malihis ang tingin n’yo at sasabihin, “Hindi ko maunawaan ang lahat ng mga ito, Kapatid na Branham.”

271 Siguraduhin natin na kung magsasalita tayo ay kung anong nasa Salita. Siguraduhin nating kung anuman ’yun ay yaong naipangako nga Niyang gagawin. Maaaring ang dating nun sa iyo ay medyo nakakabahala, kung minsan. Iniisip n’yo, “Oh, naku. Hindi ko maunawaan Iyan.” Subalit darating ang isang araw kapag papaalis na ang buhay n’yong ’yan. Hindi n’yo nga—hindi n’yo nga ’yun ikakasama kung tutuusin. Kapag batid n’yo, sa sarili n’yo, na kailangan n’yo nang bumalik sa Diyos na lumalang sa inyo, hayan nga’t nanaisin n’yo Siyang papasukin. Papasukin na natin Siya ngayon, bago pa tumindi nang mas malala ang bagyo kaysa sa kasalukuyan nitong kalagayan.

272 Nais ko Siyang pumasok dito sa puso ko. Nais ko Siya sa buhay ko nang lubos-lubos, hanggang sa ang buong katauhan

ko'y mapuno; na ang diwa ko, mga pag-iisip ko, ang lahat ng kung sino ako, ay pamahalaan at hawakan ni Cristo Jesus. Nais kong lubos na mapukaw, sa—sa sarili ko, na ang lahat ng aking nalalaman at nakikita ay si Jesus Cristo.

At nais kong lumapit dito sa harap n'yong lahat, kung ipahihintulot ng Diyos ng Langit na mapasainyo itong mga bagay na ito na sinasalita ko. Sa paglapit ko sa inyo, nais kong ang malaman ay si Cristo, ang Siyang napako. Nais kong—nais kong malaman ang kaluwalhatian at mga dakilang kapurihan ng Diyos. Nais kong maupo kapiling kayo, at makinig sa isang ministro na tatayo rito at magbibigay ng papuri sa Diyos, magpapatotoo sa mga bagay na nakita niyang pinangyari sa kanyang iglesya. At 'yung isa, kung anong nakita rin niyang pinangyari sa kanyang iglesya. At 'yung isa naman, kung anong nakita niyang pinangyari sa kanyang iglesya.

²⁷³ Ganyan mismo ang ginawa nila noong araw. Hayan nga't sa tuwing magtitipon-tipon sila at magkikita-kita para magsama-sama, dun sa Mga Gawa 4, nagpapatotoo sila tungkol sa kung anong ginawa ng Diyos sa dakong *ito*, at kung anong ginawa ng Diyos sa dakong *ito*. Na sina Pedro at Juan ay hinagupit. At—at binantaan pa sila. . . kung anong gagawin sa kanila kung mangangaral pa sila sa Pangalan ni Jesus. At nagkatipon sila kasama ng kanilang kasamahan, at nanalangin silang lahat nang may pagkakaisa, at nanalangin sa kalooban ng Diyos, at sinalita ang Kasulatan. “Bakit ang mga bansa ay nangagugulo, at ang mga bayan ay nangag-aakala ng walang kabuluhang bagay?” At nung manalangin nga sila, niyanig ng Espiritu Santo ang lugar kung saan sila nagkakatipon.

²⁷⁴ Ganyang klase ng pagtitipon ang kailangan natin ngayon. Ganyan nga ang kailangan natin ngayon, mga kapatid. Nawa'y magpalakasan tayo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, sa Espiritu ng Diyos, sa kapangyarihan ng Diyos. At atin ngang pagaghiwanagin ang ating mga Ilaw ngayon, nang sa gayon tayo'y maging parang mga Esteban.

²⁷⁵ Nanindigan nga siya roon, nag-iisa, sa harap ng konseho roon ng Sanedrin na nasa kalahating milyong kalalakhian ang bilang, marahil, tumayo siya roon. Bawat isa sa kanila roon ay nanduduro ng daliri ng pagpapatatang sa kanyang mukha. Hayan nga't nung lumabas ang maliit na lalaking 'yun doon, ang sabi dun, “Nagliwanag siyang gaya ng isang anghel.” Hindi ko ibig sabihin dito, 'yung parang, liwanag sa kanyang mukha, na parang ganun. Hindi kailangan ng isang anghel ng liwanag sa kanya. Hayan nga't ang isang anghel ay isang tao o. . . Ang isang anghel ay isang mensahero, isang mensaherong alam kung anong sinasabi niya.

Lumakad siya roon at nagsabi, “Mga lalaki, mga kapatid, at mga magulang, ang ating mga magulang sa Mesopotamia,

sila nga'y inilabas dun, at si Abraham," at ang iba pa, at pati si *Ganito-at-ganoon*. At noong dumako na siya sa masasakit na bahagi, sabi, "Oh, kayong mga matitigas ang ulo, di tuli ang puso't mga tainga, bakit lagi kayong nagsisisalansang sa Espiritu Santo? Kung anong ginawa ng inyong mga magulang noon, ay gayundin naman ang ginagawa ninyo." Alam nga niya kung ano mismo ang tinatayuan niya. Yan ang dahilan kung bakit siya nagliliwanag. Hindi siya natakot nang kahit kaunti man lang. Kilala niya kung Sino ang sinasampalatayanan niya.

²⁷⁶ Kahit nung kumatok ang kamatayan sa pinto ng puso ni San Pablo. [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito—Pat.] Tapos sabi niya, "Nakikilala ko Yaong aking sinampalatayanan, at lubos akong naniniwalang Siya'y makapag-iingat ng aking ipinagkatiwala sa Kanya hanggang sa araw na yaon." Amen.

²⁷⁷ Pagpalain kayo ng Panginoon, mga kapatid. Pasensya na po kung pinanatili ko kayo rito hanggang mag-beinte singko minutos bago mag-alas onse. Alam kong di n'yo kinagawian 'yung ganito. Pasensya na po rito. Subalit sa kabila nun kayo'y naging tunay na magiliw ngayong gabi; walang umalis sa inyo. Naupo kayo at ibinigay ang buong atensyon n'yo.

At nagtitiwala ako't umaasa na, sa aking munting, paputol-putol, na kabadong pananalita, na hayan nga't ang Diyos, ang Espiritu Santo, ay nagbuhos sa isang dako ng isang munting Binhi sa inyong puso, na tatama riyang ang kapangyarihan ng Diyos at Bubuhayin Ito, kagaya lamang ng babae sa may balon, at ng iba pa na itinalaga na nang una pa sa Buhay na Walang Hanggan. Pagpalain kayo ng Diyos.

²⁷⁸ Kapatid na Neville, kayo na po ba ang magtatapos, o ano pa bang gusto n'yong gawin? Paano 'yung? Sige. . . [Sinababi ni Kapatid na Neville, "Mananalangin lang ako."—Pat.]

Iniibig n'yo ba Siya? [Sinababi ng mga kapatiran, "Amen."—Pat.] Paglilingkuran n'yo ba Siya? ["Amen."] Sasampalatayanan n'yo ba Siya? ["Amen."] Amen.

Iniibig n'yo ba Siya? Amen.
Paglilingkuran n'yo ba Siya? Amen.
Sasampalatayanan n'yo ba Siya? Amen.
Amen. Amen.

Nais nating awitin ito. Amen.
Amen. Amen. Amen. Amen.

Ang Biblia ay totoo. Amen.
Sinampalatayan ko Ito. Amen.
Salita ng Diyos Ito. Amen.
Amen. Amen.

Magsitayo tayo.

Amen. Amen. Amen. Amen. Amen.

Panginoon, iniibig Ka namin. Amen.

Amen. Amen. Amen. Amen.

Nananampalataya kaming Ikaw ay darating.

Amen.

Nakahanda na kaming Ikaw ay katagpuin.

Amen.

Pumarito Ka, Panginoong Jesus. Amen.

Amen. Amen.

Dumalangin tayo sa Diyos na itulot tayo na maging pinaka mainam palagi, upang paglingkuran Siya.

Amen. Amen. Amen. Amen. Amen.

Umaasa akong pagpapalain Niya kayo, at pangangalagaan, at iingatan, at magbabantay sa piling natin, at Pag-aalabin kayo sa Kanyang Kaharian, upang gumawa ng mga dakilang gawa, at tulungan ako sa pangangaral sa labas hanggang sa muli nating pagkikita.

Amen. Amen. Amen. Amen. Amen.

Idadalangin ko kayo. Idadalangin n'yo ba ako?

Amen. Amen. Amen. Amen. Amen.

²⁷⁹ Aming Ama, nagkatipon kami ngayong gabi sa Pangalan ng dakilang Panginoong Jesus, ang Pangalang pinakamamahal at pinakasisinta na lahat nami'y iniibig at sinasamba. Nagbabalik tanaw ako kung paanong ang grupo ng mga kalalakihan nung mga nagdaang taon, sa loob ng tatlumpung taon o higit pa, ay nagkatipun-tipon sa munting lumang gusaling ito. Nangaupo nga kami sa tapat ng painitan habang ang aming mga paa'y nagyeyelo sa lamig, halos, nakaupo dun na nakataas ang mga paa sa tapat ng painitan, at nag-uusap tungkol sa Panginoong Jesus.

Hayan nga't inaalala ko ang mga katangi-tanging mga paa na 'yan na minsang tumahak sa lupa, na naupong nakataas ang mga paa roon. Naaalala ko ang kalugod-lugod na Kapatid na Seward, Kapatid na Sparks, Kapatid na George DeArk, at marami pang ibang minamahal na mga kaluluwang minsang naupo na nakatapat ang mga paa sa painitan, na ngayong gabi ay yumao na para katagpuin ang kanilang Panginoon, sila'y nagpapahinga roon sa libingan, naghihintay para sa dakilang pagtawag na 'yun sa Kaitaasan. Nakipagbaka sila ng isang pakikipagbaka. Iningatan nila ang Pananampalataya. Natapos na nila ang takbo. At ngayon naghihintay sila para sa putong ng katuwiran, na ibibigay ng Panginoon na tapat na Hukom sa araw na yaon.

²⁸⁰ Ama, Diyos, nanalangin kami noong inihandog namin itong munting simbahan sa panulukan, at sinabi, "Panginoong Jesus, itulot Mo pong nakatayo pa rin ito at may mga taong paririto hanggang sa hawiin Mo na ang mga alapaap, sa pagdating sa

lihim, na madaliang paglisan ng Iglesia. Diyos, dalangin ko na ang mga kaluluwang dumulog sa altar na ito, mga kaluluwang naglingkod sa Iyo, ang Binhi ng Ebanghelyo na naihasik nang pabalik-balik, nang pabalik-balik, nang pabalik-balik, sa iba't ibang dako, sa loob ng tatlumpung taon, sumasampalataya nga kaming marami sa mga kalugod-lugod na taong 'yan ay naroon sa Araw na yaon, dahil dito sa mga pagsusumikap naming kahit kapos man ay inilaan namin, upang madala ang Salita sa itinalagang Buhay na naroon. Pinasasalamatang Ka namin para dito. At nagtitiwala, Diyos, ngayong gabi, na walang isa mang narito ngayon ang di paroroon sa Araw na yaon, na natatakpan ng Dugo, nakaangkla kay Jesus. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Nagtitiwala kami sa Kanya.

²⁸¹ Ngayon, magtitipon muli kami rito sa Linggo ng umaga, marami sa amin. At dalangin namin, Diyos, na Iyong katagpuin at iyong pagputul-putulin ang Tinapay ng Buhay para sa amin.

Diyos, inaalala namin sa panalangin si Kapatid na Rudell at ang lugar niya dun, maging ang mga humahayong kasama niya. Samahan Mo ang minamahal na binatang ito, Panginoon, dinadalangin ko po. Habang nakikita ko ang kanyang paglago, nakikita ang mga kabataang lalaking ito, pakiramdam ko sila'y mga Timoteo ko. Idinadalangin ko, Ama, na Iyong pagpapalain si Kapatid na Rudell at ang kanyang ministeryo. Pagpalain Mo si Kapatid na Junie Jackson. Oh Diyos, dumadalangin kami na sumakanya ang Iyong mga pagpapala, kay Kapatid na Crase, kay Kapatid na Snelling, sa isa pang kapatid na humahalili sa kanya, at kay Kapatid na Beeler, at kapatid na lalaki, sa lahat ng mga kapatid na lalaking narito, Panginoon, at kay Kapatid na Neville, at sa bawat isa sa amin, Panginoon. Amin ngang idinadalangin nang lubos-lubos na ang Iyong mga pagpapala ay ipagkaloob sa amin nang may ngiti, upang ang Iyong biyaya ang siyang maging tanging kailangan namin, Panginoon, sa aming pag-usad.

At huwag nawa naming makalimutan ang munting aral na 'yun, ngayong gabi. Bagama't hindi alam ng munting babaing 'yun na nakatayo roon, hindi niya alam kung ano ang magiging kahihinatnan; hayan nga't dapat na bigyang pansin si Jesus, at ibinigay ito nung naturang babae sa Kanya, oo, sa paghuhugas ng Kanyang mga paa. Isang bagay na hindi pinagtutuunan ng pansin na maging yaong mga nag-aangking mga lingkod Niya'y nabigong gawin, at sinisikap pa nilang Siya'y libakin. Subalit ginawan Siya nung babae ng paglilingkod, na hindi umaasa ng gantimpala, at wala nang mas hihigit pa sanang maibibigay.


²⁸² Diyos, gawin din nawa namin ang gayon, na magpursigi nga kaming mainam at gawin ang gawain ng Diyos. Hayan nga't ang tanging inaasam namin, Panginoon, ay ang marinig, sa Araw na 'yun, "Mabuting gawa, mabuti at tapat Kong alipin. Pumasok ka sa kagalakan ng Panginoon na nakahanda sa inyo buhat nang

itatag ang sanlibutan.” Diyos, ipagkaloob Mo po sa amin na mapangyari ’yun, at mapanatili namin ang pakikisama sa isa’t isa. At sumaaamin nawa ang Espiritu Santo at gabayan kami at patnubayan kami sa lahat ng ginagawa namin. At pagkalooban Mo kami ng mahabang buhay, marahil, kung maaari, upang masaksihan ang Pagparito ng Panginoong Jesus. Hinihiling po namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

Blest be the tie that bind
Our hearts in Christian love;
The fellowship of kindred minds
Is like to that Above.

When we asunder part,
Now it gives us inward pain;
But we shall still be joined in heart,
And hope to meet again.

²⁸³ Sinabi ng Biblia, “Nagsiawit sila ng himno at nagsiparoon na.” Pagpalain kayo ng Diyos ngayon, hanggang sa makita ko kayong muli, Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon. Paalam.

²⁸⁴ Jim, hindi pa kita nakakamayan, ngayong gabi. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain kayo ng Panginoon. 

PAGPANIG KAY JESUS TAG62-0601
(Taking Sides With Jesus)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Hunyo 1, 1962, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org